



**L.A. Care**<sup>®</sup>  
*Medi-Cal*

# Handbook ng Miyembro ng L.A. Care Health Plan

Ang kailangan ninyong malaman tungkol sa inyong mga benepisyo

---

Pinagsamang Ebidensya ng Saklaw at Form ng Pagsisiwalat



2020 **Tagalog**

# Iba pang wika at format

---

## Iba pang wika

Makukuha ninyo ang Handbook ng Miyembro na ito at iba pang materyales ng plano nang libre sa iba pang wika. Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Walang bayad ang tawag. Basahin ang Handbook ng Miyembro na ito upang matuto pa tungkol sa mga serbisyo ng tulong sa wika para sa pangangalagang pangkalusugan, gaya ng interpreter at mga serbisyo ng pagsasalin.

---

## Iba pang format

Makukuha ninyo ang impormasyong ito nang libre sa iba pang pantulong na format, gaya ng braille, 18-point na malaking titik at audio. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Walang bayad ang tawag.

---

## Mga serbisyo ng interpreter

Hindi ninyo kailangang gumamit ng kapamilya o kaibigan bilang interpreter. Para sa libreng interpreter, mga linguistic at kultural na serbisyo at tulong na available 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, o upang makuha ang handbook na ito sa ibang wika, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## Iba pang wika at format

- Free language assistance services are available. You can request interpreting or translation services, information in your language or in another format, or auxiliary aids and services. Call L.A. Care at **1-888-839-9909** (TTY 711), 24 hours a day, 7 days a week, including holidays. The call is free.
- Los servicios de asistencia de idiomas están disponibles de forma gratuita. Puede solicitar servicios de traducción e interpretación, información en su idioma o en otro formato, o servicios o dispositivos auxiliares. Llame a L.A. Care al **1-888-839-9909** (TTY 711), las 24 horas del día, los 7 días de la semana, incluso los días festivos. La llamada es gratuita.

- خدمات المساعدة اللغوية متاحة مجانًا. يمكنك طلب خدمات الترجمة الفورية أو الترجمة التحريرية أو معلومات بلغتك أو بتنسيق آخر أو مساعدات وخدمات إضافية. اتصل بـ L.A. Care على الرقم **1-888-839-9909** (TTY 711) على مدار الساعة وطوال أيام الأسبوع، بما في ذلك أيام العطلات. المكالمات مجانية.

- Տրամադրելի են լեզվական օգնության անվճար ծառայություններ: Կարող եք խնդրել բանավոր թարգմանչական կամ թարգմանչական ծառայություններ, Ձեր լեզվով կամ տարբեր ձևաչափով տեղեկություն, կամ օժանդակ օգնություններ և ծառայություններ: Զանգահարեք L.A. Care **1-888-839-9909** համարով (TTY 711), օրը 24 ժամ, շաբաթը 7 օր, ներառյալ տոնական օրերը: Այս հեռախոսազանգն անվճար է:
- 提供免費語言協助服務。您可申請口譯或翻譯服務，您使用之語言版本或其他格式的資訊，或輔助援助和服務。請致電 L.A. Care 電話 **1-888-839-9909** (TTY 711)，服務時間為每週 7 天，每天 24 小時（包含假日）。上述電話均為免費。

- خدمات رایگان امداد زبانی موجود می باشد. می توانید برای خدمات ترجمه شفاهی یا کتبی، اطلاعات به زبان خودتان یا فرمت دیگر، یا امدادها و خدمات اضافی درخواست کنید. با L.A. Care به شماره **1-888-839-9909** (TTY 711) در 24 ساعت شبانه روز و 7 روز هفته شامل روزهای تعطیل تماس بگیرید. این تماس رایگان است.

- मुफ्त भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं। आप दुभाषिया या अनुवाद सेवाओं, आपकी भाषा या किसी अन्य प्रारूप में जानकारी, या सहायक उपकरणों और सेवाओं के लिए अनुरोध कर सकते हैं। आप L.A. Care को **1-888-839-9909** (TTY 711) नंबर पर फ़ोन करें, दिन में 24 घंटे, सप्ताह में 7 दिन, छुट्टियों सहित। कॉल मुफ्त है।
- Muaj kev pab txhais lus pub dawb rau koj. Koj tuaj yeem thov kom muab cov ntaub ntawv txhais ua lus lossis txhais ua ntawv rau koj lossis muab txhais ua lwm yam lossis muab khoom pab thiab lwm yam kev pab cuam. Hu rau L.A. Care ntawm tus xov tooj **1-888-839-9909** (TTY 711), tuaj yeem hu tau txhua txhua 24 teev hauv ib hnuv, 7 hnuv hauv ib vij thiab suab nrog cov hnuv so tib si, tus xov tooj no hu dawb xwb.
- 言語支援サービスを無料でご利用いただけます。通訳・翻訳サービス、日本語や他の形式での情報、補助具・サービスをリクエストすることができます。L.A. Careまでフリーダイヤル **1-888-839-9909** (TTY 711)にてご連絡ください。祝休日を含め毎日24時間、年中無休で受け付けています。



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- សេវាជំនួយខាងភាសា គឺមានដោយឥតគិតថ្លៃ។ អ្នកអាចស្នើសុំសេវាកម្រិតប្រែប្រួលមាត់ ឬការបកប្រែ ស្នើសុំព័ត៌មាន ជាភាសាខ្មែរ ឬជាទម្រង់មួយទៀត ឬជំនួយជ្រាមជ្រួង និងសេវា។ ទូរស័ព្ទទៅ L.A. Care តាមលេខ **1-888-839-9909** (TTY 711) បាន 24 ម៉ោងមួយថ្ងៃ 7 ថ្ងៃ មួយអាទិត្យ រួមទាំងថ្ងៃបុណ្យផង។ ការហៅនេះគឺឥតគិតថ្លៃឡើយ។
- 무료 언어 지원 서비스를 이용하실 수 있습니다. 귀하는 통역 또는 번역 서비스, 귀하가 사용하는 언어 또는 기타 다른 형식으로 된 정보 또는 보조 지원 및 서비스 등을 요청하실 수 있습니다. 공휴일을 포함해 주 7 일, 하루 24 시간 동안 L.A. Care, **1-888-839-9909** (TTY 711) 번으로 문의하십시오. 이 전화는 무료로 이용하실 수 있습니다.
- ພາສາອັງກິດ ມີບໍລິການຊ່ວຍເຫຼືອດ້ານພາສາໂດຍບໍ່ເສຍຄ່າ. ທ່ານສາມາດຂໍຮັບບໍລິການນາຍພາສາ ຫຼື ແປພາສາໄດ້, ສໍາລັບຂໍ້ມູນໃນພາສາຂອງທ່ານ ຫຼື ໃນຮູບແບບອື່ນ, ຫຼື ເຄື່ອງມືຊ່ວຍເຫຼືອ ແລະ ບໍລິການເສີມ. ໃຫ້ໂທຫາ L.A. Care ໄດ້ທີ **1-888-839-9909** (TTY 711), 24 ຊົ່ວໂມງຕໍ່ມື້, 7 ມື້ຕໍ່ອາທິດ, ວອມເຖິງວັນພັກຕ່າງໆ. ການໂທແມ່ນບໍ່ເສຍຄ່າ.
- ਮੁਫਤ ਭਾਸ਼ਾ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾਵਾਂ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਤੁਸੀਂ ਦੁਆਰੀਆਂ ਜਾਂ ਅਨੁਵਾਦ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਜਾਂ ਕਿਸੇ ਹੋਰ ਫੋਰਮੈਟ ਵਿੱਚ ਜਾਣਕਾਰੀ, ਜਾਂ ਸਹਾਇਕ ਉਪਕਰਣਾਂ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ ਲਈ ਬੇਨਤੀ ਕਰ ਸਕਦੇ ਹੋ। L.A. Care ਨੂੰ **1-888-839-9909** (TTY 711) ਨੰਬਰ ਉੱਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ, ਇੱਕ ਦਿਨ ਵਿੱਚ 24 ਘੰਟੇ, ਹਫ਼ਤੇ ਵਿੱਚ 7 ਦਿਨ, ਛੁੱਟੀਆਂ ਸਮੇਤ। ਕਾਲ ਮੁਫਤ ਹੈ।
- Мы предоставляем бесплатные услуги перевода. У вас есть возможность подать запрос о предоставлении услуг устного и письменного перевода, информации на вашем языке или в другом формате, а также вспомогательных средств и услуг. Звоните в L.A. Care по телефону **1-888-839-9909** (TTY 711). Мы работаем круглосуточно, без выходных и праздничных дней. Звонок бесплатный.
- Available ang mga libreng serbisyo ng tulong sa wika. Maaari kang humiling ng mga serbisyo ng pag-interpret o pagsasalang-wika, impormasyon na nasa iyong wika o nasa ibang format, o mga karagdagang tulong at serbisyo. Tawagan ang L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga holiday. Libre ang tawag.
- มีบริการช่วยเหลือภาษาฟรี คุณสามารถขอรับบริการการแปลหรือล่าม ข้อมูลในภาษาของคุณหรือในรูปแบบอื่น หรือความช่วยเหลือและบริการเสริมต่าง ๆ ได้ โทร L.A. Care ที่ **1-888-839-9909** (TTY 711) ตลอด 24 ชั่วโมง 7 วันต่อสัปดาห์รวมทั้งวันหยุด โทรฟรี
- Có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho quý vị. Quý vị có thể yêu cầu dịch vụ biên dịch hoặc phiên dịch, thông tin bằng ngôn ngữ của quý vị hoặc bằng các định dạng khác, hay các dịch vụ và thiết bị hỗ trợ ngôn ngữ. Xin vui lòng gọi L.A. Care tại **1-888-839-9909** (TTY 711), 24 giờ một ngày, 7 ngày một tuần, kể cả ngày lễ. Cuộc gọi này miễn phí.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

# Abiso ng hindi pandidiskrimina

Ang pandidiskrimina ay labag sa batas. Sumusunod ang L.A. Care sa mga pang-estado at pederal na batas sa mga karapatang sibil. Hindi ginagawa ng L.A. Care ang labag sa batas na pandidiskrimina, pagbubukod ng mga tao o pagtrato nang iba sa kanila dahil sa biyolohikal na kasarian, lahi, kulay, relihiyon, angkan, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat-etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, kinikilalang kasarian, o sekswal na oryentasyon.

Nagbibigay ang L.A. Care ng:

- Mga libreng suporta at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang mas mapahusay ang kanilang pakikipag-ugnayan, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter ng wikang pasenyas
  - Nakasulat na impormasyong nasa iba pang format (malaking titik, audio, naa-access na elektronikong format, at iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika para sa mga taong hindi English ang pangunahing wika, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika

Kung kailangan ninyo ang mga serbisyonang ito, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Paano maghain ng karaingan

Kung naniniwala kayong nabigo ang L.A. Care na ibigay ang mga serbisyonang ito o labag sa batas itong nandiskrimina sa ibang paraan batay sa biyolohikal na kasarian, lahi, kulay, relihiyon, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, kinikilalang kasarian, o sekswal na oryentasyon, maaari kayong maghain ng karaingan sa Coordinator ng Mga Karapatang Sibil ng L.A. Care. Maaari kayong maghain ng karaingan nang personal, sa pamamagitan ng sulat, sa pamamagitan ng pagtawag, o sa pamamagitan ng email.

Civil Rights Coordinator  
c/o Compliance Department  
1055 West 7<sup>th</sup> Street, 10<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017  
(213) 694-1250 ext. 6758 (TTY 711)  
Email: [civilrightscordinator@lacare.org](mailto:civilrightscordinator@lacare.org)



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghahain ng karaingan, matutulungan kayo ng Coordinator ng Mga Karapatang Sibil ng L.A. Care.

Maaari kayong maghain ng reklamo hinggil sa mga karapatang sibil sa Office of Civil Rights ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan California (California Department of Health Care Services) sa pamamagitan ng pagsulat, sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, o sa pamamagitan ng email:

Deputy Director, Office of Civil Rights  
Department of Health Care Services  
Office of Civil Rights  
P.O. Box 997413, MS 0009  
Sacramento, CA 95899-7413  
**1-916-440-7370** (TTY **711** California State Relay)  
Email: **CivilRights@dhcs.ca.gov**

Makakakuha kayo ng mga form ng reklamo sa **[dhcs.ca.gov/Pages/Language\\_Access.aspx](https://dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx)**.

Kung naniniwala kayong diniskrimina kayo dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o biyolohikal na kasarian, maaari din kayong maghain ng reklamo hinggil sa karapatang sibil sa Office of Civil Rights ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao (Department of Health and Human Services) ng U.S. sa sulat, sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o online:

U.S. Department of Health and Human Services  
200 Independence Avenue, SW  
Room 509F, HHH Building  
Washington, D.C. 20201  
**1-800-368-1019** (TTY **1-800-537-7697**)  
Complaint Portal: **[ocrportal.hhs.gov/ocr/cp/wizard\\_cp.jsf](https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp/wizard_cp.jsf)**

Makakakuha kayo ng mga form ng reklamo sa **[hhs.gov/ocr/office/file/index.html](https://hhs.gov/ocr/office/file/index.html)**.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[lacare.org](https://lacare.org)**.

# Welcome sa L.A. Care!

Salamat sa pagsali sa L.A. Care Health Plan (L.A. Care). Ang L.A. Care ay isang planong pangkalusugan para sa mga taong may Medi-Cal. Ang L.A. Care ay tinatawag ding Local Initiative Health Authority for Los Angeles County. Pero maaari ninyo kaming tawagin na “L.A. Care.” Nakikipagtulungan ang L.A. Care sa Estado ng California upang matulungan kayong makuha ang pangangalagang pangkalusugang kailangan ninyo. Ang L.A. Care ay isang lokal na pampublikong entity. Sa katunayan, kami ang pinakamalaking pampublikong pinapatakabong planong pangkalusugan sa nasyon. Naglilingkod kami sa mga taong naninirahan sa Los Angeles County (na tinatawag na aming “lugar ng serbisyo”). Nakikipagtulungan din ang L.A. Care sa apat (4) na Partner ng Planong Pangkalusugan (ang L.A. Care ay itinuturing ding isang “Partner ng Planong Pangkalusugan”) upang magbigay ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa aming mga miyembro. Kapag sumali ang isang miyembro ng Medi-Cal sa L.A. Care, maaaring piliin ng miyembrong makatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng anumang Partner ng Planong Pangkalusugan na nakalista sa ibaba hangga’t available ang piniling plano.

- Anthem Blue Cross
- Blue Shield of California Promise Health Plan
- Kaiser Permanente
- L.A. Care Health Plan

---

## Handbook ng Miyembro

Sinasabi ng Handbook ng Miyembrong ito sa inyo ang tungkol sa inyong saklaw sa ilalim ng L.A. Care. Mangyaring basahin ito nang mabuti at buo. Matutulungan kayo nitong maunawaan at magamit ang inyong mga benepisyo at serbisyo. Ipinapaliwanag din nito ang inyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng L.A. Care. Kung mayroon kayong mga espesyal na pangangailangang pangkalusugan, tiyaking basahin ang lahat ng seksyong nalalapat sa inyo.

Ang Handbook ng Miyembro na ito ay tinatawag ding Pinagsamang Ebidensya ng Saklaw (Evidence of Coverage, EOC) at Form ng Pagsisiwalat. Ito ay isang buod ng mga panuntunan at patakaran ng L.A. Care at nakabatay sa kontrata sa pagitan ng L.A. Care at Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS). Kung gusto ninyong matutunan ang mga eksaktong panuntunan at kondisyon ng saklaw, maaari kayong humiling ng kopya ng kumpletong kontrata mula sa L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) upang humiling ng kopya ng kontrata sa pagitan ng L.A. Care at DHCS. Maaari din kayong humingi ng isa pang kopya ng Handbook ng Miyembro nang libre para sa inyo o bisitahin ang website ng L.A. Care sa **lacare.org** upang tingnan ang Handbook ng Miyembro. Maaari din kayong humiling, nang libre, ng kopya ng mga hindi-pampribadong klinikal at administratibong patakaran at pamamaraan, o ng paraan ng pag-access sa impormasyong ito sa website ng L.A. Care.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## Makipag-ugnayan sa amin

Narito ang L.A. Care upang tumulong. Kung mayroong kayong mga tanong, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag.

Maaari din kayong bumisita online anumang oras sa **lacare.org**.

Maraming salamat,  
L.A. Care Health Plan  
1055 West 7<sup>th</sup> Street, 10<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.



# Talaan ng mga nilalaman

<b>Iba pang wika at format .....</b>	<b>1</b>
Iba pang wika .....	1
Iba pang format.....	1
Mga serbisyo ng interpreter.....	1
<b>Abiso ng hindi pandiskrimina.....</b>	<b>4</b>
<b>Welcome sa L.A. Care!.....</b>	<b>6</b>
Handbook ng Miyembro .....	6
Makipag-ugnayan sa amin .....	7
<b>Talaan ng mga nilalaman .....</b>	<b>8</b>
<b>1. Pagsisimula bilang isang miyembro .....</b>	<b>10</b>
Paano humingi ng tulong .....	10
Sino ang maaaring maging miyembro .....	10
Mga identification (ID) card.....	11
Mga paraan upang makibahagi bilang miyembro .....	12
<b>2. Tungkol sa inyong planong pangkalusugan .....</b>	<b>13</b>
Buod ng planong pangkalusugan .....	13
Paano gumagana ang inyong plano.....	14
Pagpapalit ng mga planong pangkalusugan .....	14
Pagpapatuloy ng pangangalaga .....	16
Mga gastusin .....	18
<b>3. Paano makakuha ng pangangalaga .....</b>	<b>20</b>
Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.....	20
Saan kukuha ng pangangalaga .....	25
Moral na pagtutol .....	25
Network ng provider.....	26
Provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) .....	29



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

<b>4. Mga benepisyo at serbisyo .....</b>	<b>37</b>
Ang sinasaklaw ng inyong planong pangkalusugan.....	37
Mga benepisyo sa Medi-Cal .....	38
Mga benepisyo sa Inisyatiba sa Pinangangasiwaang Pangangalaga .....	53
Ang hindi sinasaklaw ng inyong planong pangkalusugan .....	54
Mga serbisyong hindi ninyo maaaring makuha sa pamamagitan ng L.A. Care o Medi-Cal .....	55
Iba pang programa at serbisyo para sa mga taong may Medi-Cal .....	57
Pagsasaayos ng pangangalaga.....	59
Pagtataya ng mga bago at umiiral na teknolohiya .....	61
<b>5. Mga karapatan at responsibilidad .....</b>	<b>62</b>
Ang inyong mga karapatan.....	62
Ang inyong mga responsibilidad.....	64
Abiso sa mga kasanayan sa pagkapribado.....	64
Abiso tungkol sa mga batas.....	72
Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang panghuling tagabayad .....	72
Abiso tungkol sa pagsasamsam ng ari-arian .....	73
Abiso ng Pagkilos.....	73
<b>6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema .....</b>	<b>74</b>
Mga Reklamo.....	75
Mga apela .....	76
Ano ang dapat gawin kung hindi kayo sumasang-ayon sa mga pasya sa apela.....	77
Independent Medical Review (IMR) .....	77
Mga Pagdinig ng Estado .....	78
Pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso.....	79
<b>7. Mga mahalagang numero at salita na dapat malaman.....</b>	<b>81</b>
Mahahalagang numero ng telepono .....	81
Mga salitang dapat malaman .....	84
<b>8. Mga tip para sa mga miyembro ng L.A. Care .....</b>	<b>96</b>



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711).  
 Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
 Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

# 1. Pagsisimula bilang isang miyembro

---

## Paano humingi ng tulong

Gusto ng L.A. Care na maging masaya kayo sa inyong pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kayong anumang tanong o alalahanin tungkol sa inyong pangangalaga, gusto ng L.A. Care na makibalita sa inyo!

## Mga serbisyo sa miyembro

Narito ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care upang tulungan kayo. Magagawa ng L.A. Care na:

- Sumagot ng mga tanong tungkol sa inyong pangangalagang pangkalusugan at mga saklaw na serbisyo
- Tulungan kayong pumili o magpalit ng provider ng pangunahing pangangalaga (Primary Care Provider, PCP)
- Sabihin sa inyo kung saan kukunin ang pangangalagang kailangan ninyo
- Mag-alok ng mga serbisyo ng interpreter kung hindi kayo nagsasalita ng English
- Mag-alok ng impormasyon sa iba pang wika at format
- Mag-alok ng bagong kapalit na ID card
- Sumagot ng mga tanong tungkol sa isang bill mula sa isang provider
- Sumagot ng mga tanong tungkol sa mga problemang hindi ninyo kayang lutasin
- Tumulong sa pag-iiskedyul ng transportasyon

Kung kailangan ninyo ng tulong, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag.

Maaari din kayong bumisita online anumang oras sa **lacare.org**.

---

## Sino ang maaaring maging miyembro

Kwalipikado kayo para sa L.A. Care dahil kwalipikado kayo para sa Medi-Cal at naninirahan kayo sa Los Angeles County. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa inyong saklaw sa Medi-Cal o tungkol sa kung kailan ninyo kailangang i-renew ang inyong Medi-Cal, mangyaring tawagan ang inyong tagapaglakad ng kaso sa Medi-Cal. Maaari din ninyong tawagan ang Departamento ng Mga Pampublikong Serbisyonang Panlipunan (Department of Public Social Services) ng Los Angeles County sa **1-866-613-3777**. Maaari din



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

kayong maging kwalipikado para sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Social Security. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa Social Security o Supplemental Security Income, tawagan ang Social Security Administration sa **1-800-772-1213**.

Para sa mga tanong tungkol sa pagpapatala, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077**). O bisitahin ang **healthcareoptions.dhcs.ca.gov**.

### Transitional na Medi-Cal



Ang Transitional na Medi-Cal ay tinatawag ding “Medi-Cal para sa mga nagtatrabaho.” Makakakuha kayo ng transitional na Medi-Cal kung hihinto kayo sa pagkuha ng Medi-Cal dahil:

- Nagsimula kayong kumita ng mas malaking pera.
- Nagsimula nang makatanggap ang inyong pamilya ng mas maraming suporta para sa anak o asawa.

Maaari kayong magtanong tungkol sa pagiging kwalipikado sa Medi-Cal sa inyong lokal na tanggapan ng mga serbisyo para sa kalusugan at tao ng county. Hanapin ang inyong lokal na tanggapan sa **dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx** o tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077**).

## Mga identification (ID) card

Bilang miyembro ng L.A. Care, makakakuha kayo ng ID card ng L.A. Care. Dapat ninyong ipakita ang inyong ID card ng L.A. Care at ang inyong Identification Card para sa Mga Benepisyo (Benefits Identification Card, BIC) ng Medi-Cal kapag kukuha kayo ng anumang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o reseta. Dapat ninyong dalhin ang lahat ng inyong health card sa lahat ng oras. Narito ang isang halimbawa ng ID card ng L.A. Care upang ipakita sa inyo kung ano ang magiging hitsura ng inyo:



Kung hindi ninyo makukuha ang inyong ID card ng L.A. Care sa loob ng ilang linggo pagkatapos magpatala o kung nasira, nawala, o ninakaw ang inyong card, tawagan kaagad ang **Mga Serbisyo sa Miyembro**. Papadalhan kayo ng L.A. Care ng bagong card nang libre. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## Mga paraan upang makibahagi bilang miyembro

Gusto ng L.A. Care na makibalita sa inyo. Bawat buwan, mayroong mga pagpupulong ang L.A. Care upang mag-usap tungkol sa kung ano ang mahusay na gumagana at paano pa mapapahusay ang L.A. Care. Iniimbitahan ang mga miyembrong dumalo. Pumunta sa isang pulong!

### Mga Panrehiyong Tagapayong Komite ng Komunidad ng L.A. Care

Mayroong labing-isang Panrehiyong Tagapayong Komite ng Komunidad (Regional Community Advisory Committee, RCAC) ang L.A. Care sa Los Angeles County (ang RCAC ay binibigkas na “rack”). Ang grupong ito ay binubuo ng mga miyembro, provider, at tagapagtaguyod ng pangangalagang pangkalusugan. Ang layunin nila ay iparating ang tinig ng mga komunidad sa Board of Governors ng L.A. Care, na gumagabay sa mga programa ng pangangalagang pangkalusugan upang paglingkuran ang aming mga miyembro. Boluntaryo ang pagsali sa grupo. Ang grupo ay nag-uusap tungkol sa kung paano pahasayin ang mga patakaran ng L.A. Care at siyang responsable para sa:

- Pagtulong sa L.A. Care na maunawaan ang mga usapin sa pangangalagang pangkalusugang nakakaapekto sa mga taong naninirahan sa inyong lugar
- Pagganap bilang mga mata at tainga ng L.A. Care sa 11 rehiyon ng RCAC sa buong Los Angeles County
- Pagbibigay ng impormasyong pangkalusugan sa mga tao sa inyong komunidad

Kung gusto ninyong maging bahagi ng grupong ito, tumawag sa **1-888-522-2732**. Makakahanap din kayo ng higit pang impormasyon online sa **lacare.org**.

### Mga pagpupulong ng Board of Governors ng L.A. Care

Ang Board of Governors ang nagpapasya sa mga patakaran para sa L.A. Care. Maaaring dumalo ang sinuman sa mga pulong. Nagkikita ang Board of Governors sa unang Huwebes ng bawat buwan nang 2 p.m. Makakakita kayo ng higit pang impormasyon tungkol sa mga pagpupulong ng Board of Governors sa **lacare.org**.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

# 2. Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

---

## Buod ng planong pangkalusugan

Ang L.A. Care ay isang planong pangkalusugan para sa mga taong may Medi-Cal sa Los Angeles County. Nakikipagtulungan ang L.A. Care sa Estado ng California upang matulungan kayong makuha ang pangangalagang pangkalusugang kailangan ninyo.

Maaari kayong makipag-usap sa isa sa mga kinatawan ng **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care upang matuto pa tungkol sa planong pangkalusugan at paano ito maiaangkop para sa inyo. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY 711).

## Kailan magsisimula at matatapos ang inyong saklaw

Kapag nagpatala kayo sa L.A. Care, dapat kayong makatanggap ng ID card ng miyembro ng L.A. Care sa loob ng dalawang linggo ng pagpapatala. Mangyaring ipakita ang card na ito sa tuwing kukuha kayo ng anumang serbisyo sa ilalim ng L.A. Care.

Magkakaroon ng bisa ang pagsaklaw sa unang araw ng buwan pagkatapos makumpleto ang pagpapatala sa isang planong pangkalusugan. Tingnan ang ID card ng miyembro ng L.A. Care na ipinadala sa inyo para sa petsa ng pagsisimula ng pagsaklaw ng insurance.

Maaari ninyong hilinging wakasan ang inyong saklaw sa L.A. Care at pumili ng ibang planong pangkalusugan anumang oras. Para sa tulong sa pagpili ng bagong plano, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077**). O bisitahin ang **healthcareoptions.dhcs.ca.gov**. Maaari din ninyong hilinging wakasan ang inyong Medi-Cal.

Kung minsan, hindi na kayo mapaglilingkuran ng L.A. Care. Dapat wakasan ng L.A. Care ang inyong saklaw kung:

- Umalis kayo sa county o nasa bilangguan
- Wala na kayong Medi-Cal
- Kwalipikado kayo para sa ilang programa ng pagtalikdan
- Kailangan ninyo ng transplant ng pangunahing organ ng katawan (hindi kabilang ang mga transplant ng kidney at cornea)
- Mayroon kayong iba pang saklaw sa kalusugan na hindi itinataguyod o itinataguyod ng gobyerno



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

### Indian Health Services

Kung kayo ay American Indian, may karapatan kayong makatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga pasilidad ng serbisyo sa kalusugan para sa Indian. Maaari din kayong manatili o umalis sa L.A. Care habang tumatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa mga lokasyong ito. Ang mga American Indian ay may karapatang huwag magpatala sa isang plano ng pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal o maaaring iwan ang kanilang mga planong pangkalusugan at bumalik sa regular (Fee-For-service) na Medi-Cal anumang oras at para sa anumang dahilan.

Upang matuto nang higit pa, mangyaring tawagan ang Indian Health Services sa **1-916-930-3927** o bisitahin ang website ng Indian Health Services sa **ih.gov**.

---

### Paano gumagana ang inyong plano

Ang L.A. Care ay isang planong pangkalusugang nakakontrata sa DHCS. Ang L.A. Care ay isang planong pangkalusugan ng pinapamahalaang pangangalaga. Ang mga plano ng pinapamahalaang pangangalaga ay isang angkop ang halagang paggamit ng mga pinagkukunan ng pangangalagang pangkalusugang nagpapahusay sa access sa pangangalagang pangkalusugan at tumitiyak ng kalidad ng pangangalaga. Nakikipagtulungan ang L.A. Care sa mga doktor, ospital, parmasya, at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan sa lugar ng serbisyo ng L.A. Care upang magbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa inyo, ang miyembro.

Sasabihin sa inyo ng isang kinatawan ng **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care kung paano gumagana ang L.A. Care, paano makuha ang pangangalagang kailangan ninyo, paano mag-iskedyul ng mga appointment sa provider, at paano malaman kung kwalipikado kayo para sa mga serbisyo ng transportasyon.

Upang matuto pa, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Makakakita din kayo ng impormasyon sa serbisyo sa miyembro online sa **lacare.org**.

---

### Pagpapalit ng mga planong pangkalusugan

Maaari kayong umalis sa L.A. Care at sumali sa ibang planong pangkalusugan anumang oras. Tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077**) upang pumili ng bagong plano. Maaari kayong tumawag mula 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes. O bisitahin ang **healthcareoptions.dhcs.ca.gov**. Maaari din ninyong tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) para sa tulong tungkol sa paano magpalit ng planong pangkalusugan.

Umaabot ng hanggang 45 araw ang pagproseso ng inyong kahilingang umalis sa L.A. Care. Upang alamin kung kailan inaprubahan ng Health Care Options ang inyong kahilingan, tumawag sa **1-800-430-4263**. Kung gusto ninyong umalis sa lalong madaling panahon sa L.A. Care, maaari kayong humiling sa Health Care Options ng pinabilis (mabilis) na pag-alis sa pagkakatala. Kung ang dahilan para sa inyong kahilingan ay

---



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

makakatugon sa mga patakaran para sa pinabilis na pag-alis sa pagkakatala, makakatanggap kayo ng sulat upang sabihin sa inyong inalis na kayo sa pagkakatala.

Kabilang sa mga benepisyaryong maaaring humiling ng pinabilis na pag-alis sa pagkakatala ang, pero hindi limitado sa, mga batang tumatanggap ng mga serbisyo sa ilalim ng mga programang Foster Care o programang Tumutulong sa Pag-ampon, pero hindi limitado sa mga transplant ng pangunahing organ; at mga miyembrong nakatala na sa ibang plano ng Medi-Cal, Medicare, o komersyal na plano ng pinapamahalaang pangangalaga.

Maaari ninyong hilinging umalis sa L.A. Care nang personal sa inyong lokal na tanggapan ng mga serbisyo para sa kalusugan at tao ng county. Hanapin ang inyong lokal na tanggapan sa [dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx](https://dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx). O tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077**). Maaari din ninyong tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) para sa tulong tungkol sa paano magpalit ng planong pangkalusugan.

### **Mga estudyante sa kolehiyo na lumipat sa bagong county**

Kung lilipat kayo sa isang bagong county sa California upang magkolehiyo, sasaklawin ng L.A. Care ang mga pang-emergency na serbisyo sa inyong bagong county. Available ang mga pang-emergency na serbisyo sa lahat ng nagpatala sa Medi-Cal sa buong estado anuman ang tinitirahang county.

Kung nakatala kayo sa Medi-Cal at magkokolehiyo sa ibang county, hindi ninyo kailangang mag-apply para sa Medi-Cal sa county na iyon. Hindi kailangan ng bagong aplikasyon sa Medi-Cal hangga't wala pa kayong 21 taong gulang, panandalian lang na wala sa tirahan at patuloy pa ding itinuturing na dependent sa buwis sa sambahayan.

Kapag panandalian kayong umalis sa tirahan upang magkolehiyo, mayroong dalawang opsyong available sa inyo. Maaari ninyong:

- Abisuhan ang inyong lokal na tanggapan ng mga serbisyong panlipunan ng county na pandalian kayong lilipat upang magkolehiyo at ibigay ang inyong address sa bagong county. I-update ng county ang mga talaan ng kaso gamit ang inyong bagong address at code ng county sa database ng Estado. Kung hindi nagpapatakbo ang L.A. Care sa bagong county, kakailanganin ninyong baguhin ang inyong planong pangkalusugan sa mga available na opsyon sa bagong county. Para sa mga tanong at upang maiwasan ang anumang pagkaantala sa pagpapatala sa bagong planong pangkalusugan, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077**).

#### **O**

- Piliing huwag baguhin ang inyong planong pangkalusugan kapag panandalian kayong lumipat upang magkolehiyo sa ibang county. Ang mga serbisyo sa emergency room lang sa bagong county ang maa-access ninyo. Para sa karaniwang pangangalang pagkalusugan o pangangalagang pangkalusugan na pang-iwas sa sakit, kakailanganin ninyong gamitin ang regular na network ng mga provider ng L.A. Care na nasa tinitirahang county ng pinuno ng sambahayan.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](https://lacare.org).



## Pagpapatuloy ng pangangalaga

Kung pupunta na kayo ngayon sa mga provider na wala sa network ng L.A. Care, sa ilang partikular na kaso ay maaari kayong makakuha ng pagpapatuloy ng pangangalaga at makapunta sa kanila nang hanggang 12 buwan. Kung hindi sasali ang inyong mga provider sa network ng L.A. Care sa katapusan ng 12 buwan, kakailanganin ninyong lumipat sa mga provider sa network ng L.A. Care. Maaari kayong magpatuloy na magpatingin sa inyong mga provider kapag natutugunan ang lahat ng sumusunod na kondisyon:

- Natukoy ng L.A. Care na mayroon kayong umiiral na ugnayan sa inyong wala sa network na provider. Ang ibig sabihin ng umiiral na ugnayan ay nakapagpatingin na kayo sa wala sa network na PCP o espesyalista nang kahit isang beses sa loob ng 12 buwan bago ang petsa ng una ninyong pagpapatala sa L.A. Care para sa hindi pang-emergency na pagbisita; at,
- Pumayag ang inyong wala sa network na provider na tanggapin alinman ang mas mataas sa mga rate ng kontrata ng L.A. Care o sa mga rate ng fee for service (FFS) ng Medi-Cal; at,
- Natutugunan ng inyong wala sa network na provider ang mga naaangkop na propesyonal na pamantayan ng L.A. Care at wala itong mga isyu sa pagbabalewala sa kalidad ng pangangalaga; at,
- Ang inyong wala sa network na provider ay isang provider na inaprubahan ng plano ng estado ng California; at,
- Tinutustusan ng provider ang L.A. Care ng kaugnay na impormasyon sa paggamot.

Ang mga miyembro, ang kanilang mga awtorisadong kinatawan, o provider ay maaaring direktang gumawa ng kahilingan para sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa L.A. Care sa sulat o gamit ang telepono sa pamamagitan ng pagtawag sa **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

**Sa anumang oras, maaaring palitan ng isang miyembro ang provider ng provider na nasa network ng L.A. Care.**

### Mga provider na aalis sa L.A. Care

Kung titigil makipagtulungan ang inyong provider sa L.A. Care, maaaring patuloy pa rin kayong makatanggap ng mga serbisyo mula sa provider na iyon. Ito ay isa pang anyo ng pagpapatuloy ng pangangalaga. Nagbibigay ang L.A. Care ng mga serbisyo sa pagpapatuloy ng pangangalaga para sa:

- Mga Malalang Kondisyon: Isang medikal na kondisyong may kasamang biglaang paglitaw ng mga sintomas dahil sa isang sakit, pinsala, o iba pang medikal na problemang nangangailangan ng maagap na medikal na atensyon at may limitadong tagal. Ang pagpapatuloy ng pangangalaga ay ibinibigay para sa tagal ng malalang kondisyon.
- Mga Hindi Gumagaling na Kondisyon: Isang medikal na kondisyon, karaniwang mabagal ang pagsulong at matagal ang pagpapatuloy, at bukod pa sa isang seryoso at hindi gumagaling na kondisyon, nangangailangan ito ng nagpapatuloy na pangangalaga. Ibinibigay ang pagpapatuloy ng pangangalaga para sa tagal ng hindi gumagaling na kondisyon, pero hindi lalagpas sa 90 araw mula sa petsa ng pagtatapos ng kontrata.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- **Mga Seryoso at Hindi Gumagaling na Kondisyon:** Isang medikal na kondisyong dahil sa isang sakit, karamdaman, o iba pang medikal na problemang likas na seryoso at nagpapatuloy nang walang ganap na lunas o lumalala sa paglipas ng pinalawig na yugto ng panahon o nangangailangan ng nagpapatuloy na paggamot upang panatilihin ang remisyon o iwasan ang paglala. Ibibigay ang pagbuo ng mga serbisyo para sa panahong kinakailangang wakasan ang paggamot at magsaayos para sa isang ligtas na paglilipat sa ibang provider, gaya ng tinukoy ng L.A. Care sa pagsangguni sa miyembro at sa hindi-kalahok na nasa network na provider. Ibinibigay ang pagpapatuloy ng pangangalaga para sa tagal ng hindi gumagaling na kondisyon, pero hindi lalagpas sa 12 buwan mula sa petsa ng pagwawakas ng kontrata o 12 buwan mula sa petsa ng simula ng saklaw.
- **Pagbubuntis:** Ibinibigay ang pagpapatuloy ng pangangalaga sa tatlong trimester ng pagbubuntis (ibig sabihin, sa tagal ng pagbubuntis) at sa kasunod na yugto ng postpartum.
- **Sakit na Nagtataning sa Buhay:** Medikal na kondisyon ng isang indibidwal na pinatunayan ng doktor, na nagreresulta sa isang prognosis ng buhay ng isang taon o mas mababa, kung magpapatuloy ang sakit sa natural nitong takbo. Ibibigay ang pagkumpleto sa mga saklaw na serbisyo para sa tagal ng sakit na nagtataning sa buhay.
- **Pangangalaga sa Bagong Panganak na Bata:** Mula sa pagkapanganak hanggang sa edad na 36 na buwan, ibinibigay ang pagpapatuloy ng pangangalaga, pero hindi lalagpas sa 12 buwan mula sa petsa ng pagtatapos ng kontrata o 12 buwan mula sa petsa ng simula ng saklaw para sa isang bagong nagpatalang miyembro.
- **Pagsasagawa ng Operasyon o Iba Pang Pamamaraan:** Pinahintulutan ng plano bilang bahagi ng nadokumentong kurso ng paggamot at inirekomenda at idinokumento ng provider upang mangyari sa loob ng 180 araw sa kalendaryo ng petsa ng pagtatapos ng kontrata.
- **Maternal na Kalusugan ng Isip:** Ang mga miyembrong nasa panganib para sa o mayroong kondisyon sa maternal na kalusugan ng isip at mayroong paalala mula sa kanilang doktor o therapist ay maaaring kumpletuhin ang mga saklaw na serbisyo nang hanggang 12 buwan.
- **Malalang Kondisyon ng Kalusugan ng Isip:** Isang kondisyon ng kalusugan ng isip na may kasamang biglaang paglitaw ng mga sintomas na nangangailangan ng agarang atensyon sa kalusugan ng isip at na mayroong limitadong tagal. Panahon ng pagbabago ng 90 araw o sa malalang panahon ng sakit, alinman ang mas maikli, upang ipagpatuloy ang kurso ng paggamot sa hindi-kalahok na espesyalista sa kalusugan ng isip.
- **Seryoso at Hindi Gumagaling na Kondisyon ng Kalusugan ng Isip:** Isang kondisyon ng kalusugan ng isip na likas na seryoso, at nangangailangan ng nagpapatuloy na paggamot upang mapanatili ang remisyon o maiwasan ang paglala. Panahon ng pagbabago ng 90 araw o sa malalang panahon ng sakit, alinman ang mas maikli, upang ipagpatuloy ang kurso ng paggamot sa hindi-kalahok na espesyalista sa kalusugan ng isip. Ibibigay ang pagkumpleto ng mga serbisyo para sa panahong kinakailangang wakasan ang paggamot at upang magsaayos para sa isang ligtas na paglilipat sa ibang provider, gaya ng tinukoy ng L.A. Care sa pagsangguni sa miyembro at sa hindi-kalahok na nasa network na provider.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## 2 | Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

**Hindi** nagbibigay ang L.A. Care ng mga serbisyo ng pagpapatuloy ng pangangalaga kung:

- Ang provider ay hindi pumapayag na patuloy na gamutin ang miyembro o tanggapin ang bayad ng L.A. Care o ang iba pa nitong panuntunan.
- Ang miyembro ay nakatalaga sa isang grupo ng provider, at hindi sa isang indibidwal na provider, at may nagpapatuloy na access sa mga provider sa nakakontratang grupo.
- Pinahinto ng L.A. Care ang isang kontrata batay sa isang pagkilos ng propesyonal na pagsusuri, gaya ng pinakahulugan sa Health Care Quality Improvement Act of 1986 (sinusugan), 42 U.S.C. §11101 et seq., o isang medikal na disciplinaryong sanhi o dahilan gaya ng pinakahulugan sa California Business and Professions Code 805, o dahil sa pandaraya o iba pang kriminal na aktibidad .
- Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyo.
- Ang kahilingan para sa pagpapatuloy ng pangangalaga ay para sa Matibay na Kagamitang Medikal, transportasyon, iba pang pantulong na serbisyo o mga na-carve out na serbisyo.

Para matuto pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga at mga kwalipikasyon sa pagiging karapat-dapat, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

---

## Mga gastusin

### Mga gastusin ng miyembro

Pinaglilingkuran ng L.A. Care ang mga taong kwalipikado para sa Medi-Cal. **Hindi** kailangang magbayad ng mga miyembro ng L.A. Care para sa mga saklaw na serbisyo. Hindi kayo magkakaroon ng mga premium o nababawas. Para sa listahan ng mga saklaw na serbisyo, pumunta sa “Mga benepisyo at serbisyo.”

### Para sa mga miyembrong may bahagi sa gastusin

Maaaring kailanganin ninyong magbayad ng bahagi sa gastusin bawat buwan. Ang halaga ng inyong bahagi sa gastusin ay nakadepende sa inyong kita at mga mapagkukunan. Bawat buwan ay babayaran ninyo ang inyong mga sariling medikal na bill hanggang matumbasan ng halagang binayaran ninyo ang inyong bahagi sa gastusin. Pagkatapos nito, sasaklawin ng L.A. Care ang inyong pangangalaga para sa buwang iyon. Hindi kayo sasaklawin ng L.A. Care hangga’t mabayaran na ninyo ang inyong buong bahagi sa gastusin para sa buwan. Pagkatapos ninyong maabot ang inyong bahagi sa gastusin sa buwan, maaari kayong pumunta sa sinumang doktor ng L.A. Care. Kung kayo ay isang miyembrong may bahagi sa gastusin, hindi ninyo kailangang pumili ng PCP.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## Paano binabayaran ang provider

Binabayaran ng L.A. Care ang mga provider sa mga ganitong paraan:

- Mga capitation na pagbabayad
  - Binabayaran ng L.A. Care ang ilang provider ng nakatakdang halaga ng pera bawat buwan para sa bawat miyembro ng L.A. Care. Tinatawag itong capitation na pagbabayad. Nagtutulungan ang L.A. Care at mga provider upang magpasya tungkol sa halaga ng bayad.
- Mga pagbabayad para sa fee-for-service
  - Nagbibigay ang ilang provider ng pangangalaga sa mga miyembro ng L.A. Care at pagkatapos ay nagpapadala sa L.A. Care ng bill para sa mga serbisyong ibinigay nila. Tinatawag itong pagbabayad para sa fee-for-service. Nagtutulungan ang L.A. Care at mga provider upang magpasya kung magkano ang halaga ng bawat serbisyo.

Para matuto pa tungkol sa kung paano binabayaran ng L.A. Care ang mga provider, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Dapat tawagan ng mga provider ang L.A. Care sa **1-866-522-2736** para sa higit pang impormasyon.

## Mga programa ng incentive para sa provider

Mayroong mga programa ng incentive para sa provider ang L.A. Care upang mapahusay ang inyong pangangalaga at inyong karanasan sa mga provider ng L.A. Care. Tumutulong ang mga programang itong mapahusay ang:

- Kalidad ng pangangalaga
- Access sa at availability ng pangangalaga at mga serbisyo
- Mga paggamot na ibinibigay
- Kasiyahan ng miyembro

Upang matuto pa tungkol sa mga programang ito, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

## Paghiling sa L.A. Care na bayaran ang bill

Kung makatanggap kayo ng bill para sa saklaw na serbisyo, tawagan kaagad ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Kung nagbayad kayo para sa isang serbisyong sa tingin ninyo ay dapat saklaw ng L.A. Care, maaari kayong maghain ng claim. Tumawag sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** upang hilingin sa L.A. Care na suriin ang inyong claim upang magpasya kung mababawi ninyo ang inyong bayad.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

# 3. Paano makakuha ng pangangalaga

---

## Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

**MANGYARING BASAHIN ANG SUMUSUNOD NA IMPORMASYON UPANG MALAMAN NINYO KUNG MULA KANINO O SA ANONG GRUPO NG MGA PROVIDER MAAARING MAKUHA ANG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN.**

Maaari kayong magsimulang makatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa inyong petsa ng simula ng pagsaklaw. Laging dalhin ang inyong ID card ng L.A. Care at BIC card ng Medi-Cal. Huwag payagan ang sinumang gamitin ang inyong ID card ng L.A. Care o Identification Card para sa Mga Benepisyo (BIC).

Dapat pumili ang mga bagong miyembro ng provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) sa network ng L.A. Care. Ang network ng L.A. Care ay isang grupo ng mga doktor, ospital, at iba pang provider na nakikipagtulungan sa L.A. Care. Dapat kayong pumili ng PCP sa loob ng 30 araw mula noong maging miyembro kayo sa L.A. Care. Kung hindi kayo pipili ng PCP, pipili ang L.A. Care ng isa para sa inyo.

Maaari ninyong piliin ang parehong PCP o iba't ibang PCP para sa lahat ng miyembro ng pamilya sa L.A. Care.

Kung mayroon kayong doktor na gusto ninyong patuloy na gamitin, o gusto ninyong maghanap ng bagong PCP, maaari kayong tumingin sa Direktoryo ng Provider. May listahan ito ng lahat ng PCP sa network ng L.A. Care. May iba pang impormasyon ang Direktoryo ng Provider upang tulungan kayong pumili ng PCP. Kung kailangan ninyo ng Direktoryo ng Provider, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Makikita din ninyo ang Direktoryo ng Provider sa website ng L.A. Care sa **lacare.org**.

Kung hindi ninyo makuha ang pangangalagang kailangan ninyo mula sa isang kalahok na provider sa network ng L.A. Care, dapat humiling ang inyong PCP sa L.A. Care ng pag-apruba upang papuntahin kayo sa wala sa network na provider.

Basahin ang kabuuan ng kabanatang ito upang matuto pa tungkol sa mga PCP, sa Direktoryo ng Provider, at sa network ng provider.

## Unang pagtatasa ng kalusugan (IHA)

Inirekomenda ng L.A. Care na, bilang isang bagong miyembro, bisitahin ninyo ang inyong bagong PCP sa loob ng unang 120 araw para sa unang pagtatasa ng kalusugan (Initial Health Assessment, IHA). Ang layunin ng IHA ay tulungan ang inyong PCP na malaman ang inyong kasaysayan at mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring kayong tanungin ng inyong PCP tungkol sa kasaysayan ng



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

inyong kalusugan o hilingin sa inyong magsagot ng questionnaire. Ipapaalam din sa inyo ng inyong PCP ang tungkol sa pagpapayo at klase sa edukasyon sa kalusugan na makakatulong sa inyo.

Kapag tumawag kayo para iiskedyul ang inyong appointment ng IHA, sabihin sa taong sasagot sa teleponong kayo ay miyembro ng L.A. Care. Ibigay ang inyong numero ng ID ng L.A. Care.

Dalhin ang inyong BIC card at ang inyong ID card ng L.A. Care sa inyong appointment. Magandang ideya ang magdala ng listahan ng inyong mga gamot at tanong sa inyong pagpapatingin. Maghandang makipag-usap sa inyong PCP tungkol sa inyong mga pangangailangan at alalahanin sa pangangalagang pangkalusugan.

Tiyaking tawagan ang tanggapan ng inyong PCP kung mahuhuli kayo o hindi kayo makakapunta sa inyong appointment.

### Karaniwang pangangalaga

Ang karaniwang pangangalaga ay regular na pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang pangangalagang pang-iwas sa sakit, na tinatawag ding pagpapanatili ng kalusugan o well care. Tinutulungan kayo nitong manatiling malusog at tumutulong na ilayo kayo sa pagkakasakit. Kasama sa pangangalagang pang-iwas sa sakit ang mga regular na pagpapatingin at edukasyon at pagpapayo sa kalusugan. Bilang karagdagan sa pangangalagang pang-iwas sa sakit, kasama rin sa karaniwang pangangalaga ang pangangalaga kapag may sakit kayo. Sinasaklaw ng L.A. Care ang karaniwang pangangalaga mula sa inyong PCP.

Gagawin ng inyong PCP na:

- Ibigay sa inyo ang lahat ng inyong karaniwang pangangalaga, kabilang ang mga regular na pagpapatingin, mga bakuna, paggamot, mga reseta, at medikal na payo
- Ingatan ang inyong mga talaan sa kalusugan
- I-refer (papuntahin) kayo sa mga espesyalista kung kinakailangan
- Mag-utos ng mga X-ray, mammogram, o pagsusuri sa laboratoryo kung kailangan ninyo ang mga ito

Kapag kailangan ninyo ng karaniwang pangangalaga, tatawagan ninyo ang inyong PCP para sa appointment. Tiyaking tawagan ang inyong PCP bago ninyo kunin ang inyong pangangalagang medikal, maliban na lang kung isa itong emergency. Para sa emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Para matuto pa tungkol sa pangangalagang pangkalusugan at serbisyong sinasaklaw ng inyong plano at kung ano ang hindi sinasaklaw nito, basahin ang Kabanata 4 sa handbook na ito.

### Agarang pangangalaga

Ang agarang pangangalaga ay **hindi** para sa isang emergency o nakamamatay na kondisyon. Ito ay para sa mga serbisyong kailangan ninyo para iwasan ang seryosong panganib sa inyong kalusugan mula sa



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

### 3 | Paano makakuha ng pangangalaga

biglaang pagkakasakit, pinsala, o kumplikasyon ng kondisyong mayroon na kayo. Ang mga appointment para sa agarang pangangalaga ay nangangailangan ng pangangalaga sa loob ng 48 oras. Kung nasa labas kayo ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care, maaaring masaklaw ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga. Ang mga pangangailangan sa agarang pangangalaga ay maaaring sipon, magang lalamunan, lagnat, pananakit sa tainga, napilay na kalamnan o mga serbisyo sa pagbubuntis.

Para sa agarang pangangalaga, tawagan ang inyong PCP. Kung hindi ninyo matawagan ang inyong PCP, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). O maaari ninyong tawagan ang **Nurse Advice Line** 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga holiday sa **1-800-249-3619** (TTY **711**). Maaari din kayong makipag-chat sa isang nars online nang libre. Mangyaring bistahin ang **lacare.org** at mag-log in sa portal ng miyembro para i-access ang function ng pakikipag-chat sa nars.

Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga. Hindi ninyo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot). Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga sa kalusugan ng isip, tawagan ang Mental Health Plan ng county sa **1-800-854-7771** na available 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para mahanap ang mga walang bayad na numero ng telepono ng lahat ng county online, bisitahin ang **dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx**. Para sa Departamento ng Kalusugan ng Isip ng Los Angeles County bisitahin ang **dmh.lacounty.gov**.

### Pang-emergency na pangangalaga

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER). Para sa pang-emergency na pangangalaga, **hindi** ninyo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot) mula sa L.A. Care.

Ang pang-emergency na pangangalaga ay para sa mga nakamamatay na medikal na kondisyon. Ang pangangalagang ito ay para sa isang sakit o pinsala na maaaring asahan ng makatuwirang taong (hindi propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) may katamtamang kaalaman sa kalusugan at medisina na, kung hindi kayo makakakuha kaagad ng pangangalaga, ang inyong kalusugan (o ang kalusugan ng inyong hindi pa naisisilang na sanggol) ay maaaring malagay sa panganib, o ang isang paggana ng katawan, organ ng katawan o bahagi ng katawan ay maaaring malubhang mapinsala. Kasama sa mga halimbawa ang:

- Paghilab ng tiyan bago manganak
- Baling buto
- Malubhang pananakit, lalo na sa dibdib
- Malalang paso
- Pagka-overdose sa gamot
- Pagkahilo
- Malalang pagdurugo
- Psychiatric na emergency na kondisyon



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

**Huwag pumunta sa ER para sa karaniwang pangangalaga.** Dapat ninyong kunin ang karaniwang pangangalaga mula sa inyong PCP na siyang pinakamabuting nakakaalam ng inyong kondisyon. Kung hindi kayo sigurado kung ang inyong medikal na kondisyon ay isang emergency, tawagan ang inyong PCP. Maaari din ninyong tawagan ang **Nurse Advice Line** ng L.A. Care sa **1-800-249-3619 (TTY 711)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Kung kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga habang malayo sa bahay, pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER), kahit na wala ito sa network ng L.A. Care. Kung pupunta kayo sa ER, hilingin sa kanilang tawagan ang L.A. Care. Dapat ay tawagan ninyo o ng ospital kung saan kayo ipinasok ang L.A. Care sa loob ng 24 na oras pagkatapos ninyong matanggap ang agarang pangangalaga. Kung nagbibiyaha kayo sa labas ng U.S., bukod pa sa papunta sa Canada o Mexico, at nangangailangan kayo ng pang-emergency na pangangalaga, **hindi** sasaklawin ng L.A. Care ang inyong pangangalaga.

Kung kailangan ninyo ng pang-emergency na transportasyon, tumawag sa **911**. Hindi ninyo kailangang magtanong muna sa inyong PCP o L.A. Care bago kayo pumunta sa ER.

Kung kailangan ninyo ng pangangalaga sa isang wala sa network na ospital pagkatapos ng inyong emergency (pangangalaga pagkatapos ng pagpapatatag), tatawagan ng ospital ang L.A. Care.

**Tandaan:** Huwag tumawag sa **911** maliban na lang kung isa itong emergency. Kumuha ng pang-emergency na pangangalaga para lang sa emergency, hindi para sa karaniwang pangangalaga o isang minor na sakit tulad ng sipon o pamamaga ng lalamunan. Kung isa itong emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

## Sensitibong pangangalaga

### ***Mga serbisyo ng pagpapahintulot sa mga menor de edad***

Kung kayo ay wala pang 18 taong gulang, maaari kayong pumunta sa isang doktor nang walang pahintulot mula sa inyong mga magulang o tagapangalaga para sa mga ganitong uri ng pangangalaga:

- Kalusugan ng isip ng outpatient (para sa mga menor de edad lang na 12 taong gulang o mas matanda) para sa:
  - Sekswal o pisikal na pang-aabuso
  - Kapag maaari ninyong saktan ang inyong sarili o ang ibang tao
- Pagbubuntis
- Pagpaplano ng pamilya/pagkontrol ng pagbubuntis (maliban sa sterilization)
- Sekswal na pag-atake
- Pag-iwas sa/pagsusuri ng/paggamot ng HIV/AIDS (para sa mga menor de edad lang na 12 taong gulang o mas matanda)



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.



### 3 | Paano makakuha ng pangangalaga

- Pag-iwas sa/pagsusuri ng/paggamot ng impeksyong naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik (sexually transmitted infection) (para sa mga menor de edad lang na nasa 12 taong gulang o mas matanda)
- Paggamot sa abuso sa paggamit ng droga at pag-inom ng alak (para sa mga menor de edad lang na 12 taong gulang o mas matanda)

Hindi kailangang bahagi ng network ng L.A. Care ang doktor o klinika at hindi ninyo kailangan ng rekomendasyon mula sa inyong PCP upang makuha ang mga serbisyong ito. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinikang nagbibigay ng mga serbisyong ito, o para sa tulong sa pagkuha sa mga serbisyong ito, maaari kayong tumawag sa **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Maaari din ninyong tawagan ang **Nurse Advice Line** sa **1-800-249-3619** (TTY **711**), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Maaaring makipag-usap ang mga menor de edad sa isang kinatawan nang pribado tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa **Nurse Advice Line** sa **1-800-249-3619** (TTY **711**).

#### ***Mga sensitibong serbisyo para sa nasa hustong gulang***

Bilang isang nasa hustong gulang, maaaring ayaw ninyong pumunta sa inyong PCP para sa ilang partikular na sensitibo o pribadong pangangalaga. Kung gayon, maaari kayong pumili ng sinumang doktor o anumang klinika para sa mga ganitong uri ng pangangalaga:

- Pagpapalano ng pamilya
- Pagsusuri ng HIV/AIDS
- Mga impeksyong naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik

Hindi kailangang bahagi ng network ng L.A. Care ang doktor o klinika. Hindi kayo kailangang i-refer ng inyong PCP para sa mga ganitong uri ng serbisyo. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinikang nagbibigay ng mga serbisyong ito, maaari kayong tumawag sa **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Maaari din ninyong tawagan ang **Nurse Advice Line** sa **1-800-249-3619** (TTY **711**), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

#### **Mga paunang direktiba**

Ang isang paunang direktiba sa kalusugan ay isang legal na form. Dito, maaari ninyong ilista kung anong pangangalagang pangkalusugan ang gusto ninyo kung sakaling hindi kayo makakapagsalita o makakapagpasya sa kalaunan. Maaari ninyong ilista kung anong pangangalaga ang **hindi** ninyo gusto. maaari kayong magbanggit ng isang tao, gaya ng asawa, upang magpasya para sa inyong kalusugan kung hindi ninyo ito magagawa.

Maaari kayong makakuha ng form ng paunang direktiba mula sa mga tindahan ng gamot, ospital, tanggapan ng abogado, at tanggapan ng doktor. Maaaring kailangan ninyong magbayad para sa form.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Makakahanap din kayo at makakapag-download ng libheng form online. Maaari ninyong hilingin sa inyong pamilya, PCP, o isang taong pinagkakatiwalaan ninyong tulungan kayo sa pagsagot ng form.

May karapatan kayong ipalagay ang inyong paunang direktiba sa inyong mga medikal na talaan. May karapatan kayong baguhin o kanselahin ang inyong paunang direktiba anumang oras.

May karapatan kayong malaman ang tungkol sa mga pagbabago sa mga batas sa paunang direktiba. Sasabihin sa inyo ng L.A. Care ang tungkol sa mga pagbabago sa batas sa estado nang hindi lalagpas sa 90 araw pagkatapos ng pagbabago.

---

## Saan kukuha ng pangangalaga

Kukunin ninyo ang karamihan sa inyong pangangalaga mula sa inyong PCP. Ibibigay ng inyong PCP ang lahat ng inyong karaniwang pangangalagang pang-iwas sa sakit (pagpapanatili ng kalusugan). Pupunta rin kayo sa inyong PCP para sa pangangalaga kapag may sakit kayo. Tiyaking tawagan ang inyong PCP bago kayo kumuha ng hindi pang-emergency na pangangalagang medikal. Ire-refer (papupuntahin) kayo ng inyong PCP sa mga espesyalista kung kailangan ninyo ang mga ito.

Para humingi ng tulong sa inyong mga tanong sa kalusugan, maaari din ninyong tawagan ang **Nurse Advice Line** ng L.A. Care sa **1-800-249-3619** (TTY **711**).

Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga, tawagan ang inyong PCP. Ang agarang pangangalaga ay pangangalagang kailangan ninyo sa loob ng 48 oras pero hindi isang emergency. Kabilang dito ang pangangalaga para sa mga sakit tulad ng sipon, pamamaga ng lalamunan, lagnat, pananakit ng tainga o napilay na kalamanan.

Para sa mga emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

---

## Moral na pagtutol

Ang ilang provider ang mayroong moral na pagtutol sa ilang serbisyo. Nangangahulugan itong may karapatan silang **hindi** mag-alok ng ilang saklaw na serbisyo kung moral silang tumututol sa mga iyon. Kung ang inyong provider ay may moral na pagtutol, tutulungan niya kayong maghanap ng ibang provider para sa mga kinakailangang serbisyo. Maaari ding makipagtulungan sa inyo ang L.A. Care upang maghanap ng provider.

Hindi inaalok ng ilang ospital at provider ang isa o higit pa sa mga serbisyong nakalista sa ibaba. Ang mga serbisyong itong maaaring kailanganin ninyo o ng inyong pamilya ay maaaring masaklaw sa ilalim ng inyong kontrata ng plano:

- Mga serbisyo ng pagpapalano ng pamilya at pangontra sa pagbubuntis, kabilang ang pang-emergency na pangontra sa pagbubuntis



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

### 3 | Paano makakuha ng pangangalaga

- Operasyon upang hindi mabuntis o makabuntis, kabilang ang pagpapatali sa panahon ng paghilab ng tiyan at panganganak
- Mga paggamot sa pagkabaog
- Pagpapalaglag

Dapat kayong kumuha ng karagdagang impormasyon bago kayo magpatala. Tawagan ang bagong doktor, grupong medikal, independent practice association o klinikang gusto ninyo. O tawagan ang L.A. Care sa **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** upang matiyak na makukuha ninyo ang lahat ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugang kailangan ninyo.

#### Direktoryo ng Provider

Inililista ng Direktoryo ng Provider ng L.A. Care ang mga provider na lumalahok sa network ng L.A. Care. Ang network ay ang grupo ng mga provider na nakikipagtulungan sa L.A. Care.

Naglilista ang Direktoryo ng Provider ng L.A. Care ng mga ospital, parmasya, PCP, espesyalista, manggagamot na nars, nars na kumadrona, katulong na doktor, provider ng pagpapalano ng pamilya, Pederal na Kwalipikadong Health Center (Federally Qualified Health Center, FQHC), provider ng kalusugan ng isip ng outpatient, mga pangmatagalang serbisyo at suporta (Long Term Services and Supports, LTSS), Mga Freestanding na Paanakan (Freestanding Birth Center, FBC), Rural na Klinikang Pangkalusugan (Rural Health Clinic, RHC), at agarang pangangalaga at retail na health center.

Ang Direktoryo ng Provider ay mayroong mga pangalan, address, numero ng telepono, oras ng trabaho, at wikang sinasalita ng mga provider na nasa network ng L.A. Care. Sinasabi nito kung tumatanggap ng mga bagong pasyente ang provider. Ibinibigay rin nito ang antas ng pisikal na accessibility para sa gusali, gaya ng paradahan, rampa, mga hagdang may hawakan, at mga palikurang may malalawak na pinto at hawakan. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga nasa network na provider, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Mahamanap ninyo ang online na Direktoryo ng Provider sa **lacare.org**.

Kung kailangan ninyo ng naka-print na Direktoryo ng Provider, tumawag sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

---

## Network ng provider

Ang network ng provider ay ang grupo ng mga doktor, ospital, at iba pang provider na nakikipagtulungan sa L.A. Care. Makukuha ninyo ang inyong mga saklaw na serbisyo sa pamamagitan ng network ng L.A. Care.

Kung ang inyong provider sa network, kabilang ang isang PCP, ospital o iba pang provider, ay may moral na pagtutol sa pagbibigay sa inyo ng saklaw na serbisyo, gaya ng pagpapalano ng pamilya o pagpapalaglag, tumawag sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa seksyon ng moral na pagtutol ng handbook na ito.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Kung ang inyong provider ay may moral na pagtutol, matutulungan niya kayong maghanap ng ibang provider na magbibigay sa inyo ng mga serbisyong kailangan ninyo. Maaari ding makipagtulungan sa inyo ang L.A. Care upang maghanap ng provider.

#### **Nasa network**

Gagamit kayo ng mga provider sa network ng L.A. Care para sa inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Kukuha kayo ng pangangalagang pang-iwas sa sakit at karaniwang pangangalaga mula sa inyong PCP. Gagamit din kayo ng mga espesyalista, ospital, at iba pang provider sa network ng L.A. Care.

Upang kumuha ng Direktoryo ng Provider ng mga nasa network na provider, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Makikita din ninyo ang Direktoryo ng Provider online sa **lacare.org**.

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Bukod sa pang-emergency na pangangalaga, maaaring kailanganin ninyong magbayad para sa pangangalaga para sa mga wala sa network na provider.

#### **Wala sa network o Nasa labas ng lugar ng serbisyo**

Ang mga wala sa network na provider ay iyong walang kasunduang makipagtulungan sa L.A. Care. Bukod sa pang-emergency na pangangalaga, maaaring kailanganin ninyong magbayad para sa pangangalaga para sa mga wala sa network na provider. Kung kailangan ninyo ng mga saklaw na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, maaaring makuha ninyo ang mga ito sa labas ng network nang libre hangga't medikal na kinakailangan at hindi available sa network ang mga ito at nakakuha kayo ng paunang pag-apruba.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa mga wala sa network na serbisyo, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Kung nasa labas kayo ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care at kailangan ninyo ng pangangalagang hindi emergency o agaran, tawagan kaagad ang inyong PCP. O tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga pang-emergency na pangangalaga na wala sa network. Kung nagbibiyaha kayo sa Canada o Mexico at kailangan ninyo ng mga pang-emergency na serbisyong nangangailangan ng pagpapaospital, sasaklawin ng L.A. Care ang inyong pangangalaga. Kung nagbibiyaha kayo sa labas ng Canada o Mexico, at nangangailangan kayo ng pang-emergency na pangangalaga, **hindi** sasaklawin ng L.A. Care ang inyong pangangalaga.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa wala sa network na pangangalaga o nasa labas ng lugar ng serbisyo, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Kung sarado ang tanggapan at gusto ninyo ng tulong mula sa isang kinatawan, tawagan ang **Nurse Advice Line** ng L.A. Care sa **1-800-249-3619** (TTY **711**).



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## Itinalagang Modelo ng Plano ng Pinapamahalaang Pangangalaga

Ang L.A. Care ay nakikipagtulungan sa isang malaking grupo ng mga doktor, espesyalista, parmasya, ospital at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Ang ilan sa mga provider na ito ay nagtutulungan sa loob ng isang network, na minsan ay tinatawag na “grupong medikal” o isang “independent practice association (IPA).” Maaari ding direktang nakakontrata ang mga provider na ito sa L.A. Care.

Ire-refer kayo ng inyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) sa mga espesyalista at serbisyong nakakonekta sa kanyang grupong medikal, IPA o sa L.A. Care. Kung pupunta na kayo sa isang espesyalista, makipag-usap sa inyong PCP o tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Tutulungan kayo ng **Mga Serbisyo sa Miyembro** magpatingin sa provider na iyon kung karapat-dapat kayo para sa pagapatuloy ng pangangalaga. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa seksyon ng pagpapatuloy ng pangangalaga ng handbook na ito.

## Mga doktor

Pipiliin ninyo ang inyong doktor o provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) mula sa Direktoryo ng Provider ng L.A. Care. Ang doktor na pipiliin ninyo ay dapat isang kalahok na provider. Nangangahulugan itong ang provider ay nasa network ng L.A. Care. Upang kumuha ng kopya ng Direktoryo ng Provider ng L.A. Care, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). O hanapin ito online sa **lacare.org**.

Dapat din kayong tumawag kung gusto ninyong tingnan upang makatiyak na ang PCP na gusto ninyo ay tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Kung nagkaroon kayo ng doktor bago kayo naging miyembro ng L.A. Care, maaaring mapanatili ninyo ang doktor na iyon sa limitadong panahon. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga. Maaari kayong magbasa pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa handbook na ito. Upang matuto pa, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Kung kailangan ninyo ng espesyalista, ire-refer kayo ng inyong PCP sa isang espesyalista sa network ng L.A. Care.

Tandaan, kung hindi kayo pipili ng PCP, pipili ang L.A. Care ng isa para sa inyo. Kayo ang pinakanakakaalam sa inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kung kaya’t pinakamabuting kayo ang pumili. Kung kayo ay parehong nasa Medicare at Medi-Cal, hindi ninyo kailangang pumili ng PCP.

Kung gusto ninyong palitan ang inyong PCP, dapat kayong pumili ng PCP mula sa Direktoryo ng Provider ng L.A. Care. Tiyaking tumatanggap ng mga bagong pasyente ang PCP. Upang palitan ang inyong PCP, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## Mga ospital

Sa emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Kung hindi ito isang emergency at kailangan ninyo ng pangangalaga sa ospital, magpapasya ang inyong PCP kung sa aling ospital kayo pupunta. Kakailanganin ninyong pumunta sa isang ospital sa network. Ang mga ospital sa network ng L.A. Care ay nakalista sa Direktoryo ng Provider. Nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot) ang mga serbisyo sa ospital, bukod sa mga emergency.

## Provider ng pangunahing pangangalaga (PCP)

Dapat kayong pumili ng PCP sa loob ng 30 araw ng pagpapatala sa L.A. Care. Depende sa inyong edad at biyolohikal na kasarian, maaari kayong pumili ng general practitioner, ob/gyn, family practitioner, internist, o pediatrician bilang inyong provider ng pangunahing pangangalaga (Primary Care Provider, PCP). Maaari ding gumanap bilang inyong PCP ang isang manggagamot na nars (Nurse Practitioner, NP), katulong na doktor (Physician Assistant, PA), o sertipikadong kumadronang nars. Kung pipili kayo ng NP, PA, o sertipikadong kumadronang nars, maaaring magtalaga sa inyo ng doktor na mangangasiwa sa inyong pangangalaga.

Maaari din kayong pumili ng Pederal na Kwalipikadong Health Center (Federally Qualified Health Center, FQHC), o isang Rural na Klinikang Pangkalusugan (Rural Health Center, RHC) bilang inyong PCP. Depende sa uri ng provider, maaaring magawa ninyong pumili ng isang PCP para sa inyong buong pamilya na mga miyembro ng L.A. Care.

Kung hindi kayo pipili ng PCP sa loob ng 30 araw pagkatapos pagpapatala, itatalaga kayo ng L.A. Care sa isang PCP. Kung itinalaga kayo sa isang PCP at gusto ninyong magpalit, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Mangyayari ang pagbabago sa unang araw ng susunod na buwan.

Gagawin ng inyong PCP na:

- Alamin ang inyong kasaysayan ng at mga pangangailangan sa kalusugan.
- Ingatan ang inyong mga talaan sa kalusugan
- Ibigay sa inyo ang pangangalagang pangkalusugan na pang-iwas sa sakit at karaniwang pangangalagang pangkalusugan na kailangan ninyo
- I-refer (papupuntahin) kayo sa isang espesyalista kung kailangan ninyo nito
- Magsaayos para sa pangangalaga sa ospital kung kailangan ninyo ito

Maaari kayong tumingin sa Direktoryo ng Provider upang maghanap ng PCP sa network ng L.A. Care. Ang Direktoryo ng Provider ay mayroong listahan ng mga FQHC at RHC na nakikipagtulungan sa L.A. Care.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

### 3 | Paano makakuha ng pangangalaga

Mahamanap ninyo ang Direktoryo ng Provider online sa **lacare.org**. O maaari kayong humiling na mag-mail sa inyo ng Direktoryo ng Provider sa pamamagitan ng pagtawag sa **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care **1-888-839-9909** (TTY **711**). Maaari din kayong tumawag upang alamin kung tumatanggap ng mga bagong pasyente ang PCP na gusto ninyo.

#### **Pagpili ng mga doktor at iba pang provider**

Kayo ang pinakanakakaalam sa inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kung kaya't pinakamabuting kayo ang pumili ng inyong PCP.

Pinakamabuting manatili sa isang PCP upang malaman niya ang inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Gayunpaman, kung gusto ninyong magpalit ng PCP, maaari kayong magpalit anumang oras. Dapat kayong pumili ng PCP na nasa network ng provider ng L.A. Care at tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Ang inyong bagong pinili ay magiging inyong PCP sa unang araw ng susunod na buwan pagkatapos ninyong magawa ang pagbabago.

Para palitan ang inyong PCP, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Maaaring hilingin sa inyo ng L.A. Care na palitan ang inyong PCP kung ang PCP ay hindi tumatanggap ng mga bagong pasyente, umalis na sa network ng L.A. Care, o hindi nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyenteng ka-edad ninyo. Maaari ding hilingin sa inyo ng L.A. Care o ng inyong PCP na lumipat sa bagong PCP kung hindi kayo nagkakasundo ng o sumasang-ayon sa inyong PCP, o kung may nakaligtaan kayo o nahuhuli sa mga appointment. Kung kailangan ng L.A. Care na palitan ang inyong PCP, sasabihin sa inyo ng L.A. Care sa sulat.

Kung magpapalit kayo ng PCP, makakakuha kayo ng bagong ID card ng miyembro ng L.A. Care sa mail. Nakalagay dito ang pangalan ng inyong PCP. Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa pagkuha ng bagong ID card.

#### **Mga appointment**

Kapag kailangan ninyo ng pangangalagang pangkalusugan:

- Tawagan ang inyong PCP
- Ihanda ang inyong numero ng ID ng L.A. Care sa pagtawag
- Mag-iwan ng mensaheng may kasamang pangalan at numero ng telepono ninyo kung sarado ang tanggapan
- Dalhin ang inyong BIC card at ID card ng L.A. Care sa inyong appointment
- Humiling ng transportasyon papunta sa inyong appointment, kung kinakailangan



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Humiling ng mga serbisyo ng tulong sa wika o pagsasalin, kung kinakailangan
- Dumating sa takdang oras para sa inyong appointment
- Tumawag kaagad kung hindi ninyo mapupuntahan ang inyong appointment o mahuhuli kayo
- Ihanda ang inyong mga tanong at impormasyon ng gamot kung sakaling kailangan ninyo ang mga ito

Kung mayroon kayong emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

## Pagbabayad

**Hindi** ninyo kailangang magbayad para sa mga saklaw na serbisyo. Sa karamihan ng kaso, hindi kayo makakatanggap ng bill mula sa isang provider. Maaaring makakuha kayo ng Paliwanag ng Mga Benepisyo (Explanation of Benefits, EOB) o isang statement mula sa isang provider. Ang mga EOB at statement ay hindi mga bill.

Kung makakakuha kayo ng bill, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Sabihin sa L.A. Care ang halagang sinisingil, ang petsa ng serbisyo at ang dahilan para sa bill.

**Hindi** kayo responsableng magbayad sa isang provider para sa anumang halagang dapat bayaran ng L.A. Care para sa anumang saklaw na serbisyo. Bukod sa pang-emergency na pangangalaga o agarang pangangalaga, maaaring kailanganin ninyong magbayad para sa pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network. Kung kailangan ninyo ng mga saklaw na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, maaaring makuha ninyo ang mga ito sa wala sa network na provider nang libre hangga't medikal na kinakailangan at hindi available sa network ang mga ito.

Kung makakakuha kayo ng bill o hiniling sa inyong magbayad ng co-pay na sa tingin ninyo ay hindi ninyo dapat bayaran, maaari din kayong maghain ng form ng claim sa L.A. Care. Kakailanganin ninyong sabihin sa L.A. Care sa sulat kung bakit ninyo kailangang magbayad para sa item o serbisyo. Babasahin ng L.A. Care ang inyong claim at magpapasya ito kung mababawi ninyo ang inyong pera. Para sa mga tanong o upang humiling ng form ng claim, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

## Mga rekomendasyon

Bibigyan kayo ng inyong PCP ng rekomendasyon upang papupuntahin kayo sa isang espesyalista kung kailangan ninyo nito. Ang isang espesyalista ay isang doktor na mayroong karagdagang edukasyon sa isang larangan ng medisina. Makikipagtulungan sa inyo ang inyong PCP upang tulungan kayong pumili ng espesyalista. Maaaring tulungan kayo ng tanggapan ng inyong PCP na magtakda ng oras upang pumunta sa espesyalista.

Kabilang sa iba pang serbisyong maaaring mangailangan ng rekomendasyon ang mga operasyong ginagawa sa tanggapan, X-ray, pagsusuri sa laboratoryo, at espesyal na paggamot, pangangalaga sa bahay, at piniling pagpasok sa isang pasilidad.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.



### 3 | Paano makakuha ng pangangalaga

Maaaring bigyan kayo ng inyong PCP ng form upang dalhin sa espeyalista. Sasagutan ng espesyalista ang form at ipapadala sa inyong PCP. Gagamutin kayo ng espesyalista hangga't sa tingin niyang kailangan ninyo ng paggamot.

Kung mayroon kayong problema sa kalusugang nangangailangan ng espesyal na pangangalagang medikal sa mahabang panahon, maaaring mangailangan kayo ng pangmatagalang pagrekomenda. Nangangahulugan itong maaari kayong pumunta sa parehong espesyalista nang higit sa isang beses nang hindi kumukuha ng rekomendasyon sa bawat pagkakataon.

Kung nagkakaproblema kayo sa pagkuha ng pangmatagalang pagrekomenda o gusto ninyo ng kopya ng patakaran ng rekomendasyon ng L.A. Care, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Hindi ninyo kailangan ng rekomendasyon para sa:

- Mga pagpapatingin sa doktor na PCP
- Mga pagpapatingin sa ob/gyn
- Mga pagpapatingin sa agaran o pang-emergency na pangangalaga
- Mga sensitibong serbisyo para sa nasa hustong gulang, gaya ng pangangalaga para sa sekswal na pag-atake
- Mga serbisyo ng pagpapalano ng pamilya (upang matuto pa, tawagan ang California Family Planning Information and Referral Service sa **1-800-942-1054**)
- Pagsusuri at pagpapayo para sa HIV (para sa mga menor de edad lang na 12 taong gulang o mas matanda)
- Paggamot para sa mga impeksyong naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik (para sa mga menor de edad lang na 12 taong gulang o mas matanda)
- Acupuncture (sa unang dalawang serbisyo kada buwan; mangangailangan ng rekomendasyon para sa mga karagdagang appointment)
- Mga chiropractic na serbisyo (kapag ibinigay ng mga FQHC at RHC)
- Mga serbisyo sa podiatry (kapag ibinigay ng mga FQHC at RHC)
- Mga karapat-dapat na serbisyo sa ngipin
- Paunang pagtatasa ng kalusugan ng isip
- Ikalawang opinyon mula sa isang nasa network na provider

Hindi din kailangan ng mga menor de edad ng rekomendasyon para sa:

- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng outpatient para sa:
  - Sekswal o pisikal na pang-aabuso
  - Kapag maaaring ninyong saktan ang inyong sarili o ibang tao



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Pangangalaga sa pagbubuntis
- Pangangalaga para sa sekswal na pag-atake
- Paggamot sa abuso sa paggamit ng droga at pag-inom ng alak

#### **Paunang pag-apruba**

Para sa ilang uri ng pangangalaga, kakailanganing humingi ng inyong PCP o espesyalista ng pahintulot mula sa L.A. Care bago ninyo makuha ang pangangalaga. Tinatawag itong paghingi ng paunang pagpapahintulot o paunang pag-apruba Nangangahulugan itong dapat tiyakin ng L.A. Care na medikal na kinakailangan ang pangangalaga.

Ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan kung ito ay makatuwiran at kinakailangan upang protektahan ang inyong buhay, inilalayo kayo sa pagkakaroon ng malubhang sakit o pagkakaroon ng kapansanan, o nagpapababa ng malalang pananakit mula sa isang na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala.

Ang mga sumusunod na serbisyo ay laging nangangailangan ng paunang pag-apruba, kahit na natanggap ninyo ang mga ito mula sa isang provider sa network ng L.A. Care:

- Pagpapaospital, kung hindi emergency
- Mga serbisyong nasa labas ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care
- Operasyong outpatient
- Pangmatagalang pangangalaga sa isang pasilidad ng pangangalaga
- Mga espesyal na paggamot

Para sa ilang serbisyo, kailangan ninyo ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot). Sa ilalim ng Health and Safety Code Section 1367.01(h)(2), pagpapasyahan ng L.A. Care ang mga karaniwang paunang pag-apruba sa loob ng 5 araw ng trabaho kapag nakuha na ng L.A. Care ang impormasyong makatuwirang kinakailangan upang magpasya.

Para sa mga kahilingan kung saan ipinapahayag ng provider o tinutukoy ng L.A. Care na ang pagsunod na pamanatayang timeframe ay maaaring malubhang magsapanganib sa inyong buhay o kalusugan o kakayahang makakamit, makapagpanatili, o makabawi ng maximum na gawain, gagawa ang L.A. Care ng pinabilis (mabilis) na pasya sa paunang pag-apruba. Magbibigay ang L.A. Care ng abiso ayon sa bilis na kinakailangan ng inyong kondisyong pangkalusugan at hindi lalagpas sa 72 oras pagkatapos matanggap ang inyong kahilingan para sa mga serbisyo.

**Hindi** binabayaran ng L.A. Care ang mga tagasuri upang magtanggì ng saklaw o mga serbisyo. Kung hindi aaprubahan ng L.A. Care ang kahilingan, papadalhan kayo ng L.A. Care ng sulat na Abiso sa Pagkilos (Notice of Action, NOA). Ilalahad sa inyo ng sulat na NOA kung paano maghain ng apela kung hindi kayo sumasang-ayon sa pasya.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

### 3 | Paano makakuha ng pangangalaga

Makikipag-ugnayan sa inyo ang L.A. Care kung kailangan ng L.A. Care ng higit pang impormasyon o higit pang oras upang suriin ang inyong kahilingan.

Kailangan ninyo ng paunang pag-apruba para sa pang-emergency na pangangalaga, kahit na wala ito sa network. Kabilang dito ang panganganak kung buntis kayo.

#### **Mga ikalawang opinyon**

Maaaring gusto ninyo ng ikalawang opinyon tungkol sa pangangalagang sinasabi ng inyong provider na kailangan ninyo o tungkol sa inyong pagsusuri o plano ng paggamot. Halimbawa, maaaring gusto ninyo ng ikalawang opinyon kung hindi kayo sigurado kung kailangan ninyo ng iniresetang paggamot o operasyon, o sinubukan ninyong sumunod sa isang plano ng paggamot at hindi ito naging epektibo.

Kung gusto ninyo ng ikalawang opinyon, maaari kayong pumili ng nasa network na provider ayon sa sarili ninyong pagpili. Para sa tulong sa pagpili ng provider, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Magbabayad ang L.A. Care para sa isang ikalawang opinyon kung hihilingin ninyo o ng inyong nasa network na provider ito at kukunin ninyo ang ikalawang opinyon mula sa isang nasa network na provider. Hindi ninyo kailangan ng pahintulot mula sa L.A. Care upang kumuha ng ikalawang opinyon mula sa isang nasa network na provider.

Kung walang provider sa network ng L.A. Care upang magbigay sa inyo ng ikalawang opinyon, magbabayad ang L.A. Care para sa isang ikalawang opinyon mula sa isang wala sa network na provider. Sasabihin sa inyo ng L.A. Care sa loob ng 5 araw ng trabaho kung naaprubahan ang provider na pinili ninyo para sa ikalawang opinyon. Kung mayroon kayong hindi gumagaling, malala, o seryosong sakit, o humaharap kayo sa isang daglian at seryosong banta sa inyong kalusugan, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagkamatay, pagkawala ng paa, o pangunahing paggana ng katawan, magpapasya ang L.A. Care sa loob ng 72 oras.

Kung tatanggihan ng L.A. Care ang inyong kahilingan para sa ikalawang opinyon, maaari kayong umapela. Upang matuto pa tungkol sa mga apela, pumunta sa pahina 75 ng handbook na ito.

#### **Oras at distansya ng pagbibiyaha sa pangangalaga**

Dapat sundin ng L.A. Care ang mga pamantayan ng oras at distansya ng pagbibiyaha para sa inyong pangangalaga. Tumutulong ang mga pamantayang itong matiyak na nakakatanggap kayo ng pangangalaga nang hindi nagbibiyaha nang masyadong matagal o malayo mula sa kung saan kayo nakatira. Magkakaiba ang mga pamantayan ng oras at distansya ng pagbibiyaha depende sa county kung saan kayo nakatira.

Kung hindi magagawa ng L.A. Care na magbigay ng pangangalaga sa inyo sa loob ng mga pamantayang ito ng oras at distansya ng pagbibiyaha, maaaring gumamit ng ibang pamanatayang tinatawag na alternatibong pamantayan ng access. Upang makita ang mga pamantayan ng oras at distansya ng L.A. Care



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

para sa kung saan kayo nakatira, mangyaring bumisita sa **lacare.org** o tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Kung kailangan ninyo ng pangangalaga mula sa isang espesyalista at ang provider na iyon ay malayo sa kung saan kayo nakatira, maaari ninyong tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) upang humingi ng tulong sa paghahanap ng pangangalaga sa espesyalistang mas malapit sa inyo. Kung hindi makakahanap ang L.A. Care ng pangangalaga para sa inyo sa isang mas malapit na espesyalista, maaari ninyong hilingin sa L.A. Care na magsaayos ng transportasyon para makapagpatingin kayo sa isang espesyalista kahit na malayo ang espesyalistang iyon kung saan kayo nakatira. Itinuturing itong malayo kung hindi kayo makakapunta sa espesyalistang iyon sa loob ng mga pamantayan ng oras at distansya ng pagbibiyaha ng L.A. Care para sa inyong county, mayroon man o walang anumang alternatibong pamantayan ng access na maaaring gamitin ng L.A. Care para sa inyong ZIP Code.

### Mga espesyalista sa kalusugan ng kababaihan

Maaari kayong pumunta sa isang espesyalista sa kalusugan ng kababaihan sa loob ng network ng L.A. Care para sa mga saklaw na pangangalagang kailangan upang ibigay ang mga serbisyo ng karaniwan at pang-iwas sa sakit na pangangalagang pangkalusugan. Hindi ninyo kailangan ng rekomendasyon mula sa inyong PCP upang makuha ang mga serbisyong ito. Para sa tulong sa paghahanap ng espesyalista para sa kalusugan ng kababaihan, maaari ninyong tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Maaari din ninyong tawagan ang **Nurse Advice Line** ng L.A. Care sa **1-800-249-3619** (TTY **711**), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga holiday.

### Napapanahong access sa pangangalaga

Uri ng Appointment	Dapat Kumuha ng Appointment sa Loob ng
Mga appointment ng agarang pangangalagang hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot)	48 oras
Appointment ng agarang pangangalagang nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot)	96 oras
Mga appointment ng hindi-agarang (karaniwan) pangunahing pangangalaga	10 araw ng trabaho
Mga appointment ng hindi-agarang (karaniwan) pangangalaga mula sa espesyalista	15 araw ng trabaho



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

### 3 | Paano makakuha ng pangangalaga

Uri ng Appointment	Dapat Kumuha ng Appointment sa Loob ng
Mga appointment sa provider ng hindi-agarang (karaniwang) kalusugan ng isip (hindi doktor)	10 araw ng trabaho
Appointment ng hindi-agarang (karaniwan) para sa mga pantulong na serbisyo para sa pagsusuri o paggamot ng pinsala, sakit, o ibang kondisyong pangkalusugan.	15 araw ng trabaho
Mga oras ng paghihintay sa telepono sa panahon ng normal na oras ng trabaho	10 minuto
Triage – 24/7 na mga serbisyo	24/7 na mga serbisyo – Hindi hihigit sa 30 minuto
Appointment ng paunang pangangalaga bago ang panganganak	10 araw ng trabaho



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

# 4. Mga benepisyo at serbisyo

---

## Ang sinasaklaw ng inyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag ng seksyong ito ang lahat ng inyong saklaw na serbisyo bilang miyembro ng L.A. Care. Libre ang inyong mga saklaw na serbisyo hangga't sa medikal na kinakailangan ang mga ito at ibinigay ng nasa network na provider. Maaaring saklawin ng inyong planong pangkalusugan ang mga medikal na kinakailangang serbisyo mula sa isang wala sa network na provider. Pero dapat kayong magtanong sa L.A. Care tungkol dito. Ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan kung ito ay makatuwiran at kinakailangan upang protektahan ang inyong buhay, inilalayo kayo sa pagkakaroon ng malubhang sakit o pagkakaroon ng kapansanan, o nagpapababa ng malalang pananakit mula sa isang na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala.

Iniaalok ng L.A. Care ang ganitong uri ng mga serbisyo:

- Mga serbisyong outpatient (ambulatory)
- Mga pang-emergency na serbisyo
- Pangangalaga sa hospisyo at palliative na pangangalaga
- Pagpapaospital
- Pangangalaga sa pagbubuntis at sa bagong silang
- Mga gamot na kailangan ng reseta
- Mga serbisyo at aparato na rehabilitative at habilitative
- Mga serbisyo ng laboratoryo at radiology, gaya ng mga X-ray
- Mga serbisyo para sa pag-iwas sa sakit at pagpapanatili ng kalusugan at pamamahala ng hindi gumagaling na sakit
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip
- Mga serbisyo sa paggamot ng problema sa paggamit ng substance
- Mga pediatric na serbisyo
- Mga serbisyo sa paningin
- Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (Non-Emergency Medical Transportation, NEMT)
- Hindi medikal na transportasyon (Non-Medical Transportation, NMT)
- Mga pangmatagalang serbisyo at suporta (Long-Term Services and Supports, LTSS)



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Mga serbisyo para sa transgender
- Mga serbisyong telehealth

Basahin ang bawat seksyon sa ibaba upang matuto pa tungkol sa mga serbisyong maaari ninyong makuha.

---

## Mga benepisyo sa Medi-Cal

### Mga serbisyong outpatient (ambulatory)

- **Pagbabakuna ng Nasa Hustong Gulang**

Makakakuha kayo ng mga pagbabakuna ng nasa hustong gulang (mga bakuna) mula sa isang nasa network na parmasya o nasa network na provider nang walang paunang pag-apruba. Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga bakunang inirerekomenda ng Tagapayong Komite para sa Mga Kasanayan sa Pagbabakuna (Advisory Committee on Immunization Practices, ACIP) ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC).

- **Pangangalaga para sa allergy**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang pagsusuri at paggamot ng allergy, kabilang ang desensitization, hyposensitization o immunotherapy ng allergy.

- **Mga serbisyo ng anesthesiologist**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng anesthesia na medikal na kinakailangan kapag tumanggap kayo ng pangangalagang outpatient.

- **Mga chiropractic na serbisyo**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga chiropractic na serbisyo, na limitado sa paggamot ng gulugod sa pamamagitan ng manual na manipulasyon. Limitado sa dalawang serbisyo kada buwan ang mga chiropractic na serbisyo kasama ng mga serbisyo ng acupuncture, audiology, occupational therapy at speech therapy. Maaaring bigyan ng L.A. Care ng paunang pag-apruba ang iba pang serbisyo bilang medikal na kinakailangan.

Ang mga sumusunod na miyembro ay karapat-dapat para sa mga chiropractic na serbisyo:

- Mga batang wala pang 21 taong gulang;
- Buntis na kababaihan sa katapusan ng buwang may kasamang 60 araw pagkatapos ng pagbubuntis;
- Mga naninirahan sa isang pasilidad ng sanay na pag-aalaga, pasilidad ng intermediate na pangangalaga, o pasilidad ng subacute na pangangalaga; o
- Lahat ng miyembro kapag ibinigay ang mga serbisyo sa mga departamento ng outpatient ng ospital, FQHC, o RHC



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- **Mga serbisyo ng dialysis/hemodialysis**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga dialysis na paggamot. Sinasaklaw din ng L.A. Care ang mga serbisyo ng hemodialysis (chronic dialysis) kung aaprubahan ito ng inyong PCP at L.A. Care.

- **Operasyong outpatient**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga operasyong outpatient. Nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot) iyong mga kinakailangan para sa mga diagnostic na layunin, pamamaraang itnuturing na pinili, at tinukoy na medikal na pamamaraan ng outpatient.

- **Mga serbisyo ng doktor**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng doktor na medikal na kinakailangan.

- **Mga serbisyo sa podiatry (paa)**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo sa podiatry bilang medikal na kinakailangan para sa diagnosis at medikal, pang-operasyon, pangmanipulasyon, at elektronikong paggamot ng paa ng tao, kabilang ang sakong at mga litid na nakapasok sa paa at hindi operasyong paggamot ng mga kalamanan at litid ng binting nangangasiwa sa mga paggana ng paa.

- **Mga terapiya ng paggamot**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang iba't ibang terapiya ng paggamot, kabilang ang:

- Chemotherapy
- Radiation therapy

## Mga serbisyo sa kalusugan ng isip

- **Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng outpatient**

- Sinasaklaw ng L.A. Care ang isang miyembro para sa paunang pagtatasa ng kalusugan ng isip nang hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot). Maaari kayong kumuha ng pagtatasa sa kalusugan ng isip anumang oras mula sa isang lisensyadong provider ng kalusugan ng isip sa network ng L.A. Care nang walang rekomendasyon.
- Maaaring gumawa ang inyong PCP o provider ng kalusugan ng isip ng rekomendasyon para sa karagdagang pagsusuri sa kalusugan ng isip sa isang espesyalista sa loob ng network ng L.A. Care upang tukuyin ang inyong antas ng kapansanan. Maaari din ninyong direktang tawagan ang L.A. Care upang tumulong sa pagtukoy ng inyong antas ng kapansanan. Kung matutukoy ng mga resulta ng pagsusuri ng kalusugan ng inyong isip na kayo ay nasa bahagya o katamtamang pagkabalisa o mayroong kapansanan sa paggana ng pag-iisip, emosyon, o gawi, makakapagbigay ang L.A. Care ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa inyo. Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip na ito:



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.



## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Pang-indibidwal at panggrupong pagsusuri at paggamot ng kalusugan ng isip (psychotherapy);
  - Sikolohikal na pagsusuri kapag ipinababatid ng klinika na tasahin ang isang kondisyon ng kalusugan ng isip
  - Pagpapaunlad ng mga kakayahan ng isip upang mapahusay ang atensyon, memorya at paglutas ng problema
  - Mga serbisyong outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay ng therapy gamit ang gamot
  - Laboratoryo, mga gamot, mga supply at suplemento ng outpatient
  - Pagkonsulta ukol sa sakit sa isip
- Para sa tulong sa paghahanap ng higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na ibinibigay ng L.A. Care, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**)
  - Kung matutukoy ng mga resulta ng pagsusuri ng kalusugan ng inyong isip na kayo ay may mas mataas na antas ng kapansanan at kailangan ninyo ng mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip (Specialty Mental Health Services, SMHS), ire-refer kayo ng inyong PCP o ng inyong provider ng kalusugan ng isip sa isang plano sa kalusugan ng isip ng county upang tumanggap ng pagtatasa. Upang matuto pa, pumunta sa *“Ang hindi sinasaklaw ng inyong planong pangkalusugan”* sa pahina 54.

## Mga pang-emergency na serbisyo

- **Mga serbisyong inpatient at outpatient na kinakailangan upang gumamot ng medikal na emergency**  
Sinaklaw ng L.A. Care ang lahat ng serbisyong kinakailangan upang gumamot ng medikal na emergency na mangyayari sa U.S. o na nangangailang pumunta kayo sa ospital sa Canada o Mexico. Ang medikal na emergency ay isang kondisyong medikal na may kasamang matinding kirot o seryosong pinsala sa katawan. Ang kondisyon ay masyadong seryoso na, kung hindi ito makatatanggap ng agarang medikal na atensyon, sinumang may pangkaraniwang kaalaman sa kalusugan at gamot ay makakaasa na ito ay magresulta sa:
  - Seryosong panganib sa inyong kalusugan; ◐
  - Seryosong pinsala sa mga pagganap ng katawan; ◐
  - Seryosong paghina ng anumang organo o bahagi ng katawan; ◐
  - Sa kaso ng isang buntis na babae na nasa aktibong paghilab ng tiyan, ibig sabihin ay paghilab ng tiyan bago manganak sa panahon kung saan ang alinman sa mga sumusunod ay maaaring mangyari:
    - Walang sapat na panahon upang ligtas na ilipat ang miyembro sa ibang ospital bago ang panganganak.
    - Ang paglilipat ay maaaring magdala ng banta sa kalusugan o kaligtasan ng miyembro o ng hindi pa naisisilang na anak.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- **Mga serbisyo ng pang-emergency na transportasyon**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng ambulansya upang tulungan kayong makapunta sa pinakamalapit na lugar ng pangangalaga sa mga emergency na sitwasyon. Nangangahulugan itong ang inyong kondisyon ay seryoso na kung saan ang iba pang paraan ng pagpunta sa lugar ng pangangalaga ay maaaring maging mapanganib sa inyong buhay o kalusugan. Walang serbisyo na sinasaklaw sa labas ng U.S., maliban na lang sa mga pang-emergency na serbisyonang nangangailangang nasa ospital kayo sa Canada o Mexico.

## **Pangangalaga sa hospisyong at palliative na pangangalaga**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang pangangalaga ng hospisyong at palliative na pangangalaga para sa mga bata at nasa hustong gulang, na nakakapagpababa ng pisikal, emosyonal, sosyal, at espiritwal na pagkabalisa.

Ang pangangalaga ng hospisyong ay isang benepisyong nagseserbisyo sa mga miyembrong wala ng lunas ang sakit. Ito ay intervention na pangunahing nakatuon sa pamamahala ng pananakit at sintomas sa halip na sa paggamot upang mapahaba ang buhay.

Kabilang sa pangangalaga sa hospisyong ang:

- Mga serbisyo ng pangangalaga
- Mga serbisyonang pampisikal, occupational o pampananalita
- Mga medikal na serbisyonang panlipunan
- Mga serbisyo ng tulong sa kalusugan sa bahay at tagapamahala ng bahay
- Mga medikal na supply at appliance
- Mga gamot at biyolohikal na serbisyo
- Mga serbisyo ng pagpapayo
- Mga tuloy-tuloy na serbisyo ng pangangalaga nang 24 na oras sa panahon ng mga yugto ng krisis at kung kinakailangan upang mapanatili sa bahay ang mga miyembrong walang lunas ang sakit.
- Panandaliang pangangalagang inpatient nang hanggang sa limang magkakasunod na araw sa isang ospital, pasilidad ng sanay na pag-aalaga, o pasilidad ng hospisyong
- Pansamantalang pangangalagang inpatient para sa pagkontrol ng pananakit at pamamahala ng sintomas sa isang ospital, pasilidad sa sanay na pag-aalaga, o pasilidad ng hospisyong

Ang palliative na pangangalaga ay pangangalagang nakasentro sa pasyente at pamilyang nagpapahusay sa kalidad ng buhay sa pamamagitan ng pag-agap, pag-iwas, at paggamot ng paghihirap. Hindi kinakailangang magkaroon ng tagal ng buhay na anim na buwan o mas mababa ang miyembro. Maaaring ibigay ang palliative na pangangalaga kasabay ng panlunas na pangangalaga.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

### Pagpapaospital

- **Mga serbisyo ng anesthesiologist**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga medikal na kinakailangang serbisyo ng anesthesiologist sa panahon ng mga saklaw na pamamalagi sa ospital. Ang isang anesthesiologist ay isang provider na dalubhasa sa pagbibigay ng anesthesia sa mga pasyente. Ang anesthesia ay isang uri ng gamot na ginagamit sa mga medikal na pamamaraan.

- **Mga serbisyo sa ospital ng inpatient**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang medikal na kinakailangang pangangalaga sa ospital ng inpatient kapag ipinasok kayo sa ospital.

- **Mga serbisyo ng operasyon**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga medikal na kinakailangang operasyong isinagawa sa isang ospital.

### Pangangalaga sa pagbubuntis at sa bagong silang

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng pangangalaga sa pagbubuntis at sa bagong silang na ito:

- Edukasyon at mga tulong sa pagpapasuso
- Pangangalaga sa panganganak at postpartum
- Pangangalaga bago ang panganganak
- Mga serbisyo ng mga paanakan
- Mga Sertipikadong Kumadronang Nars (Certified Nurse Midwife, CNM)
- Lisensyadong Kumadrona (Licensed Midwife, LM)
- Diagnosis ng mga henetikong kapansanan ng fetus at pagpapayo

### Mga gamot na kailangan ng reseta

#### **Mga saklaw na gamot**

Maaari kayong resetahan ng inyong provider ng mga gamot na nasa listahan ng piniling gamot ng L.A. Care Medi-Cal na napapailalim sa mga pagbubukod at limitasyon. Tinatawag na pormularyo ang listahan ng piniling gamot ng L.A. Care Medi-Cal. Ang mga gamot sa pormularyo ay ligtas at mabisa para sa kanilang resetang paggamit. Ina-update ng pangkat ng mga doktor at pharmacist ang listahang ito.

- Ang pag-update ng listahang ito ay nakakatulog na matiyak na ang mga gamot doon ay ligtas at mabisa.
- Kung sa tingin ng inyong doktor ay kailangan ninyong uminom ng gamot na wala sa listahang ito, kailangang tawagan ng inyong doktor ang L.A. Care upang humiling ng paunang pag-apruba bago ninyo makuha ang gamot

Upang malaman kung ang isang gamot ay nasa pormularyo o upang kumuha ng kopya ng pormularyo, tumawag sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Makikita din ninyo ang pormularyo sa **lacare.org**.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Minsan kailangan ng L.A. Care na aprubahan ang isang gamot bago ito mareseta ng provider. Susuriin at pagpapasyahan ng L.A. Care ng mga kahilingang ito sa loob ng 24 na oras.

- Maaaring bigyan kayo ng pharmacist o emergency room ng ospital ng 72 oras na pang-emergency na supply kung sa tingin nila ay kailangan ninyo ito. Babayaran ng L.A. Care ang pang-emergency na supply
- Kung tatanggihan ng L.A. Care ang kahilingan, papadalahan kayo ng L.A. Care ng sulat na nagpapaalam sa inyo kung bakit at kung anong iba pang gamot o paggamot ang maaari ninyong subukan

### **Mga Parmasya**

Kung kumukuha o muli kayong kumukuha ng inireresetang gamot, dapat ninyong kunin ang inyong mga inireresetang gamot mula sa isang parmasya na nakikipagtulungan sa L.A. Care. Makakahanap kayo ng listahan ng mga parmasyang nakikipagtulungan sa L.A. Care sa Direktoryo ng Provider ng L.A. Care sa **lacare.org**. Maaari din kayong humanap ng parmasya malapit sa inyo sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Kapag pumili na kayo ng parmasya, dalhin ang inyong reseta sa parmasya. Maaari din itong ipadala ng inyong provider sa parmasya para sa inyo. Ibigay sa parmasya ang inyong reseta at ID card ng L.A. Care. Tiyaking alam ng parmasya ang tungkol sa lahat ng gamot na ginagamit ninyo at anumang allergy na mayroon kayo. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa inyong reseta, tiyaking tanungin ang pharmacist.

### **Pharmacy Home Program**

Para mga miyembrong kwalipikado, nag-aalok ang L.A. Care ng Pharmacy Home Program upang matulungan ang mga miyembro na pamahalaan nang ligtas ang kanilang mga kontroladong gamot. Ang Pharmacy Home ay isang parmasyang nakikipagtulungan sa L.A. Care kung saan ninyo kukunin ang lahat ng inyong reseta para sa mga kontroladong gamot.

Tatawagan kayo ng L.A. Care kung kwalipikado kayo para sa programa. Kung nakatala kayo sa programang ito, magagawa ninyong pumili ng kalahok na Pharmacy Home na madali ninyong puntahan. Ipapaalam din ng L.A. Care sa inyong doktor kapag nakatala kayo.

### **Mga serbisyo at aparato na rehabilitative at habilitative**

Sinasaklaw ng plano ang:

- **Acupuncture**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng acupuncture upang maiwasan, mabago, o mapababa ang pagdama ng malala, tuloy-tuloy at hindi gumagaling na pananakit na dulot ng pangkalahatang kinikilalang medikal na kondisyon. Limitado sa dalawang serbisyo kada buwan ang mga serbisyo ng acupuncture (mayroon o walang elektronikong stimulation ng mga karayom) kasama ng mga serbisyo ng audiology, chiropractic, occupational therapy at speech therapy. Maaaring bigyan ng L.A. Care ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot) ang mga karagdagang serbisyo bilang medikal na kinakailangan.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

- **Audiology (pandinig)**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo sa audiology. Limitado sa dalawang serbisyo kada buwan ang mga serbisyo sa audiology, kasama ng mga serbisyo ng acupuncture, chiropractic, occupational therapy at speech therapy. Maaaring bigyan ng L.A. Care ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot) ang mga karagdagang serbisyo bilang medikal na kinakailangan.

- **Mga paggamot ng kalusugan ng gawi**

Kabilang sa paggamot ukol sa kalusugan ng pag-uugali (Behavioral Health Treatment, BHT) ang mga programa ng serbisyo at paggamot, gaya ng mga programa ng applied behavior analysis at nakabatay sa katibayang intervention sa pag-uugali, na nagpapaunlad o nagpapanumbalik sa, hangga't maaari, paggana ng indibidwal.

Ang mga serbisyo ng BHT ay nagtuturo ng mga kakayahan gamit ang pag-oobserba at pagpapatibay ng pag-uugali, o sa pamamagitan ng pag-uudyok na ituro ang bawat hakbang ng isang pag-uugaling nilalayong ituro. Nakabatay ang mga serbisyo ng BHT sa maaasahang ebidensya at hindi eksperimental. Kabilang sa mga halimbawa serbisyo ng BHT ang intervention sa pag-uugali, mga package ng cognitive behavioral intervention, komprehensibong paggamot ng pag-uugali, at applied behavioral analysis.

Ang mga serbisyo ng BHT ay dapat medikal na kinakailangan, inireseta ng lisensyadong doktor, o sikolohista, inparubahan ng plano, at ibinigay sa paraang sumusunod sa inapubahang plano ng paggamot.

- **Mga klinikal na pagsubok sa cancer**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang isang klinikal na pagsubok kung ito ay kaugnay ng pag-iwas, pagtukoy, o paggamot ng cancer o ng iba pang mapanganib sa buhay na kondisyon at kung ang pag-aaral ay isinasagawa ng U.S. Food and Drug Administration (FDA), Centers for Disease Control and Prevention (CDC) o Centers for Medicare and Medicaid Services (CMS). Dapat aprubahan ng National Institutes of Health, ng FDA, ng Departamento ng Tanggulan (Department of Defense), o ng Administrasyon ng Mga Beterano (Veterans Administration).

- **Rehabilitasyon ng Pusong**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng rehabilitasyon ng pusong inpatient at outpatient.

- **Operasyong pampaganda**

Hindi sinasaklaw ng L.A. Care ang operasyong pampaganda upang baguhin ang hugis ng mga normal na istruktura ng katawan upang mapaganda ang hitsura.

- **Matibay na kagamitang medikal (Durable Medical Equipment, DME)**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang pagbili o pagrenta ng mga medikal na supply, kagamitan at iba pang serbisyong may reseta mula sa isang doktor. Maaaring masaklaw ang mga DME na item bilang medikal na kinakailangan upang mapanatili ang mga paggana ng katawang mahalaga sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay o upang maiwasan ang malalang pisikal na kapansanan. Hindi sinasaklaw ng L.A. Care ang ginhawa, kadalian o mamahaling kagamitan, tampok, at panustos.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- **Enteral at parenteral na nutrisyon**

Ang mga pamamaraang ito ng paghahatid ng nutrisyon sa katawan ay ginagamit kapag pinipigilan kayo ng medikal na kondisyong kumain ng pagkain nang normal. Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga enteral at parenteral na produkto ng nutrisyon kapag medikal na kinakailangan.

- **Mga hearing aid**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga hearing aid kung nasuri kayo para sa pagkawala ng pandinig at mayroon kayong reseta mula sa inyong doktor. Maaari ding saklawin ng L.A. Care ang mga pagrerenta, pagpapalit, at baterya ng hearing aid para sa inyong unang hearing aid.

- **Mga serbisyong pangkalusugan sa bahay**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyong pangkalusugang ibinibigay sa inyong bahay, kapag inireseta ng inyong doktor at nabatid na medikal na kinakailangan.

- **Mga medikal na supply, kagamitan, at appliance**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga medikal na supply na inireseta ng doktor.

- **Occupational therapy**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng occupational therapy, kabilang ang mga serbisyo ng pagtatasa ng occupational therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, pagtuturo at pagkonsulta. Limitado sa dalawang serbisyo kada buwan ang mga serbisyo ng occupational therapy kasama ng mga serbisyo ng acupuncture, audiology, chiropractic, at speech therapy. Maaaring bigyan ng L.A. Care ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot) ang mga karagdagang serbisyo bilang medikal na kinakailangan.

- **Orthotics/prostheses**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga orthotic at prosthetic na aparato at serbisyo na medikal na kinakailangan at inireseta ng inyong doktor, podiatrist, dentista, o hindi doktor na medikal na provider. Kabilang dito ang mga naka-implant na aparato para sa pandinig, breast prosthesis/mga mastectomy bra, compression na tela sa paso at prosthetic upang mapanubalik ang paggana o magpalit ng bahagi ng katawan, o upang suportahan ang isang humina o nasira ang anyong bahagi ng katawan.

- **Mga ostomy at urological na supply**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga ostomy bag, urinary catheter, draining bag, supply at pandikit para sa irigasyon. Hindi kabilang dito ang mga supply para sa ginhawa, kadalian, o mamahaling kagamitan o feature.

- **Physical therapy**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng physical therapy, kabilang ang mga serbisyo ng pagtatasa ng physical therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, pagtuturo, at pagkonsulta, at paglalapat ng mga topical na gamot.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

- **Rehabilitasyon ng baga**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang rehabilitasyon ng baga na medikal na kinakailangan at inireseta ng doktor.

- **Mga reconstructive na serbisyo**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga operasyon upang maayos ang mga abnormal na istruktura ng katawan upang mapahusay ang o gumawa ng normal na hitsura hangga't maaari. Ang mga abnormal na istruktura ng katawan ay iyong sanhi ng mga congenital na depekto, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksyon, mga tumor, o sakit.

- **Mga serbisyo ng pasilidad ng sanay na pag-aalaga**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng pasilidad ng sanay na pag-aalaga bilang medikal na kinakailangan nang hanggang 90 araw mula sa petsa ng pagpasok sa ospital ng bawat pagpasok. Kabilang sa mga serbisyong ito ang mga kuwarto at pagkain sa isang lisensyadong pasilidad na may sanay na pag-aalaga nang 24 na oras sa isang araw.

- **Speech therapy**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang speech therapy na medikal na kinakailangan. Limitado sa dalawang serbisyo kada buwan ang mga serbisyo ng speech therapy kasama ng mga serbisyo ng acupuncture, audiology, chiropractic, at occupational therapy. Maaaring bigyan ng L.A. Care ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot) ang mga karagdagang serbisyo bilang medikal na kinakailangan.

- **Mga serbisyo para sa transgender**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo para sa transgender (mga serbisyo ng pag-aayon ng kasarian) bilang isang benepisyo kapag ang mga ito ay medikal na kinakailangan o kapag natutugunan ng mga serbisyo ang pamantayan para sa reconstructive na operasyon.

## Mga serbisyo ng laboratoryo at radiology

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng laboratoryo at X-ray ng outpatient at inpatient kapag medikal na kinakailangan. Sinasaklaw ang ilang advanced na pamamaraan ng imaging batay sa pangangailangang medikal.

## Mga serbisyo para sa pag-iwas sa sakit at pagpapanatili ng kalusugan at pamamahala ng hindi gumagaling na sakit

Sinasaklaw ng plano ang:

- Mga inirerekomandang bakuna ng Tagapayong Komite para sa Mga Kasanayan sa Pagbabakuna
- Mga serbisyong pagpapalano ng pamilya
- Mga rekomendasyon ng Bright Futures ng Pamamahala ng Mga Mapagkukunan at Serbisyo sa Kalusugan (Health Resources and Service Administration)
- Mga inirekomandang serbisyong pang-iwas sa sakit para sa mga kababaihan ng Institute of Medicine



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Mga serbisyo para sa pagtigil sa paninigarilyo
- Mga inirerekomendang serbisyong pang-iwas sa sakit ng Task Force A at B ng Mga Serbisyong Pang-iwas sa Sakit ng United States (United States Preventive Services Task Force A at B)

Ibinibigay ang mga serbisyo ng pagpapalano ng pamilya sa mga miyembrong nasa edad na maaari nang magkaanak upang matulungan silang matukoy ang bilang at pagitan ng mga anak. Kasama sa mga serbisyong ito ang ilang pamamaraan ng pagkontrol ng pagbubuntis na inaprubahan ng FDA. Available ang mga PCP at espesyalista sa ob/gyn ng L.A. Care para sa mga serbisyo ng pagpapalano ng pamilya.

Para sa mga serbisyo ng pagpapalano ng pamilya, maaari din kayong pumili ng doktor o klinikang hindi konektado sa L.A. Care nang hindi kumukuha ng paunang pag-apruba mula sa L.A. Care. Maaaring hindi saklaw ang mga serbisyong mula sa wala sa network na provider na hindi nauugnay sa pagpapalano ng pamilya. Para matuto pa, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

### Programa ng Pag-iwas sa Diabetes

Ang Programa ng Pag-iwas sa Diabetes (Diabetes Prevention Program, DPP) ay isang nakabatay sa katibayang programa ng pagbabago ng paraan ng pamumuhay. Idinisenyo ito upang iwasan o antalahin ang paglitaw ng type 2 diabetes sa mga indibidwal na na-diagnose na may prediabetes. Tumatagal ang programa ng isang taon. Maaari itong umabot hanggang sa ikalawang taon para sa mga miyembrong kwalipikado. Kabilang sa mga suporta at pamamaraan ng pamumuhay na inaprubahan ng programa ang, pero hindi limitado sa:

- Pagbibigay ng peer coach
- Pagtuturo ng pagsubaybay sa sarili at paglutas ng problema
- Pagbibigay ng lakas ng loob at puna
- Pagbibigay ng mga materyal na may impormasyon upang suportahan ang mga layunin
- Pagsubaybay sa mga regular na pagsukat ng timbang upang makatulong na makamit ang mga layunin

Dapat matugunan ng mga miyembro ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat sa programa upang sumali sa DPP. Tawagan ang L.A. Care upang matuto pa tungkol sa programa at pagiging karapat-dapat.

### Mga serbisyo sa problema sa paggamit ng substance

Sinasaklaw ng plano ang:

- Mga pagsusuri sa labis na pag-inom ng alak at mga intervention na pagpapayo sa kalusugan ng pag-uugali para sa labis na pag-inom ng alak



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.



### Mga pediatric na serbisyo

Sinasaklaw ng plano ang:

- Mga serbisyo ng maaga at pana-panahong pagsusuri, diagnostic at paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment, EPSDT).
  - Kung kayo o ang inyong anak ay wala pang 21 taong gulang, sinasaklaw ng L.A. Care ang mga well-child na pagpapatingin. Ang mga well-child na pagpapatingin ay isang kumprehensibong hanay ng mga serbisyo ng pang-iwas, pagsusuri, diagnostic at paggamot.
  - Maaaring makatulong ang L.A. Care na gumawa ng mga appointment kung kailangan ng tulong at maaari itong makapagbigay ng transportasyon upang matulungan ang mga batang makuha ang pangangalagang kailangan nila.
  - Ang mga pangangalagang pang-iwas sa sakit ay maaaring regular na pagpapatingin ng kalusugan at pagsusuri upang matulungan ang inyong doktor ng mahanap nang maaga ang mga problema. Nakakatulong sa inyong doktor ang mga regular na pagpapatinging maghanap ng anumang problema sa inyong medikal, dental, paningin, pandinig, kalusugan ng isip, at anumang problema sa paggamit ng substance. Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng pagsusuri (kabilang ang pagtatasa ng antas ng lead sa dugo) anumang oras na kailangan ang mga ito, kahit na hindi ito sa panahon ng inyong regular na pagpapatingin. Gayundin, ang pangangalagang pang-iwas sa sakit ay maaaring mga bakunang kailangan ninyo o ng inyong anak. Dapat tiyakin ng L.A. Care na ang lahat ng nakatalang bata ay makakuha ng mga bakuna sa panahon ng anumang pagpapatingin para sa pangangalagang pangkalusugan.
  - Kapag nakakita ng isang problema sa pisikal na kalusugan o isyu sa kalusugan ng isip sa panahon ng pagpapatingin o pagsusuri, maaaring mayroong pangangalagang makaayos o makatulong sa problema. Kung ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan at responsable ang L.A. Care para sa pagbabayad para sa pangangalaga, sasaklawin ng L.A. Care ang pangangalaga nang libre sa inyo. Kabilang sa mga serbisyong ito ang:
    - Doktor, manggagamot na nars, at pangangalaga sa ospital
    - Mga bakuna upang panatilihin kayong malusog
    - Mga physical, speech/language, at occupational therapy
    - Mga serbisyong pangkalusugan sa bahay, na maaaring kagamitang medikal, mga supply, at appliance
    - Paggamot para sa paningin at pandinig, na maaaring mga salamin at hearing aid
    - Paggamot ukol sa Kalusugan ng Pag-uugali para sa mga autism spectrum disorder at iba pang kapansanan sa paglaki
    - Pamamahala ng kaso, naka-target na pamamahala ng kaso at edukasyong pangkalusugan



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Reconstructive na operasyon, na operasyon upang itama o ayusin ang mga abnormal na istruktura ng katawang sanhi ng mga congenital na depekto, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, mga impeksyon, tumor, o sakit upang pahasayin ang paggana o gumawa ng normal na hitsura
- Kung ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan at responsable ang L.A. Care para sa pagbabayad para sa pangangalaga, tutulungan kayo ng L.A. Care na makuha ang tamang pangangalagang kailangan ninyo. Kabilang sa mga serbisyong ito ang:
  - Mga serbisyo ng paggamot at rehabilitative na serbisyo para sa mga problema sa kalusugan ng isip at paggamit ng substance
  - Paggamot para sa mga problema sa ngipin, na maaaring orthodontics
  - Mga serbisyo ng pribadong tungkulin sa pangangalaga
- Mga serbisyo ng early intervention
  - Ang mga well-child na pagpapatingin ay isang malawak na hanay ng mga serbisyo ng pang-iwas, pagsusuri, diagnostic at paggamot. Kung may mga alalahanin tungkol sa kung paano lumalaki ang inyong anak bago ang edad na 3, maaaring i-refer ng doktor ang inyong anak sa isang lokal na programa ng Early Intervention. Gumaganap ang mga programang ito upang iwasan o bawasan ang mga antala sa kung paano lumalaki ang mga bata. Available ang Early Intervention nang libre sa inyo. Matutulungan kayo ng L.A. Care na maikonekta kayo sa inyong lokal na programa. Para matuto pa, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

## Mga serbisyo para sa paningin

Sinasaklaw ng plano ang:

- Karaniwang pagsusuri sa mata isang beses bawat 24 na buwan; maaaring bigyan ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot) ng L.A. Care ang mga karagdagang serbisyo gaya ng medikal na kinakailangan.
- Mga salamin sa mata (mga frame at lens) isang beses sa bawat 24 na buwan; contact lens kapag kinakailangan para sa mga medikal na kondisyon gaya ng aphakia, aniridia at keratoconus.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga provider ng pangangalaga sa paningin, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

### Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (NEMT)

Makakagamit kayo ng hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (Non-Emergency Medical Transportation, NEMT) kapag hindi kayo makapunta sa inyong medikal, pang-ngipin, kalusugan ng isip at problema sa paggamit ng substance na appointment sa pamamagitan ng kotse, bus, tren, o taxi nang dahil sa pisikal o medikal na kondisyon ninyo, at ang plano ang magbabayad para sa inyong medikal o pisikal na kondisyon. Bago humiling ng iskedyul sa NEMT, kailangan ninyong hilingin ang serbisyo sa pamamagitan ng inyong doktor o provider na aprubado ng DHCS, at itatakda nila sa inyo ang tamang uri ng transportasyon para matugunan ang inyong medikal na kondisyon at isusumite nila ang kahilingan ng paunang pag-apruba sa L.A. Care sa ngalan ninyo.

Ang NEMT ay ambulansya, litter at wheelchair van, o transportasyong panghimpapawid. Ang NEMT ay hindi kotse, bus, o taxi. Pinapayagan ng L.A. Care ang pinakamurang NEMT para sa inyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan ninyo ng sasakyan papunta sa inyong appointment. Nangangahulugan iyon na, halimbawa, kung maihahatid kayo ng wheelchair van nang naaayon sa pisikal o medikal na kondisyon ninyo, hindi magbabayad ang L.A. Care para sa ambulansya. Makakagamit lang kayo ng transportasyong panghimpapawid kung hindi kayo maaaring ihatid gamit ang anumang uri ng transportasyong panlupa dahil sa inyong medikal na kondisyon.

Dapat gamitin ang NEMT kapag:

- Pisikal o medikal itong kinakailangan gaya ng tinutukoy sa nakasulat na pagpapahintulot ng doktor o provider na aprubado ng DHCS, o hindi kayo maaaring sumakay sa bus, taxi, kotse, o van upang pumunta sa inyong appointment dahil sa pisikal o medikal na kondisyon ninyo.
- Kailangan ninyo ng tulong mula sa driver papunta at paalis sa inyong tirahan, sasakyan, o pagamutan dahil sa kapansanang pisikal o kapansanan sa isip.
- Pauna itong inaaprubahan ng L.A. Care sa pamamagitan ng nakasulat na pagpapahintulot ng doktor bago maiskedyul ang transportasyon

Upang humiling ng mga serbisyong NEMT na inirekomenda ng inyong doktor, pakitawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** nang hindi bababa sa 2 araw ng trabaho (Lunes-Biyernes) bago ang inyong appointment. Para sa mga agarang appointment, tumawag sa lalong madaling panahon. Pakihanda ang inyong ID card ng miyembro kapag tumawag kayo.

### Mga Limitasyon ng NEMT

Walang limitasyon sa pagtanggap ng NEMT upang makapunta o makaalis sa mga medikal, pang-ngipin, kalusugan ng isip at problema sa paggamit ng substance na appointment na saklaw sa ilalim ng L.A. Care kapag inirekomenda ito sa inyo ng isang provider. Kung sinasaklaw ng Medi-Cal ang uri ng appointment ngunit hindi ng inyong planong pangkalusugan, ang inyong planong pangkalusugan ang magbibigay sa inyo o tutulong na iiskedyul ang transportasyon ninyo.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

**Ano ang hindi nalalapat?**

Hindi ibibigay ang transportasyon kung pinahihintulutan kayo ng inyong pisikal at medikal na kondisyon na pumunta sa inyong medikal na appointment sa pamamagitan ng kotse, bus, taxi, o iba pang madaling ma-access na paraan ng transportasyon. Hindi ibibigay ang transportasyon kung hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang serbisyo. Nasa Handbook ng Miyembro na ito ang listahan ng mga sinasaklaw na serbisyo.

**Babayaran ng miyembro**

Walang gagastusin kapag pinahintulutan ng L.A. Care ang transportasyon.

**Hindi medikal na transportasyon (NMT)**

Makakagamit kayo ng hindi medikal na transportasyon (Non-Medical Transportation, NMT) kapag kayo ay:

- Naglalakbay papunta at paalis sa appointment para sa saklaw na serbisyo ng Medi-Cal
- Pagkuha ng mga reseta at medikal na supply

Pinapayagan kayo ng L.A. Care na gumamit ng kotse, bus, o iba pang pampubliko/pribadong paraan ng pagpunta sa inyong mga medikal na appointment para sa mga saklaw na serbisyo ng Medi-Cal. Nagbibigay ang L.A. Care ng pag-reimburse sa mileage kapag ang transportasyon ay isang pribadong sasakyang isinaayos ng miyembro at hindi sa pamamagitan ng broker ng transportasyon, mga pass sa bus, voucher para sa taxi, o ticket sa tren.

Bago kumuha ng pag-apruba para sa pag-reimburse sa mileage, kailangan ninyong ipahayag sa L.A. Care sa pamamagitan ng telepono, email o nang personal na sinubukan ninyong kunin ang lahat ng iba pang makatwirang pagpipilian sa transportasyon at hindi kayo nakakuha ng isa. Pinapayagan ng L.A. Care ang pinakamurang uri ng NMT na tumutugon sa inyong mga medikal na pangangailangan.

Upang humiling ng mga serbisyong NMT na pinahintulutan ng inyong provider, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** nang hindi bababa sa 2 araw ng trabaho (Lunes-Biyernes) bago ang inyong appointment o tumawag sa lalong madaling panahon kapag mayroon kayong agarang appointment. Pakihanda ang inyong ID card ng miyembro kapag tumawag kayo.

**Mga Limitasyon ng NMT**

Walang limitasyon sa pagtanggap ng NMT papunta o paalis sa mga medikal, pang-ngipin, kalusugan ng isip at problema sa paggamit ng substance na appointment. Kung sinasaklaw ng Medi-Cal ang uri ng appointment ngunit hindi ng inyong planong pangkalusugan, ang inyong planong pangkalusugan ang magbibigay sa inyo o tutulong na iiskedyul ang transportasyon ninyo.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

### **Ano ang hindi nalalapat?**

Hindi nalalapat ang NMT kung:

- Medikal na kailangan ng ambulansya, litter van, wheelchair van, o iba pang uri ng NEMT upang makapunta sa isang saklaw na serbisyo.
- Kailangan mo ng tulong mula sa driver papunta at paalis sa tirahan, sasakyan, o pagamutan dahil sa kundisyong pisikal o kundisyon sa pag-iisip.
- Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang serbisyo.

### **Babayaran ng miyembro**

Walang gagastusin kapag pinahintulutan ng L.A. Care ang transportasyon.

### **Mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS)**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga benepisyo ng LTSS na ito para sa mga miyembrong kwalipikado:

- Mga serbisyo sa pasilidad ng sanay na pag-aalaga gaya ng inaaprubahan ng L.A. Care
- Mga Serbisyong Nasa Bahay at Komunidad gaya ng inaaprubahan ng L.A. Care

### **Institusyonal na pangmatagalang pangangalaga**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga sa pasilidad ng sanay na pag-aalaga gaya ng medikal na kinakailangan mula sa ika-91 araw ng pagpasok sa ospital hanggang sa lumabas kayo.

Upang matuto pa, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

### **Mga serbisyo sa ngipin**

Sinasaklaw ng Medi-Cal ang ilang serbisyo sangipin, kabilang ang:

- Mga diagnostic na pamamaraan at pamamaraang pang-iwas sa sakit sa ngipin (gaya ng mga pagsusuri, X-ray, at pagpapalinis ng ngipin)
- Mga serbisyong pang-emergency para sa pagkontrol ng pananakit
- Mga pagbunot ng ngipin
- Mga pasta
- Mga root canal na paggamot (anterior/posterior)
- Mga crown (prefabricated/laboratory)
- Scaling at root planning
- Pagpapanatili ng gilagid



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Kumpleto at hindi kumpletong pustiso
- Orthodontics para sa mga batang kwalipikado

Kung may mga tanong kayo o gusto ninyong matuto pa tungkol sa mga serbisyong pangngipin, tawagan ang Denti-Cal sa **1-800-322-6384** (TTY **1-800-735-2922**). Maaari din kayong bumisita sa website ng Denti-Cal sa **denti-cal.ca.gov**.

### Mga Serbisyong Telehealth

Maaari makapagbigay ang L.A. Care ng ilan sa inyong mga serbisyo sa pamamagitan ng telehealth. Ang telehealth ay isang paraan ng pagtanggap ng mga serbisyo nang hindi kinakailangang nasa parehong lokasyon kayo ng inyong provider. Maaaring gamitin sa telehealth ang live video na pakikipag-usap sa inyong provider. O maaari ding magkaroon sa telehealth ng pagbabahagi ng impormasyon sa inyong provider nang walang live na pag-uusap. Mahalagang sumang-ayon kayo at ang inyong provider na naaangkop para sa inyo ang paggamit ng telehealth sa partikular na serbisyo. Maaari kayong makipag-ugnayan sa L.A. Care para matukoy kung anong mga uri ng serbisyo ng L.A. Care ang maaaring maibigay sa inyo sa pamamagitan ng telehealth.

## Mga benepisyo sa Inisyatiba sa Pinangangasiwaang Pangangalaga

Isa itong listahan ng minimum ng mga benepisyo sa Inisyatiba sa Pinangangasiwaang Pangangalaga (Coordinated Care Initiative, CCI). Para sa mga detalye sa mga benepisyo sa CCI, mangyaring pumunta sa seksyong Inisyatiba sa Pinangangasiwaang Pangangalaga (CCI) ng handbook na ito.

Sinasaklaw ng plano ang:

- Network ng mga provider na nagtutulungan para sa inyo
- Coordinator ng personal na pangangalaga na nagsisigurong makukuha ninyo ang pangangalaga at suportang kailangan ninyo
- Naka-customize na pagsusuri ng inyong mga pangangailangang pangkalusugan at plano sa pangangalaga
- Mga piling benepisyo sa Medi-Cal gaya ng Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta
- Isang card ng insurance sa kalusugan
- Isang nurse advice line na matatawagan 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## Ang hindi sinasaklaw ng inyong planong pangkalusugan

### Iba pang serbisyo na maaari ninyong makuha sa pamamagitan ng Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal

Kung minsan ay hindi sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo, pero maaari pa rin ninyong makuha ang mga ito sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal. Nakalista sa seksyon na ito ang mga serbisyong ito. Para matuto pa, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

#### ***Mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip***

Nagbibigay ang mga plano sa kalusugan ng isip ng county ng mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip (Specialty Mental Health Services, SMHS) sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal na natutugunan ang mga panuntunan sa medikal na pangangailangan. Maaaring isama ng SMHS ang mga serbisyo sa outpatient, pantahanan at inpatient na ito:

- Mga serbisyong outpatient:
  - Mga serbisyo sa kalusugan ng isip (pagtatasa, pagbuo ng plano, therapy, rehabilitasyon at kolateral)
  - Mga serbisyo sa suporta sa gamot
  - Mga serbisyo ng matinding paggamot sa araw
  - Mga serbisyong rehabilitasyon sa araw
  - Mga serbisyo ng pamamagitan sa krisis
  - Mga serbisyo ng pagpapatatag sa krisis
  - Mga serbisyo sa naka-target na pamamahala ng kaso
  - Mga serbisyo sa therapy sa pag-uugali
  - Matinding pagsasaayos ng pangangalaga (Intensive Care Coordination, ICC)
  - Mga matinding serbisyo sa bahay (Intensive Home-Based Services, IHBS)
  - Therapeutic na foster care (Therapeutic Foster Care, TFC)
- Mga serbisyong pantahanan:
  - Mga serbisyong pantahanang paggamot sa nasa hustong gulang
  - Mga serbisyong pantahanang paggamot sa krisis
- Mga serbisyong inpatient:
  - Mga serbisyo ng ospital sa para sa inpatient na may malalang sakit sa isip
  - Mga serbisyo ng propesyonal sa ospital para sa inpatient na may sakit sa isip
  - Mga serbisyo ng pasilidad na pangkalusugan ng may sakit sa isip



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Para matuto pa tungkol sa mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip na ibinibigay ng plano sa kalusugan ng isip ng county, maaari ninyong tawagan ang Departamento ng Kalusugan ng Isip ng Los Angeles County sa **1-800-854-7771** o bisitahin ang **dmh.lacounty.gov**. Para mahanap ang mga walang bayad na numero ng telepono ng lahat ng county online, bisitahin ang **dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx**.

### ***Mga serbisyo sa problema sa paggamit ng substance***

Sinasaklaw ng L.A. Care ang pagsusuri at maikling intervention ng provider ng pangunahing pangangalaga para sa paggamit ng substance. Para sa higit pang matinding serbisyo sa problema sa paggamit ng substance, kabilang ang mga serbisyong pantahanan, maaaring irerekomenda kayo ng inyong PCP o espesyalista sa kalusugan ng isip sa Substance Abuse Prevention and Control (SAPC) ng Los Angeles County. Hindi ninyo kailangan ng rekomendasyon para humiling ng mga serbisyo mula sa Los Angeles County. Maaari ninyong tawagan ang SAPC sa **1-844-804-7500**.

## **Mga serbisyong hindi ninyo maaaring makuha sa pamamagitan ng L.A. Care o Medi-Cal**

May ilang serbisyong hindi sasaklawin ng L.A. Care o Medi-Cal, kabilang ang:

- Pagsusuri at paggamot sa kakayahang magkaanak, pero hindi limitado sa:
  - Intrauterine insemination
  - In-vitro fertilization
  - Mga gamot sa pagkabaog
- Mga pang-eksperimentong gamot at paggamot bukod pa sa klinikal na pagsubok sa cancer
- Mga gamot sa erectile dysfunction (ED) at iba pang therapy sa ED
- Basahin ang bawat seksyon sa ibaba para matuto pa. O tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

### ***California Children's Services (CCS)***

Ang CCS ay isang programa ng estado na gumagamot sa mga batang wala pang 21 taong gulang na may ilang partikular na kondisyon ng kalusugan, sakit o hindi gumagaling na problema at na natutugunan ang mga panuntunan ng programa ng CCS. Kung sa palagay ng L.A. Care o ng inyong PCP na may CCS na kondisyon ang inyong anak, irerekomenda siya sa programa ng CCS ng county para mataya para sa pagiging karapat-dapat.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.



## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

Magpapasya ang kawani sa programa ng CCS kung ang inyong anak ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng CCS. Kung magiging kwalipikado ang inyong anak na matanggap ang uri ng pangangalagang ito, gagamutin siya ng mga provider ng CCS para sa CCS na kondisyon. Patuloy na sasaklawin ng L.A. Care ang mga uri ng serbisyo na walang kaugnayan sa CCS na kondisyon gaya ng mga pisikal, pagpapabakuna at well-child checkup.

Hindi sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyong ibinibigay ng programa ng CCS. Para saklawin ng CCS ang mga serbisyong ito, kailangang aprubahan ng CCS ang provider, mga serbisyo at kagamitan.

Hindi sinasaklaw ng CCS ang lahat ng kondisyon ng kalusugan. Sinasaklaw ng CCS ang karamihan ng kondisyon ng kalusugan na may kapansanan sa katawan o kailangang magamot gamit ang mga gamot, operasyon, o rehabilitasyon (rehab). Sinasaklaw ng CCS ang mga kondisyon ng kalusugan gaya ng:

- Congenital na sakit sa puso
- Mga cancer
- Mga tumor
- Hemophilia
- Sickle cell anemia
- Mga problema sa thyroid
- Diabetes
- Mga malubhang hindi gumagaling na sakit sa bato
- Sakit sa atay
- Sakit sa bituka
- Cleft lip/palate
- Spina bifida
- Paghina ng pandinig
- Mga katarata
- Cerebral palsy
- Mga seizure sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon
- Rheumatoid arthritis
- Muscular dystrophy
- AIDS
- Malalang pinsala sa ulo, utak, o spinal cord
- Malalang paso
- Malalang pag-usli ng ngipin



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Binabayaran ng Estado ang mga serbisyo sa CCS. Kung hindi karapat-dapat ang inyong anak para sa mga serbisyo ng programa ng CCS, patuloy siyang makakatanggap ng medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa L.A. Care.

Para matuto pa tungkol sa CCS, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

## Iba pang programa at serbisyo para sa mga taong may Medi-Cal

May iba pang programa at serbisyo para sa mga taong may Medi-Cal, kabilang ang:

- Inisyatiba sa Pinangangasiwaang Pangangalaga (Coordinated Care Initiative, CCI)
- Pagbibigay ng organ at tissue bilang donasyon
- Health Homes Program (HHP)

Basahin ang bawat seksyon sa ibaba para matuto pa tungkol sa iba pang programa at serbisyo para sa mga taong may Medi-Cal.

### Inisyatiba sa Pinangangasiwaang Pangangalaga (CCI)

Ang Inisyatiba sa Pinangangasiwaang Pangangalaga ng California (CCI) ay nakikipagtulungan para mapahusay ang pangangasiwa ng pangangalaga para sa mga karapat-dapat sa dalawa (mga taong kwalipikado sa Medi-Cal at Medicare). May dalawang pangunahing bahagi ang CCI:

#### **Cal MediConnect**

Layunin ng programang Cal MediConnect na mapahusay ang pangangasiwa ng pangangalaga para sa mga karapat-dapat sa dalawa. Nagbibigay-daan itong makapagpatala sila sa iisang plano para mapamahalaan ang kanilang mga benepisyo, sa halip na paghiwalayin ang mga planong Medi-Cal at Medicare. Naglalayon din ito ng de-kalidad na pangangalaga na makakatulong sa mga tao na manatiling malusog at nasa kanilang bahay hangga't maaari.

#### **Mga pinamamahalaang pangmatagalang serbisyo at suporta (Managed Long-term Services and Supports, MLTSS)**

Kailangang sumali ang lahat ng benepisyaryo ng Medi-Cal, kasama ang mga karapat-dapat sa dalawa, sa isang plano ng pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal para makatanggap ng kanilang mga benepisyo sa Medi-Cal, kasama ang mga wrap-around na benepisyo sa LTSS at Medicare.

Para matuto pa tungkol sa CCI, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

### **Pagbibigay ng organ at tissue bilang donasyon**

Maaaring makatulong ang sinuman sa pagliligtas sa mga buhay sa pamamagitan ng pagiging donor ng organ o tissue. Kung kayo ay nasa pagitan ng 15 at 18 taong gulang, maaari kayong maging donor gamit ang nakasulat na pahintulot ng inyong magulang o tagapag-alaga. Maaaring magbago ang inyong isip sa pagiging donor ng organ anumang oras. Kung gusto ninyong matuto pa tungkol sa pagbibigay ng organ o tissue bilang donasyon, makipag-usap sa inyong PCP. Maaari rin kayong bumisita sa website ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao ng United States sa **organdonor.gov**.

### **Health Homes Program (HHP)**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng Health Homes Program (HHP) para sa mga miyembrong may ilang partikular na hindi gumagaling na kondisyon ng kalusugan. Tutulong ang mga serbisyong ito sa pangangasiwa sa mga serbisyo sa kalusugan ng katawan, serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali, at mga pangmatagalang serbisyo at suporta sa komunidad (LTSS) para sa mga miyembrong may mga hindi gumagaling na kondisyon.

Maaaring may makipag-ugnayan sa inyo kung magiging kwalipikado kayo para sa programa. Maaari rin kayong tumawag sa L.A. Care, o makipag-usap sa inyong doktor o sa kawani sa klinika, upang alamin kung maaari kayong tumanggap ng mga serbisyo ng HHP.

Maaari kayong maging kwalipikado para sa HHP kung:

- May ilang partikular na pabalik-balik kayong kundisyon sa kalusugan. Maaari rin kayong tumawag sa L.A. Care para alamin ang mga kondisyong kailangan para maging kwalipikado, at kung natutugunan ninyo ang isa sa sumusunod:
  - Mayroon ka ng tatlo o higit pang pabalik-balik na kundisyong kwalipikado para sa HHP
  - Namalagi ka sa ospital noong nakaraang taon
  - Bumisita ka sa departamento ng emergency nang tatlo o higit pang beses noong nakaraang taon; o
  - Wala kayong lugar na matitirhan.

Hindi ka kwalipikadong makatanggap ng mga serbisyo ng HHP kung:

- Tumatanggap ka ng mga serbisyo ng hospisy; o
- Namamalagi ka sa pasilidad na may sanay na tagapangalaga nang mahigit isang buwan mula nang mapasok at sa kasunod na buwan.

### **Mga saklaw na serbisyo ng HHP**

Bibigyan kayo ng HHP ng coordinator ng pangangalaga at pangkat ng pangangalaga na makikipagtulungan sa inyo at sa mga provider ninyo sa pangangalagang pangkalusugan, gaya ng inyong mga doktor, espesyalista, pharmacist, tagapamahala ng kaso, at iba pa, para ikoordina ang inyong pangangalaga. Magbibigay ang L.A. Care ng mga serbisyo ng HHP, na kinabibilangan ng:



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Kumprehensibong pamamahala sa pangangalaga
- Pagsasaayos ng pangangalaga
- Pagpapaunlad ng kalusugan
- Kumprehensibong pangangalaga sa paglipat
- Mga serbisyo ng suporta sa indibidwal at pamilya
- Rekomendasyon sa mga suportang pangkomunidad at panlipunan

### **Babayaran ng miyembro**

Walang gagastusin ang Miyembro para sa mga serbisyo ng HHP.

## **Pagsasaayos ng pangangalaga**

Nag-aalok ang L.A. Care ng mga serbisyo para matulungan kayong makipag-ugnayan sa inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan nang wala kayong ginagastos. Kung may mga tanong o alalahanin kayo tungkol sa inyong kalusugan o sa kalusugan ng inyong anak, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

### **Programa sa pamamahala ng pangangalaga**

Maaaring tawagan ng mga miyembro ang Care Management Department upang makipag-usap sa isang Tagapamahala ng Pangangalaga para sa tulong sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan gamit ang mga numerong nakalagay sa ibaba. Ang Care Management program ay isang libreng serbisyo mula sa L.A. Care Health Plan. Ang programa ay may mga nars, social worker at iba pang sinanay na kawaning handang tumulong sa inyo sa mga kumplikadong problemang nakakaapekto sa inyong kalusugan. Ang Tagapamahala ng Pangangalaga ay ang pangunahing tao sa programa na dapat ninyong tawagan upang matanggap ang tulong na kailangan ninyo.

Maaari ninyong tawagan ang inyong Tagapamahala ng Pangangalaga para sa:

- Mga katanungan tungkol sa inyong pangangalagang pangkalusugan
- Mga Katanungan tungkol sa pagkuha ng mga serbisyo sa kalusugang pang-asal (sakit sa kalusugan ng isip at paggamit ng substance)
- Mga tanong tungkol sa iba pang mga serbisyong maaaring makatulong na pabutihin ang inyong kalusugan

Maaaring makipag-usap ang mga miyembro sa isang Tagapamahala ng Pangangalaga o humiling ng pagbabago sa kanilang Tagapamahala ng Pangangalaga sa pamamagitan ng pagtawag sa walang bayad na numerong **1-844-200-0104**. Hindi magbabago ang inyong saklaw sa L.A. Care Health Plan kung pipiliin ninyong sumali o hindi sumali sa Programa sa Pamamahala ng Pangangalaga.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

### Mga serbisyong edukasyon sa kalusugan

Makakatulong sa inyo ang programa sa edukasyon sa kalusugan ng L.A. Care, ang *Health In Motion*™, na maabot ang inyong mga layunin sa kalusugan. Nag-aalok kami ng mga workshop, pagpapayo sa telepono, online tool na nasa English at Spanish para sa maraming kondisyon ng kalusugan. Available ang mga interpreter para sa iba pang wika.

Kasama sa mga paksa sa kalusugan ang:

- Hika
- Pag-iwas at pamamahala sa diabetes
- Kalusugan ng puso
- Nutrisyon at ehersisyo
- Paghinto sa paninigarilyo
- Suporta sa hindi gumagaling na kondisyon

Ang *My Health In Motion*™ ay online na programa sa edukasyon sa kalusugan ng L.A. Care. I-access ang *My Health In Motion*™ sa pamamagitan ng pag-sign in sa inyong account ng miymebro ng L.A. Care Connect sa **members.lacare.org**. Mula rito maaari kayong:

- Magsagot ng Appraisal sa Kalusugan at makakuha ng naka-personalize na ulat sa pagpapalakas ng katawan
- Makipag-ugnayan sa isang virtual na tagapagturo ng kalusugan
- Tingnan ang masusustansyang recipe
- Manood ng mga video
- Mag-sign up para sa mga online na workshop para sa pagpapalakas ng katawan

Kabilang sa iba pang programa at mapagkukunan sa edukasyon sa kalusugan ng L.A. Care ang:

- Mga espesyal na programa para sa mga nanay at sanggol
- Mga nakasulat na materyales sa wika at format na nais ninyo
- Mga rekomendasyon ng komunidad
- Nurse Advice Line

Ibinibigay ang lahat ng serbisyo ng edukasyon sa kalusugan nang walang bayad. Para matuto pa tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) o pumunta sa **lacare.org/healthy-living/health-resources/health-education**.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## Pagtataya ng mga bago at umiiral na teknolohiya

Sumusunod ang L.A. Care sa mga pagbabago at pangunguna sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga bagong panggamot, gamot, pamamaraan at aparato. Tinatawag din itong “bagong teknolohiya.” Sumusunod ang L.A. Care sa bagong teknolohiya para matiyak na may access ang mga miyembro sa ligtas at epektibong pangangalaga. Sinusuri ng L.A. Care ang bagong teknolohiya para sa mga medikal at kalusugan ng isip na proseso, pharmaceutical, at device. Ang kahilingan na magsuri ng bagong teknolohiya ay maaaring manggaling sa isang miyembro, practitioner, organisasyon, tagasuring doktor ng L.A. Care, o iba pang kawani.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

# 5. Mga karapatan at responsibilidad

---

Bilang miyembro ng L.A. Care, may ilang partikular na karapatan at responsibilidad kayo. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga karapatan at responsibilidad na ito. Kasama sa kabanatang ito ang mga legal na abiso na may karapatan kayo bilang miyembro ng L.A. Care.

---

## Ang inyong mga karapatan

Ang mga ito ang karapatan ng mga miyembro ng L.A. Care:

- Tratuhan nang may paggalang, pagbibigay ng nararapat na pagsasaalang-alang sa inyong karapatan sa pagkapribado at sa pangangailangan na panatilihin ang pagiging kumpidensyal ng inyong medikal na impormasyon
- Maghintay nang hindi lalampas sa 10 minuto para makipag-usap sa kinatawan ng mga serbisyo sa customer
- Makakuha ng mga appointment sa loob ng makatwirang haba ng oras
- Mabigyan ng impormasyon tungkol sa plano at mga serbisyo nito, kabilang ang Mga Saklaw na Serbisyo, ang mga practitioner at provider nito at mga karapatan at responsibilidad ng miyembro
- Magbigay ng mga rekomendasyon sa patakaran sa mga karapatan at responsibilidad ng miyembro ng organisasyon
- Sa isang maayos na talakayan sa mga naaangkop o medikal na kinakailangang opsyon sa paggamot para sa kanilang mga kondisyon, anuman ang saklaw na gastos o benepisyo
- Makapili ng provider ng pangunahing pangangalaga sa loob ng network ng L.A. Care
- Makisali sa mga pagpapasya tungkol sa inyong pangangalagang pangkalusugan, kasama ang inyong karapatan na tanggihan ang paggamot
- Maging malaya mula sa anumang uri ng paghihiganti kapag nagpapasya kayo tungkol sa inyong pangangalaga
- Magpasya kung paano ninyo gustong maalagaan kung magkakaroon kayo ng sakit o pinsalang nakamamatay
- Magpahayag ng mga karaingan, reklamo, o apela pasalita man o pasulat, tungkol sa organisasyon o sa pangangalagang natatanggap
- Makatanggap ng pagsasaayos ng pangangalaga



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Humiling ng apela sa mga pagpapasya para tanggihan, ipagliban o limitahan ang mga serbisyo o benepisyo
- Makatanggap ng mga serbisyo ng pasalitang pagsasalin para sa kanilang wika
- Makatanggap ng mga libheng nakasulat na materyales ng plano para sa inyong wika
- Maghain ng karaingan o reklamo kung hindi natutugunan ang inyong pangangailangan sa wika
- Makatanggap ng mga libheng karagdagang tulong at serbisyo
- Makatanggap ng libheng legal na tulong sa inyong lokal na tanggapan ng legal na tulong o iba pang grupo
- Magsagawa ng mga maagang tagubilin
- Humiling ng Pagdinig ng Estado, kasama ang impormasyon sa mga sitwasyon kung saan posible ang pinabilis na pagdinig
- Umalis sa pagkakatala kapag hiniling. Maaaring humiling ang mga miyembro ng pinabilis na pag-alis sa pagkakatala kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga nakakatanggap ng mga serbisyo sa ilalim ng Foster Care o Programang Tulong sa Pag-ampon at mga kinakailangan ng espesyal na pangangalagang pangkalusugan
- Magkaroon ng access sa Mga Serbisyo ng Pagpapahintulot sa mga Menor de Edad
- Makatanggap ng mga nakasulat na materyales na nagbibigay-alam sa miyembro sa alternatibong format (gaya ng braille, malalaking print at audio na format) kapag hiniling at sa napapanahon na paraan na naaangkop sa format na hinihiling at alinsunod sa Welfare & Institutions Code Section 14182 (b)(12)
- Hindi makaranas ng anumang uri ng paghihigpit o pambabalewala na gagamitin bilang isang paraan ng pamimilit, pandidisiplina, kaginhawahan o pagganti
- Makatanggap ng impormasyon sa mga available na opsyon at alternatibo sa paggamot, na inihain sa paraang naaangkop sa inyong kondisyon at kakayahang umunawa
- Magkaroon ng access sa at makatanggap ng kopya ng inyong mga medikal na talaan, at hilinging susugan o itama ang mga ito, gaya ng nakasaas sa 45 Code of Federal Regulations §164.524 at 164.526
- Maging malayang isagawa ang mga karapatang ito nang hindi negatibong naapektuhan kung paano kayo ituring ng L.A. Care, ng inyong mga provider o ng Estado
- Magkaroon ng access sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, Fresstanding na Paanakan, Pederal na Kuwalipikadong Health Center, serbisyo ng kumadrona, Rural na Health Center, serbisyo sa sakit na naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik at Pang-emergency na Serbisyo sa labas ng network ng L.A. Care alinsunod sa pederal na batas



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.



## Ang inyong mga responsibilidad

Ang mga ito ang responsibilidad ng mga miyembro ng L.A. Care:

- Tratuhan ang inyong doktor at ang lahat ng provider at kawani nang may kagandahang-loob at paggalang. May tungkulin kayong dumating sa tamang oras sa inyong mga pagpapatingin o tumawag sa tanggapan ng inyong doktor nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang inyong pagpapatingin upang magkansela o magpabago ng iskediyul
- Magbigay ng tamang impormasyon at ng pinamakaraming impormasyong maibibigay ninyo sa lahat ng inyong provider at sa L.A. Care
- Sumailalim sa mga regular na checkup at magsabi sa inyong doktor tungkol sa mga problema sa kalusugan bago maging malubha ang mga ito
- Makipag-usap sa inyong doktor tungkol sa inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, bumuo at sumang-ayon sa mga layunin, gawin ang inyong makakaya upang maintindihan ang inyong mga problema sa kalusugan, at sumunod sa mga plano at tagubilin sa paggamot na pareho ninyong sinasang-ayunan
- Mag-ulat sa L.A. Care ng pandaraya o maling gawain sa pangangalagang pangkalusugan. Magagawa ninyo ito nang hindi ibinibigay ang inyong pangalan sa pamamagitan ng pagtawag nang walang bayad sa Compliance Helpline ng L.A. Care sa **1-800-400-4889**, pagpunta sa **lacare.ethicspoint.com**, o pagtawag nang walang bayad sa Medi-Cal Fraud and Abuse Hotline ng Department of Health Care Services (DHCS) ng California sa **1-800-822-6222**.

## ABISO SA MGA KASANAYAN SA PAGKAPRIBADO

INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT IPAKITA ANG INYONG MEDIKAL, PANGNGIPIN, AT PAMPANINGING IMPORMASYON, NA MAY KAUGNAY SA INYONG MGA BENEPISYO SA KALUSUGAN, AT KUNG PAANO KAYO MAGKAKARON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. **PAKISURI ITO NANG MABUTI.**

Ang Local Initiative Health Authority for Los Angeles County, isang pampublikong entity na nagpapatakbo at nagsasagawa ng negosyo bilang L.A. Care Health Plan (L.A. Care) na nagbibigay ng inyong mga benepisyo at saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng mga programa ng Estado, Pederal, at komersyal na programa. Mahalaga para sa amin ang pag-iingat sa inyong protektadong impormasyong pangkalusugan (Protected Health Information, PHI). Kinakailangan ng L.A. Care na ibigay sa inyo ang abisong ito tungkol sa inyong mga karapatan at ilan sa aming responsibilidad para mapanatiling ligtas ang inyong PHI, kabilang ang abiso sa mga kasanayan ng California State, at ang abiso sa mga kasanayan ng Batas sa Portability at Accountability ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA). Sinasabi sa inyo ng abisong ito kung paano namin maaaring gamitin at



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

ibahagi ang inyong PHI. Sinasabi rin nito sa inyo kung ano ang inyong mga karapatan. Maaaring kayong magkaroon ng mga karagdagan o mas mahihigpit na karapatan sa pagkapribado alinsunod sa batas ng estado.

### I. **Ang Inyong PHI ay Personal at Pribado.**

Nakakatanggap ang L.A. Care ng PHI na tumutukoy sa pagkakakilanlan ninyo, gaya ng inyong pangalan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, personal na impormasyon, at impormasyon tungkol sa pananalapi, mula sa ilang mapagkukunan, gaya ng Estado, Pederal, at mga lokal na ahensya bago kayo maging karapat-dapat, maitalaga, at/o makapagpatala sa programa ng L.A. Care. Nakakatanggap din kami ng PHI tungkol sa inyo na ibinibigay ninyo sa amin. Nakakatanggap din kami ng PHI mula sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan gaya ng mga doktor, klinika, ospital, lab, at iba pang kumpanya o tagapagbayad ng insurance. Ginagamit namin ang impormasyon ito para iugnay, aprubahan, bayaran, at pahasayin ang inyong pangangalagang pangkalusugan, at para makipag-ugnayan sa inyo. Hindi namin gagamitin ang genetic na impormasyong ito sa pagpapasya kung ibibigay namin sa inyo ang saklaw sa pangangalagang pangkalusugan o ang halaga ng saklaw. Kung minsan, maaari kaming makatanggap ng impormasyon sa lahi, etnisidad, at wika tungkol sa inyo. Maaari naming gamitin ang impormasyong ito para matulungan kayo, makipag-ugnayan sa inyo, at matukoy ang inyong mga pangangailangan, gaya ng pagbibigay sa inyo ng mga edukasyonal na materyales sa wika na inyong gusto, at pag-aalok ng mga serbisyo ng tagasalin nang libre. Ginagamit at ibinabahagi namin ang impormasyong ito gaya ng isinasaad ng abisong ito. Hindi namin gagamitin ang impormasyong ito sa pagpapasya kung ibibigay namin sa inyo ang saklaw sa pangangalagang pangkalusugan o ang halaga ng saklaw.

### II. **Paano Namin Pinoprotektahan Ang Inyong PHI**

Ang L.A. Care ay nakatuon sa pagrotekta sa inyong PHI. Pinapanatili namin ang PHI ng aming mga kasalukuyan at dating miyembro na pribado at ligtas gaya ng iniaatas sa batas, at pamantayan ng akreditasyon. Gumagamit kami ng mga pisikal at elektronikong pag-iingat, at regular na sinasanay ang aming kawani sa paggamit at pagbabahagi ng PHI. Kabilang sa ilang mga paraan kung paano namin pinapanatili ang PHI ay ang pagtitiyak na ligtas ang mga tanggapan at naka-lock ang mga lamesa, at filing cabinet, mga protektado ng password na computer, elektronikong device, at pagbibigay lang ng access sa impormasyon na kinakailangan ng kawani para magawa ang kanilang trabaho. Kung saan iniaatas ng batas, kapag nakikipagtulungan sa amin ang aming mga partner sa negosyo, kailangan din nilang protektahan ang pagkapribado ng anumang PHI na ibinabahagi namin sa kanila at hindi pinapayagang magbigay ng PHI sa iba maliban kung pinapayagan ng batas, at ng abisong ito. Gaya ng iniaatas sa batas, ipapaalam namin sa inyo kung mayroong paglabag sa inyong hindi ligtas na PHI. Susundin namin ang abisong ito, at hindi namin gagamitin o ibabahagi ang inyong impormasyon bukod pa sa inilalarawan sa abisong ito, o bilang pagsunod sa mga batas ng Estado at Pederal, o alinsunod sa inyong pahintulot.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

### III. Mga Pagbabago sa Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribadong ito

Dapat sumunod ang L.A. Care sa abisong ginagamit namin ngayon. May karapatan kaming baguhin ang abiso sa mga kasanayan sa pagkapribado na ito anumang oras. Ang anumang mga pagbabago ay ilalapat sa inyong PHI, kasama ang PHI na matatanggap namin bago maisagawa ang mga pagbabago. Ipapaalam namin sa inyo kapag gumawa kami ng mga pagbabago sa abisong ito sa pamamagitan ng newsletter, sulat, o ng aming website. Maaari rin kayong humiling ng kopya ng bagong abiso, pakitingnan sa ibaba kung paano makipag-ugnayan sa amin.

### IV. Paano Namin Maaaring Gamitin at Ibahagi Ang PHI Tungkol sa Inyo

Kinokolekta, ginagamit, o ibinabahagi ng L.A. Care ang PHI gaya ng pinapayagan ng batas para sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalang pangkalusugan kaugnay ng programa kung saan kayo nakatala. Kabilang sa mga ginagamit o ibinabahaging PHI ang, pero hindi limitado sa:

- Pangalan;
- Address;
- Natatanggap na pangangalaga at paggamot;
- Kasaysayan ng kalusugan; at
- Ang halaga ng/bayad sa pangangalaga.

#### ***Mga Paraan na Karaniwan Naming Ginagamit at Ibinabahagi ang PHI:***

Karaniwang ginagamit at ibinabahagi namin ang PHI sa mga sumusunod na paraan:

- **Paggamot:** *Hindi kami nagbibigay ng paggamot*, pero maaari naming gamitin at ibahagi ang PHI sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at iba pang serbisyo gaya ng mga doktor, ospital, taga-supply ng matibay na kagamitang medikal, at iba pang nag-aalok sa inyo ng pangangalaga, at paggamot at iba pang serbisyo, at impormasyon para makatulong sa inyo.
- **Pagbabayad:** Maaari naming gamitin at ibahagi ang PHI sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, provider ng serbisyo at iba pang tagaseguro at tagapagbayad para magproseso ng mga kahilingan para sa mga pagbabayad, at bayad sa mga serbisyo sa kalusugan na ibinibigay sa inyo.
- **Mga Operasyon sa Pangangalaga sa Kalusugan:** Maaari naming gamitin at ibahagi ang PHI para magpatakbo ng aming organisasyon at makipag-ugnayan sa inyo kapag kinakailangan, halimbawa para sa mga audit, pagpapahusay ng kalidad, pamamahala ng pangangalaga, pangangasiwa ng pangangalaga, at pang-araw-araw na function. Maaari naming gamitin at ibahagi ang PHI sa mga programa ng Estado, Pederal, at County para sa mga pakikilahok, at nangangasiwa ng programa.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

**Ilang Halimbawa ng Mga Paraan ng Paggamit Namin ng PHI:**

- Magbigay ng impormasyon sa doktor o ospital para kumpirmahin ang inyong mga benepisy, copay, o deductible.
- Mag-apruba ng pangangalaga nang maaga.
- Magproseso at magbayad ng mga claim para sa mga serbisyo at paggamot sa pangangalagang pangkalusugan na natatanggap ninyo.
- Ibigay ang PHI sa inyong doktor o ospital para magamot nila kayo.
- Magsuri ng kalidad ng pangangalaga at mga serbisyo na natatanggap ninyo.
- Matulungan kayo at mabigyan kayo ng edukasyonal at pagpapahusay ng kalusugan na impormasyon at serbisyo, hal., para sa mga kondisyong tulad ng diabetes.
- Mapabatid sa inyo ang mga karagdagang serbisyo at programa na maaaring nasa interes ninyo at/o makatulong sa inyo, hal., klase sa pagpapalakas ng katawan sa Family Resource Center ng L.A. Care.
- Paalalahanan kayong kumuha ng regular na mga pagtataya, pagsusuri, o checkup sa kalusugan.
- Bumuo ng mga programa at inisyatiba sa pagpapahusay ng kalidad, kabilang ang paggawa, paggamit, o pagbabahagi ng walang pagkakakilanlan data gaya ng pinapahintulutan ng HIPAA.
- Gumamit at magbahagi ng impormasyon, direkta o hindi direkta, sa mga health information exchange, para sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan.
- Pagsisiyasat at pag-uusig sa mga kaso, gaya ng pandaraya, pag-aaksaya, o pang-aabuso.

***Iba Pang Paraan na Maaari Naming Gamitin at Ibahagi ang PHI:***

Pinapahintulutan at iniaatasan kaming magbahagi ng inyong PHI sa iba pang paraan, kadalasang para makapag-ambag sa ikabubuti ng publiko, gaya ng pampublikong kalusugan at pananaliksik. Magagamit at maibabahagi namin ang inyong PHI para sa mga sumusunod na karagdagang layunin:

- Para sumunod sa mga batas ng Estado, Pederal, o lokal.
- Para sumunod sa kahilingan ng ahensyang nagpapatupad ng batas, gaya ng pulisya, militar, ahensya ng pambansang seguridad, o ahensya o kinatawan ng Federal, Estado, o lokal na pamahalaan, gaya ng workers' compensation board, o ng ahensyang nangangasiwa sa kalusugan para sa mga aktibidad na pinapahintulutan ng batas, at utos ng hukuman o administratibo.
- Para makatugon sa Departamento ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao kung gusto nitong makita na sumusunod kami sa pederal na batas ng pagkapribado.
- Para makatulong sa mga recall ng produkto.
- Para makapag-ulat ng hindi magagandang reaksyon sa mga gamot.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## 5 | Mga karapatan at responsibilidad

- Para makapag-ulat ng pinaghihinalang pang-aabuso, pagpapabaya, o karahasan sa tahanan, gaya ng iniaatas o pinapayagan sa ilalim ng batas.
- Para sa pananaliksik sa pangangalagang pangkalusugan.
- Para makatugon sa mga kahilingan sa donasyon ng organ at tissue, at makipagtulungan sa isang medikal na tagasuri direktor ng punerarya.
- Kaugnay ng mga reklamo, pagsisiyasat, paghahabla at legal na pagkilos.
- Para makaiwas o makabawas sa isang malubhang panganib sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman.

### **Pakikipag-ugnayan Sa Inyo**

Maaari naming gamitin ang PHI sa pakikipag-ugnayan sa inyo o sa inyong itinalaga tungkol sa mga benepisyo, serbisyo, pagpili ng inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan at billing at pagbabayad. Susundin ng L.A. Care ang mga naaangkop na batas sa pakikipag-ugnayan nito sa inyo, kabilang ang Batas sa Proteksyon sa Consumer ng Telepono (Telephone Consumer Protection, TCPA). Maaari kaming makipag-ugnayan sa inyo gamit ang mga sulat, newsletter, pamphlet, at gaya ng sumusunod:

- **Mga Tawag sa Telepono.** Kung nagbigay kayo sa amin ng inyong numero ng telepono (kabilang ang numero ng telepono ng tagapag-alaga o itinalaga kung ibinigay nila ito), kabilang ang inyong numero ng cell phone, maaari namin, kasama ang aming mga affiliate at subcontractor, sa ngalan namin, kayong tawagan, kasama ang paggamit ng awtomatikong sistema ng pag-dial sa telepono/o ng artipisyal na boses alinsunod sa mga naaangkop na batas. Maaari kayong singilin ng inyong carrier ng mobile cell phone para sa pagtanggap ng mga tawag, mangyaring tawagan ang inyong carrier ng cell phone para sa impormasyong ito. Kung ayaw ninyong makipag-ugnayan sa ganitong paraan, ipaalam ito sa caller, o makipag-ugnayan sa amin para mailagay sa aming Listahan ng Huwag Tatawagan (Do Not Call).
- **Pagpapadala ng Text sa Inyo.** Kung nagbigay kayo sa amin ng inyong numero ng cell phone (kabilang ang numero ng telepono ng tagapag-alaga o itinalaga kung ibinigay nila ito), maaari kaming, kasama ng aming mga affiliate at subcontractor, sa ngalan namin, magpadala ng text sa inyo para sa ilang partikular na layunin, gaya ng mga paalala, opsyon sa paggamot, serbisyo, at paalala o kumpimasyon para sa premium na pagbabayad, alinsunod sa mga naaangkop na batas. Maaari kayong singilin ng inyong carrier ng mobile cell phone para sa pagtanggap ng mga text, mangyaring tawagan ang inyong carrier ng cell phone para sa impormasyong ito. Kung anumang oras ay ayaw na ninyong makatanggap ng mga mensaheng text, pakisunod ang mag-unsubscribe na impormasyon sa mensahe, o mangyaring sumagot ng “HUMINTO (STOP)” para huminto sa pagtanggap ng mga naturang mensahe.
- **Mga email.** Kung nagbigay kayo sa amin ng inyong email address (kabilang ang email address ng tagapag-alaga o itinalaga kung ibinigay nila ito), magpapadala kami ng email sa inyo para sa ilang limitadong layunin, hal., pagpapadala ng inyong pagpapatala, mga materyales para sa miyembro,



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

provider, at edukasyonal, o paalala o kumpirmasyon ng mga pagbabayad, kung sumasang-ayon kayong matanggap ang mga ito sa elektronikong paraan. Maaari kayong singilin ng inyong provider ng internet o email o mobile cell phone sa pagtanggap ng mga email, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong provider ng internet o email o mobile cell phone para sa impormasyong ito. Kinikilala at sinasang-ayunan ninyo na kung gagamit kayo ng unencrypted na email address at/o computer, o ia-access ninyo ang inyong mga email sa pamamagitan ng mobile device, o magbabahagi kayo ng email, o computer, o mobile cell phone, maaaring magkaroon ng panganib na mabasa ng ikatlong partido ang inyong PHI at tinatanggap ninyo ang mga panganib na nabanggit at tinatalikdan ninyo ang anumang proteksyon na maaari ninyong makuha sa ilalim ng anumang batas. Kung anumang oras ay ayaw na ninyong makatanggap ng mga mensahe sa email, pakisunod ang mga tagubilin sa “Mag-unsubscribe (Unsubscribe)” sa ibaba ng mensahe para huminto sa pagtanggap ng mga pakikipag-ugnayan sa email.

## V. Nakasulat na Pahintulot

Kung nais naming gamitin o ibahagi ang inyong PHI para sa anumang layunin na hindi ibinibigay sa abisong ito, kukuha kami ng nakasulat na pahintulot mula sa inyo. Halimbawa, ang paggamit o pagbabahagi ng PHI para sa mga pangangailangan sa pagmemerkado o pagbebenta ay nangangailangan ng inyong nakasulat na pahintulot. Kung gagamit o magbabahagi kami ng mga tala mula sa psychotherapy, maaari ring kailanganin namin ang inyong pahintulot. Kung ibibigay ninyo sa amin ang inyong pahintulot, maaari ninyong kanselahin ito anumang oras sa sulat, at hindi namin gagamitin o ibabahagi ang inyong PHI para sa layuning iyon pagkatapos ng petsa na prinoseso namin ang inyong kahilingan. Pero, kung nagamit o naibahagi na namin ang inyong PHI na mayroon ng inyong pahintulot, maaaring hindi na namin ma-undo ang anumang pagkilos na naisagawa bago ninyo kanselahin ang inyong pahintulot.

## VI. Ang Inyong Mga Karapatan

Mayroon kayong ilang partikular na karapatan sa inyong PHI at kung paano ito magagamit o maibabahagi. May karapatan kayong:

- **Makakuha ng kopya ng inyong mga talaan sa kalusugan at ng mga claim.** Maaari ninyong hilingin na makita, o makakuha ng kopya ng inyong PHI. Magbibigay kami ng kopya o buod ng inyong mga talaan sa kalusugan at ng mga claim. Maaaring may ilang impormasyon at talaan na hindi namin maaaring isiwalat gaya ng pinapahintulutan ng batas, o maaaring hindi namin maibigay ang ilang partikular na impormasyon sa ilang porma, format, o media. Maaari namin kayong singilin ng makatwirang halaga, para sa pagkopya at pagpapadala ng inyong PHI.

*Hindi nagtatabi ang L.A. Care ng kumpletong kopya ng inyong mga medikal na talaan, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kung gusto ninyong makita, o makakuha ng kopya ng, o magbago ng error sa inyong mga medikal na talaan.*

- **Hilingin sa amin na itama ang mga talaan sa kalusugan at ng mga claim.** Kung naniniwala kayo na mayroong pagkakamali sa inyong PHI, maaari ninyong hilingin sa amin na itama ito. Maaaring



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

may ilang impormasyon na hindi maaaring baguhin, hal., ang diagnosis ng doktor, at sasabihin namin ito sa inyo sa pamamagitan ng sulat. Kung bibigyan kami ng sinuman ng impormasyon, hal., ng inyong doktor, ipapaalam namin ito sa inyo, upang mahilingin ninyo sa kanila na maitama ito.

- **Hilingin na makipag-ugnayan sa inyo nang kumpidensyal.** Maaari ninyong hilingin sa amin na makipag-ugnayan kami sa inyo sa partikular na paraan (halimbawa, sa telepono sa bahay o tanggapan) o magpadala ng mail sa ibang address. Hindi lahat ng kahilingan ay maaaring sang-ayunan, pero pagbibigyan namin ang makatwirang kahilingan, hal., kung sasabihin ninyo sa amin na malalagay kayo sa panganib kung hindi namin gagawin ito.
- **Hilingin sa aming limitahan kung ano ang aming ginagamit o ibinabahagi.** Maaari ninyong hilingin sa aming huwag gamitin o magbahagi ng ilang partikular na impormasyong pangkalusugan para sa paggamot, pagbabayad, o ng aming mga operasyon. Batay sa batas, hindi namin kinakailangang sumang-ayon sa inyong kahilingan, at maaari kaming magsabi ng “hindi” kung makakaapekto ito sa inyong pangangalaga, pagbabayad sa mga claim, mga pangunahing operasyon, o hindi pagsunod sa mga panuntunan, regulasyon, o ahensya ng gobyerno, kahilingan ng nagpapatupad ng batas, o ng utos ng hukuman o administratibo.
- **Makakuha ng listahan ng mga pinagbahagian namin ng Inyong PHI.** Maaari kayong humiling sa amin ng listahan (accounting) ng mga pagkakataon na ibinahagi namin ang inyong impormasyong pangkalusugan, kung kanino namin ibinahagi ito, at ng maikling paglalarawan sa dahilan. Bibigyan namin kayo ng listahan para sa yugto ng inyong kahilingan. Batay sa batas, magbibigay kami ng listahan para sa maximum ng anim (6) na taon bago ang petsa ng inyong nakasulat na kahilingan. Isasama namin ang lahat ng pagsisiwalat maliban ang tungkol sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, at ilang partikular na pagsisiwalat, gaya ng kapag nagbahagi kami ng impormasyon sa inyo, o nang may pahintulot ninyo. Magbibigay kami ng isang accounting sa isang taon nang libre, pero maaari namin kayong singilin ng makatwirang halaga para sa anumang karagdagang kahilingan.
- **Makakuha ng kopya ng abiso sa pagkapribado na ito.** Maaari kayong makakuha ng papel na kopya ng abisong ito sa pamamagitan ng pagtawag sa amin.
- **Pumili ng sinuman na kumilos para sa inyo.** Kung nagbigay kayo sa ibang tao ng medikal na power of attorney o kung ang isang tao ay inyong legal na tagapag-alaga, maaaring isagawa ng taong iyon ang inyong mga karapatan at gumawa ng mga pagpipilian tungkol sa inyong PHI. Maaaring hilingin namin sa inyo o sa inyong itinalaga na magbigay sa amin ng ilang impormasyon at dokumento, hal., kopya ng utos ng hukuman na nagbibigay ng guardianship. Kakailanganin ninyo o ng inyong tagapag-alaga na magsabot ng nakasulat na pagpapahintulot, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa numero sa ibaba para malaman kung paano gawin ito.

Mangyaring tawagan kami sa numero sa inyong ID card, o sumulat sa amin para malaman kung paano hilingin ang nasa itaas. Kakailanganin ninyong magsumite ng inyong kahilingan sa sulat, at sabihin sa amin ang ilang partikular na impormasyon. Maaari naming ipadala sa inyo ang (mga) form.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

**VII. Mga Reklamo**

Kung sa palagay ninyo ay hindi namin pinoprotektahan ang inyong PHI, may karapatan kayong maghain ng reklamo sa amin, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa:

L.A. Care Member Services  
1055 West 7<sup>th</sup> Street, 10<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017  
Telepono: **1-888-839-9909**  
TTY/TDD **711**

***Maaari rin kayong makipag-ugnayan sa:***

U.S. Department of Health and Human Services  
Office for Civil Rights  
Attention: Regional Manager  
90 7<sup>th</sup> Street, Suite 4-100  
San Francisco, CA 94103  
Telepono: **1-800-368-1019**  
Fax: 1-415-437-8329  
TTY/TDD **1-800-537-7697**  
**[hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/](https://hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/)**

***Maaari ring makipag-ugnayan ang mga Miyembro ng Medi-Cal sa:***

California Department of Health Care Services  
Office of HIPAA Compliance  
Privacy Officer  
1501 Capitol Avenue, MS0010  
P.O. Box 997413  
Sacramento, CA 95899-7413  
**[dhcs.ca.gov](https://dhcs.ca.gov)**

**VIII. Gamitin Ang Inyong Mga Karapatan Nang Walang Takot**

Hindi magsasagawa ng anumang pagkilos ang L.A. Care laban sa inyo sa paggamit sa mga karapatan sa pagkapribado sa abisong ito o sa paghahain ng reklamo.

**IX. Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa**

Ang orihinal na petsa ng pagkakaroon ng bisa ng abisong ito ay sa Abril 14, 2003. Ang abisong ito ay pinakahuling nabago noong Oktubre 1, 2019.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[lacare.org](https://lacare.org)**.



### X. **Makipag-ugnayan sa Amin, o May Mga Tanong, o kung gusto ninyong magkaroon ng abisong ito sa ibang wika o format:**

Kung may mga tanong kayo tungkol sa abisong ito, o gusto ninyong makatulong sa paglalapat sa inyong mga karapatan, o gusto ninyong magkaroon ang abisong ito sa ibang threshold na wika (Arabic, Armenian, Chinese, Farsi, Khmer, Korean, Russian, Spanish, Tagalog, o Vietnamese), malalaking print, audio, o iba pang alternatibong format (kapag hiniling) nang libre, mangyaring tawagan o sulatan kami sa:

L.A. Care Member Services  
1055 West 7<sup>th</sup> Street, 10<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017  
Telepono: **1-888-839-9909**  
TTY/TDD **711**

o

L.A. Care Privacy Officer  
L.A. Care Health Plan  
1055 West 7<sup>th</sup> Street, 10<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017

---

## Abiso tungkol sa mga batas

Maraming batas na pinaiiiral dito sa Handbook ng Miyembro. Ang mga batas na ito ay maaaring makaapekto sa inyong mga karapatan at responsibilidad kahit na ang mga batas ay hindi isinama o ipinaliwanag sa handbook na ito. Ang mga pangunahing batas na naaangkop sa handbook na ito ay mga batas ng estado at pederal tungkol sa mga programa ng Medi-Cal. Maaari ring gamitin ang iba pang batas ng pederal at estado.

---

## Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang panghuling tagabayad

Kung minsan may ibang dapat munang magbayad para sa mga serbisyong ibinibigay sa inyo ng L.A. Care. Halimbawa, kung kayo ay nasa isang aksidente sa sasakyan o kung kayo ay napinsala sa trabaho, ang insurance o Workers Compensation ay kailangan munang magbayad.

May karapatan at responsibilidad ang DHCS para sa mga saklaw na serbisyo ng Medi-Cal kung saan hindi unang tagabayad ang Medi-Cal. Kung napinsala kayo, at may pananagutan ang ibang tao para sa inyong pinsala, kinakailangan ninyo o ng inyong legal na kinatawan na mag-abiso sa DHCS sa loob ng 30 araw ng paghahain ng legal na pagkilos o ng claim. Isumite ang inyong pag-abiso online sa:

- Personal Injury Program sa **[dhcs.ca.gov/PI](https://dhcs.ca.gov/PI)**
- Workers Compensation Recovery Program sa **[dhcs.ca.gov/WC](https://dhcs.ca.gov/WC)**



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[lacare.org](https://lacare.org)**.

Upang matuto pa, tumawag sa **1-916-445-9891**.

Ang programa ng Medi-Cal ay sumusunod sa mga batas at regulasyon ng estado at pederal na may kaugnayan sa pananagutan sa batas ng mga ikatlong partido para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga benepisyaryo. Gagawin ng L.A. Care ang lahat ng mga makatwirang hakbang upang matiyak na ang programa ng Medi-Cal ang panghuling tagabayad.

Kailangan ninyong mag-apply para sa at panatilihin ang iba pang pagsakop sa kalusugan (Other Health Coverage, OHC) na available sa inyo nang libre o na binabayaran ng estado na saklaw. Kung hindi kayo mag-a-apply para sa o hindi ninyo papanatilihin ang libre o binabayaran ng estado na OHC, tatanggihan o ipapatigil ang inyong mga benepisyos sa Medi-Cal at/o pagiging karapat-dapat. Kung hindi kayo agad na mag-uulat ng mga pagbabago sa inyong OHC, at dahil dito ay, nakakatanggap kayo ng mga benepisyos sa Medi-Cal na hindi kayo karapat-dapat, maaaring kailanganin ninyong magbayad sa DHCS.

## Abiso tungkol sa pagsasamsam ng ari-arian

Kailangang humiling ng programa ng Medi-Cal ng pagbabayad mula sa mga ari-arian ng ilang partikular na namatay na miyembro ng Medi-Cal mula sa mga pagbabayad na ginawa, kasama ang mga premium sa pinapamahalaang pangangalaga, serbisyo sa pasilidad ng sanay na pag-aalaga, serbisyo sa bahay at komunidad, at nauugnay na serbisyo sa ospital at inireresetang gamot sa namatay na miyembro ng Medi-Cal sa o bago ang ika-55 na kaarawan ng miyembro. Kung ang namatay na miyembro ay walang naiwan na ari-arian o walang pag-aari nang namatay sila, walang magiging utang.

Para matuto pa tungkol sa pagsasamsam ng ari-arian, tumawag sa **1-916-650-0490**. O kumuha ng legal na payo.

## Abiso ng Pagkilos

Magpapadala ang L.A. Care ng sulat ng Abiso ng Pagkilos (Notice of Action, NOA) anumang oras na tumanggi, mag-antala, mag-alis, o magbago ang L.A. Care ng kahilingin para mga serbisyo sa pangangalaga pangkalusugan. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa aming desisyon sa plano, maaari kayong maghain ng apela sa L.A. Care.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

# 6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema

---

May dalawang uri ng problema na maaari ninyong maranasan sa L.A. Care:

- Ang **reklamo** (o **karaingan**) ay kapag mayroon kayong problema sa L.A. Care o sa provider, o sa pangangalagang pangkalusugan o paggamot na natatangap ninyo sa provider
- Ang **apela** ay kapag hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng L.A. Care na saklawin o baguhin ang inyong mga serbisyo

Maaari ninyong gamitin ang proseso ng karaingan at apela ng L.A. Care para ipaalam sa amin ang inyong problema. Hindi nito inaalis ang anumang legal na karapatan at remedyo ninyo. Hindi namin kayo didisriminahan o gagantihan dahil sa pagrereklamo ninyo sa amin. Ang pagpapaalam sa amin ng inyong problema ay makakatulong sa aming mapahusay ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro.

Dapat ay palagi kayong nakikipag-ugnayan muna sa L.A. Care para ipaalam sa amin ang inyong problema. Tawagan kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga holiday sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) para sabihin sa amin ang tungkol sa inyong problema. Hindi nito inaalis ang anumang legal na karapatan ninyo. Hindi kayo didisriminahan o gagantihan ng L.A. Care dahil sa pagrereklamo ninyo sa amin. Ang pagpapaalam sa amin ng inyong problema ay makakatulong sa aming mapahusay ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro.

Kung hindi malulutas ang inyong karaingan o apela, o hindi kayo nasiyahan sa resulta, maaari kayong tumawag sa Department of Managed Health Care ng California (DMHC) sa **1-888-HMO-2219** (TTY **1-877-688-9891**).

Makakatulong din ang Ombudsman ng Pinapaahalaang Pangangalaga ng Department of Health Care Services (DHCS) ng California. Makakatulong sila kung may mga problema kayo sa pagsali, pagpapalit ng, o pag-alis sa planong pangkalusugan. Makakatulong din sila kung lumipat kayo at nagkakaproblema kayo sa paglipat ng inyong Medi-Cal sa inyong bagong county. Maaari ninyong tawagan ang Ombudsman Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. sa **1-888-452-8609**.

Maaari rin kayong maghain ng karaingan sa inyong county eligibility office tungkol sa pagiging karapat-dapat ninyo sa Medi-Cal. Kung hindi kayo sigurado kung kanino kayo maghahain ng inyong karaingan, tawaga ang L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) at tutulungan namin kayo.

- Para mag-ulat ng maling impormasyon tungkol sa inyong karagdagang insurance sa kalusugan, mangyaring tumawag sa Medi-Cal Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. sa **1-800-541-5555**.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## Mga Reklamo

Ang reklamo (o karaingan) ay kapag mayroong kayong problema o hindi kayo nasisiyahan sa mga serbisyo na natatanggap ninyo mula sa L.A. Care o sa provider. Walang limitasyon sa oras sa paghahain ng reklamo. Maaari kayong maghain ng reklamo sa amin anumang oras sa pamamagitan ng telepono, sulat, o online.

- **Sa pamamagitan ng pagtawag:** Tawagan ang L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga holiday. Ibigay ang numero ng ID ng miyembro, ang inyong pangalan at ang dahilan ng inyong pagrereklamo.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Tawagan ang L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** at humiling na padalhan kayo ng form. Kapag nakuha na ninyo ang form, sagutan ito. Tiyaking mailalagay ninyo ang inyong pangalan, numero ng ID ng miyembro at ang dahilan ng inyong pagrereklamo. Sabihin sa amin kung anong nangyari at kung paano namin kayo matutulungan.

Ipadala ang form sa:

L.A. Care Health Plan  
Appeal and Grievance Department  
1055 West 7<sup>th</sup> Street, 10<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017

### Sa pamamagitan ng fax 213-438-5748

May makukuhang mga form ng reklamo sa tanggapan ng inyong doktor.

- **Online:** Bisitahin ang website ng L.A. Care. Pumunta sa **lacare.org**.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghahain ng inyong reklamo, makakatulong kami sa inyo. Maaari kaming magbigay ng mga libreng serbisyo sa wika. Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Sa loob ng 5 araw ng pagkatanggap ng inyong reklamo, magpapadala kami sa inyo ng sulat na nagpapaalam sa inyo na natanggap na namin ito. Sa loob ng 30 araw, magpapadala kami sa inyo ng isa pang sulat na nagsasabi sa inyo kung paano lulutasin ang inyong problema. Kung tatawag kayo sa L.A. Care para sa karaingan na hindi tungkol sa saklaw sa pangangalagang pangkalusugan, medikal na pangangailangan, o sinusubukan o sinisiyasat na paggamot, at ang inyong karaingan ay nalutas sa dulo ng sumunod na araw ng trabaho, maaaring hindi kayo makatanggap ng sulat.

Kung gusto ninyong magsagawa kami ng mabilisang desisyon dahil maaaring malagay sa panganib ang inyong buhay, kalusugan o kakayahang mag-function sa tagal ng panahon bago malutas ang inyong reklamo, maaaring kayong humiling ng pinabilis (mabilisan) na pagsusuri. Para humiling ng pinabilis na pagsusuri, tawagan kami sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Gagawa kami ng desisyon sa loob ng 72 oras mula pagkatanggap sa inyong reklamo.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## Mga apela

Iba ang apela sa reklamo. Ang apela ay isang kahilingan para sa L.A. Care na magsuri at magbago ng desisyon na ginawa namin tungkol sa saklaw ng hiniling na serbisyo. Kung nagpadala kami sa inyo ng sulat ng Abiso ng Pagkilos (NOA) na nagsasabi sa inyo na tumatanggi, mag-aantala, magbabago, o magtatapos kami ng serbisyo, at hindi kayo sumasang-ayon sa aming desisyon, maaari kayong maghain ng apela. Maaari ring maghain ang inyong PCP ng apela para sa inyo gamit ang inyong nakasulat na pahintulot.

Dapat kayong maghain ng apela sa loob ng 60 araw sa kalendaryo mula sa petsa na natanggap ninyo ang NOA. Kung kasalukuyan kayong nakatanggap ng paggamot at gusto ninyong patuloy na makatanggap ng paggamot, dapat kayong maghain ng apela sa loob ng 10 araw mula sa petsa na ipinadala sa inyo ang NOA, o bago ang petsa kung kailan ihihinto ang mga serbisyo ng L.A. Care. Kapag hiniling ninyo ang apela, pakisabi sa amin na nais ninyong ipagpatuloy ang mga natatanggap na serbisyo.

Maaari kayong maghain ng apela sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, o sa online:

- **Sa pamamagitan ng pagtawag:** Tawagan ang L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga holiday. Ibigay ang inyong pangalan, numero ng ID ng miyembro at ang serbisyong inaaapela ninyo.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Tawagan ang L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** at humiling na padalhan kayo ng form. Kapag nakuha na ninyo ang form, sagutan ito. Tiyaking mailalagay ninyo ang inyong pangalan, numero ng ID ng miyembro at ang serbisyong inaaapela ninyo.

Ipadala ang form sa:

L.A. Care Health Plan

Appeal and Grievance Department

1055 West 7<sup>th</sup> Street, 10<sup>th</sup> Floor

Los Angeles, CA 90017

**Sa pamamagitan ng fax: 213-438-5748**

May makukuhang mga form ng pag-apela sa tanggapan ng inyong doktor.

- **Online:** Bisitahin ang website ng L.A. Care. Pumunta sa **lacare.org**.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghahain ng inyong apela, makakatulong kami sa inyo. Maaari kaming magbigay ng mga libreng serbisyo sa wika. Tawagan ang L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Sa loob ng 5 araw ng pagkatanggap ng inyong apela, magpapadala kami sa inyo ng sulat na nagpapaalam sa inyo na natanggap na namin ito. Sa loob ng 30 araw, sasabihin namin sa inyo ang aming pasya sa apela.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Kung gusto ninyo o ng inyong doktor na magsagawa kami ng mabilisang desisyon dahil maaaring malagay sa panganib ang inyong buhay, kalusugan o kakayahang mag-function sa tagal ng panahon bago malutas ang inyong apela, maaaring kayong humiling ng pinabilis (mabilisan) na pagsusuri. Para humiling ng pinabilis na pagsusuri, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Gagawa kami ng desisyon sa loob ng 72 oras mula pagkatanggap sa inyong apela.

## Ano ang dapat gawin kung hindi kayo sumasang-ayon sa mga pasya sa apela

Kung naghain kayo ng apela at nakatanggap kayo ng sulat mula sa L.A. Care na nagsasabing hindi namin babaguhin ang aming pasya, o hindi kailanman kayo nakatanggap ng sulat na nagsasabi sa inyo ng aming pasya at lampas 30 araw na, maaari kayong:

- Humiling ng **Pagdinig ng Estado** mula sa Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan (Department of Social Services, DSS) at susuriin ng isang hukom ang inyong kaso.
- Humiling ng **Independent Medical Review (IMR)** mula sa Department of Managed Care, at susuriin ng isang tagalabas na tagasuring hindi bahagi ng L.A. Care ang inyong kaso.

Hindi ninyo kakailanganing magbayad para sa isang Pagdinig ng Estado o sa IMR.

May karapatan kayo sa Pandinig ng Estado at IMR. Pero kung nakahiling na kayo ng Pagdinig ng Estado, at tapos na ang pagdinig, hindi kayo maaaring humiling ng IMR. Sa ganitong sitwasyon, ang Pagdinig ng Estado ang susundin.

Ang mga seksyon sa ibaba ay may higit pang impormasyon sa kung paano humiling ng Pagdinig ng Estado o ng IMR.

## Independent Medical Review (IMR)

Nagkakaroon ng IMR kapag ang sinuri ng isang tagapagsiyasat mula sa labas na walang kaugnayan sa inyong planong pangkalusugan ang inyong kaso. Kung gusto ninyo ng IMR, dapat muna kayong maghain ng apela sa L.A. Care. Kung wala kayong mababalitaan mula sa inyong planong pangkalusugan sa loob ng 30 araw sa kalendaryo, o kung hindi kayo nasisiyahan sa pasya ng inyong planong pangkalusugan, maaari kayong humiling ng IMR. Dapat kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 6 na buwan mula sa petsa sa abiso na nagsasabi sa inyo ng desisyon sa apela.

Maaari kayong makakuha kaagad ng IMR nang hindi muna naghahain ng apela. Maaari itong gawin sa mga kaso kung saan ang inyong kalusugan ay nasa agarang panganib.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## 6 | Pag-uulat at paglutas ng mga karaingan

Narito kung paano humiling ng IMR. Ang salitang “karaingan” ay para sa mga “reklamo” at “apela”:

Responsibilidad ng Department of Managed Health Care ng California na pangasiwaan ang mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kayong karaingan laban sa inyong planong pangkalusugan, dapat muna kayong tumawag sa inyong planong pangkalusugan sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) at gamitin ang proseso ng paghahain ng karaingan ng inyong planong pangkalusugan bago makipag-ugnayan sa departamento. Magagamit pa rin ninyo ang anumang potensyal na legal na karapatan o remedyo na available sa inyo kahit na gamitin ninyo ang pamamaraan ng karaingan na ito. Kung kailangan ninyo ng tulong sa karaingan na may kaugnayan sa isang emergency, isang karaingan na hindi pa kasiyasiyang nalutas ng inyong planong pangkalusugan, o isang karaingan na 30 araw nang hindi pa nalulutas, maaari ninyong tawagan ang kagawaran para sa tulong. Maaari din kayong maging karapat-dapat para sa isang Independent Medical Review (IMR). Kung karapat-dapat kayo para sa IMR, magsasagawa ang proseso ng IMR ng isang walang kinikilingang pagsusuri ng mga medikal na pasya na ginawa ng pangangalagang pangkalusugan na nauugnay sa medikal na pangangailangan ng isang iminumungkahing serbisyo o paggamot, mga pasya tungkol sa saklaw para sa mga paggamot na sinusubukan o sinisiyasat pa lang, at mga hindi pagkakaunawaan sa pagbabayad para sa mga serbisyong medikal na pang-emergency o kinakailangan kaagad. Ang departamento ay mayroon ding walang bayad na numero ng telepono (**1-888-466-2219**) at isang TDD na linya (**1-877-688-9891**) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng departamento na **dmhc.ca.gov** ay may mga online na form para sa reklamo, form ng aplikasyon para sa IMR at tagubilin.

---

## Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong kasama ng mga tao mula sa DSS. Tutulong ang isang hukom para malutas ang inyong problema. Maaari lang kayong humiling ng Pagdinig ng Estado kung nakapaghain na kayo ng apela sa L.A. Care at hindi pa rin kayo masaya sa naging pagpapasya o kung hindi kayo nakatanggap ng pagpapasya sa inyong apela pagkatapos ng 30 araw, at hindi kayo humiling ng IMR.

Dapat kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw mula sa petsa sa abiso na nagsasabi sa inyo ng desisyon sa apela. Maaaring ang inyong PCP ang humiling ng Pagdinig ng Estado para sa inyo gamit ang inyong nakasulat na paghintulot at kung makakakuha siya ng pag-apruba ng DSS. Maaari rin ninyong tawagan ang DSS para hilingin sa Estado na aprubahan ang kahilingan ng inyong PCP para sa Pandinig ng Estado.

Maaari kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng pagtawag o koreo.

- **Sa pamamagitan ng pagtawag:** Tawagan ang DSS Public Response Unit sa **1-800-952-5253** (TTY **1-800-952-8349**).



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Sagutan ang form na ibibigay kasama ng inyong abiso ng paglutas ng apela. Ipadala ito sa:

California Department of Social Services  
State Hearings Division  
P.O. Box 944243, MS 09-17-37  
Sacramento, CA 94244-2430

Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghiling ng Pagdinig ng Estado, makakatulong kami sa inyo. Maaari kaming magbigay ng mga libheng serbisyo sa wika. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Sa pagdinig, ibibigay ninyo ang inyo panig. Ibibigay namin ang aming panig. Maaaring umabot ito nang hanggang 90 araw para makapagpasya ang hukom sa inyong kaso. Kailangang sundin ng L.A. Care ang mapagpapasyahan ng hukom.

Kung gusto ninyong magsagawa ng mabilisang desisyon ang DSS dahil maaaring malagay sa panganib ang inyong buhay, kalusugan o kakayahang mag-function sa tagal ng panahon bago ang Pagdinig ng Estado, maaaring makipag-ugnayan kayo o ang inyong PCP sa DSS at humiling ng pinabilis (mabilisan) na Pagdinig ng Estado. Dapat ay gumawa ng desisyon ang DSS nang hindi lalampas sa 3 araw ng trabaho pagkatapos nitong matanggap ang inyong kumpletong file ng kaso mula sa L.A. Care.

---

## Pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso

Kung naghihinala kayo na ang isang provider o tao na nakakatanggap ng Medi-Cal ay nandaya, nag-aaksaya, o nang-abuso, karapatan ninyong iulat ito sa amin.

Kabilang sa pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso sa provider ang:

- Pamemeke ng mga medikal na talaan
- Pagrereseta ng mas maraming gamot kaysa pangangailangang medikal
- Pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na higit sa medikal na kinakailangan
- Billing para sa mga serbisyong hindi ibinigay
- Billing para sa mga propesyonal na serbisyo nang hindi isinasagawa ng propesyonal ang serbisyo

Kabilang sa mga pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso ng taong nakakatanggap ng benepisyo ang:

- Pagpapautang, pagbebenta, o pagbibigay ng ID card sa planong pangkalusugan o Card ng Pagkakakilanlan para sa Mga Benepisyo (Benefits Identification Card, BIC) ng Medi-Cal sa ibang tao



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.



## 6 | Pag-uulat at paglutas ng mga karaingan

- Pagkuha ng mga katulad o parehong paggagmot o gamot mula sa mahigit isang provider
- Pagpunta sa emergency room kahit hindi ito emergency
- Paggamit ng Social Security Number o numero ng ID sa planong pangkalusugan ng ibang tao

Para mag-ulat ng pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso, isulat ang pangalan, address at numero ng ID ng taong gumawa ng pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso. Bigyan kami ng mas maraming impormasyon hangga't makakaya tungkol sa tao, gaya ng numero ng telepono o espesyalidad kung isa itong provider. Ilagay ang mga petsa ng mga pangyayari at ang buod ng eksaktong kaganapan.

Ipadala ang inyong ulat sa:

L.A. Care Health Plan  
Special Investigations Unit  
1055 West 7<sup>th</sup> Street, 10<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017

Maaari rin ninyong tawagan ang Compliance Helpline sa **1-800-400-4889**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, i-email ang impormasyon sa **ReportingFraud@lacare.org**, o iulat ang impormasyon online sa **lacare.ethicspoint.com**.

Lahat ng pag-uulat ay maisasagawa nang walang pagkakakilanlan.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

# 7. Mga mahalagang numero at salita na dapat malaman

---

## Mahalagang numero ng telepono

- Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care  
L.A. Care Member Services **1-888-839-9909** (TTY **711**).
- 24-Oras na Nurse Advice Line ng L.A. Care  
L.A. Care's 24-Hour Nurse Advice Line **1-800-249-3619** (TTY **711**)
- Compliance Helpline ng L.A. Care  
L.A. Care Compliance Helpline **1-800-400-4889**
- Mga Resource Center para sa Pamilya/Komunidad ng L.A. Care  
L.A. Care Family/Community Resource Centers – **1-877-287-6290**
- Resource Center para sa Pamilya ng L.A. Care – East L.A.  
L.A. Care Family Resource Center – East L.A. **1-213-438-5570**
- Resource Center para sa Pamilya ng L.A. Care - Boyle Heights  
L.A. Care Family Resource Center – Boyle Heights **1-213-294-2840**
- Resource Center para sa Pamilya ng L.A. Care - Inglewood  
L.A. Care Family Resource Center – Inglewood **1-310-330-3130**
- Resource Center para sa Pamilya ng L.A. Care - Lynwood  
L.A. Care Family Resource Center – Lynwood **1-310-661-3000**
- Resource Center para sa Pamilya ng L.A. Care - Pacoima  
L.A. Care Family Resource Center – Pacoima **1-213-438-5497**
- Resource Center para sa Pamilya ng L.A. Care - Inglewood  
L.A. Care Family Resource Center – Palmdale **1-213-438-5580**
- Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care/Blue Shield Promise Health Plan – Pomona  
L.A. Care/Blue Shield Promise Health Plan Community Resource Center – Pomona **1-909-620-1661**
- Mga Serbisyo para sa May Kapansanan
  - California Relay Service (CRS) – (TTY **711**)
  - Sprint **1-888-877-5379**



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## 7 | Mga mahalagang numero at salita na dapat malaman

- MCI **1-800-735-2922**
- Impormasyon sa Americans with Disabilities Act (ADA)  
Americans with Disabilities Act (ADA) Information **1-800-514-0301** (TTY **1-800-514-0383**)
- Mag Serbisyo sa Mga Bata
  - California Children's Services (CCS) **1-800-288-4584**
  - Child Health and Disability Prevention (CHDP) **1-800-993-2437** (**1-800-993-CHDP**)
- Mga Serbisyo ng Estado ng California
  - Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS) ng Estado ng California  
California State Department of Health Care Services (DHCS) **1-916-445-4171**
  - Tanggapan ng Ombudsman ng Pinapamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal  
Medi-Cal Managed Care Office of the Ombudsman **1-888-452-8609**
  - Benepisyaryo ng Denti-Cal  
Denti-Cal Beneficiary **1-800-322-6384** (TTY **1-800-735-2922**)
  - Departamento ng Mga Serbisyonang Panlipunan (DSS) ng California  
California Department of Social Services (DSS) **1-800-952-5253**
  - Department of Managed Health Care (DMHC) **1-888-466-2219** (**1-888-HMO-2219**)  
(TDD **1-877-688-9891**)
- Health Care Options:
  - Arabic **1-800-576-6881**
  - Armenian **1-800-840-5032**
  - Cambodian/Khmer **1-800-430-5005**
  - Cantonese **1-800-430-6006**
  - English **1-800-430-4263**
  - Farsi **1-800-840-5034**
  - Hmong **1-800-430-2022**
  - Korean **1-800-576-6883**
  - Laotian **1-800-430-4091**
  - Mandarin **1-800-576-6885**
  - Russian **1-800-430-7007**
  - Spanish **1-800-430-3003**
  - Tagalog **1-800-576-6890**
  - Vietnamese **1-800-430-8008**
  - TTY **1-800-430-7077**



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- U.S. Office for Civil Rights **1-866-627-7748**
- Supplemental Social Income (SSI) ng Social Security Administration  
Social Security Administration Supplemental Social Income (SSI) **1-800-772-1213**
- Los Angeles County - Departamento ng mga Pampublikong Serbisyong Panlipunan:  
Center ng Serbisyo sa Customer  
Los Angeles County - Department of Public Social Services (DPSS):  
Customer Service Center **1-866-613-3777** (TTY **1-800-660-4026**)
- Department of Health Services ng Los Angeles County  
Los Angeles County Department of Health Services **1-213-240-8101**
- Departamento ng Kalusugan ng Isip ng Los Angeles County  
Los Angeles County Department of Mental Health **1-800-854-7771**
- Women, Infant and Children Program (WIC) **1-888-942-9675**



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## Mga salitang dapat malaman

**Agarang pangangalaga (o mga agarang serbisyo):** Mga serbisyong ibinibigay para gumamot ng hindi pang-emergency na sakit, pinsala o kondisyon na nangangailangan ng medikal na pangangalaga. Maaari kayong kumuha ng agarang pangangalaga mula sa wala sa network na provider kung pansamantalang hindi available o maa-access ang mga provider ng network.

**Apela:** Isang kahilingan ng miyembro sa L.A. Care na magsuri at magbago ng pasya na ginawa sa saklaw ng hinilihing na serbisyo.

**California Children's Services (CCS):** Isang programa na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga bata na may edad na hanggang 21 na may ilang partikular na sakit at problema sa kalusugan.

**California Health and Disability Prevention (CHDP):** Pampublikong programa para sa kalusugan na nagbabayad sa mga pampubliko at pribadong provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga maagang pagtataya sa kalusugan para matukoy o maiwasan ang mga sakit at kapansanan ng mga bata. Tinutulungan ng programa ang mga bata na kwalipikado na magkaroon ng access sa regular na pangangalagang pangkalusugan. Maaaring magbigay ang inyong PCP ng mga serbisyo ng CHDP.

**Copayment:** Ang pagbabayad na isinasagawa ninyo, karaniwang sa oras ng serbisyo, bilang karagdang sa bayad ng insurer. Hindi kailangang magbayad ng mga miyembro ng L.A. Care ng mga saklaw na serbisyo, maliban kung mayroon silang bahagi sa gastusin.

**DHCS:** Ang Department of Health Care Services ng California. Ito ang tanggapan ng Estado na nangangasiwa sa programa ng Medi-Cal.

**Direktoryo ng Provider:** Ang listahan ng mga provider sa network ng L.A. Care.

**DMHC:** Ang Department of Managed Health Care ng California. Ito ang tanggapan ng Estado na nangangasiwa sa mga planong pangkalusugan ng pinapamahalaang pangangalaga.

**Espesyalista (o espesyalistang doktor):** Isang doktor na gumagamot sa ilang partikular na uri ng mga problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ang isang orthopedic surgeon ay ang gumagamot sa mga baling buto; ang isang allergist ang gumagamot sa mga allergy; at ang isang cardiologist ang gumagamot sa mga problema sa puso. Sa karamihan ng kaso, kailangan ninyo ng rekomendasyon mula sa inyong PCP upang pumunta sa isang espesyalista.

**Fee-For-Service (FFS):** Nangangahulugan itong hindi kayo nakatala sa pinapamahalaang pangangalaga sa planong pangkalusugan. Sa ilalim ng FFS, kailangang tanggapin ng inyong doktor ang direktang "diretsong" Medi-Cal at bill sa Medi-Cal para sa mga serbisyong natatanggap ninyo.

**Follow-up na pangangalaga:** Regular na pangangalaga ng doktor para matingnan ang progreso ng pasyente pagkatapos ng pagkakaospital o sa panahon ng paggamot.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

**Health Care Options (HCO):** Ang programa na maaaring magtala sa inyo sa o mag-alis sa pagkakatala ninyo sa planong pangkalusugan.

**Hindi kalahok na provider:** Isang provider na ang wala sa network ng L.A. Care.

**Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (Non-Emergency Medical Transportation, NEMT):** Ang transportasyon kapag hindi kayo makakuha ng saklaw na medikal na appointment sa pamamagitan ng kotse, bus, tren o taxi. Binabayaran ng L.A. Care ang pinakamurang NEMT para sa inyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan ninyo ng sasakyan papunta sa inyong appointment.

**Hindi:** ninyo kailangan ng rekomendasyon mula sa inyong PCP para sa ilang uri ng serbisyo, gaya ng pagpapalano ng pamilya, pang-emergency na pangangalaga, pangangalaga ng ob/gyn, o mga sensitibong serbisyo.

Mga uri ng provider ng pangangalagang pangkalusugan:

- Ang audiologist ay isang provider na nagsusuri sa pandinig.
- Ang sertipikadong kumadronang nars ay isang nurse na nangangalaga sa inyo sa panahon ng pagbubuntis at panganganak.
- Ang family practitioner ay isang doktor na gumagamot sa mga karaniwang problema sa kalusugan para sa mga tao na walang pinipiling edad.
- Ang general practitioner ay isang doktor na gumagamot sa mga karaniwang problema sa kalusugan.
- Ang internist ay isang doktor na may espesyal na pagsasanay sa internal na gamot, kabilang ang mga sakit.
- Ang lisensyadong bokasyonal na nurse ay lisensyadong nurse na tumutulong sa inyong doktor.
- Ang tagapayo ay isang tao na tumutulong sa inyo sa mga problema sa pamilya.
- Ang medikal na katulong o sertipikadong medikal na katulong ay hindi lisensyadong tao na tumutulong sa inyong mga doktor na mabigyan kayo ng medikal na pangangalaga. Ang mid-level practitioner ay isang pangalan na ginagamit ng mga provider ng pangangalagang pangkalusuganm gaya ng mga nurse na kumadrona, assistant ng doktor o nurse practitioner.
- Ang nurse anesthetist ay isang nurse na nagbibigay sa inyo ng anesthesia.
- Ang manggagamot na nars o katulong na doktor ay isang taong nagtatrabaho sa klinika o sa tanggapan ng doktor na nagda-diagnose, gumagamot at nangangalaga sa inyo, sa mga limitasyon.
- Ang obstetrician/gynecologist (ob/gyn) ay isang doktor na nangangalaga sa kalusugan ng babae, kabilang ang panahon ng pagbubuntis at panganganak.
- Ang occupational therapist ay isang provider na tumutulong sa inyong ibalik ang mga pang-araw-araw na kakayahan at aktibidad pagkatapos ng sakit o pinsala.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## 7 | Mga mahalagang numero at salita na dapat malaman

- Ang doktor para sa bata ay ang gumagamot sa mga bata mula sa pagpapakapananak hanggang sa maging tinedyer.
- Ang physical therapist ang provider na tumutulong sa inyong ibalik ang lakas ng inyong katawan pagkatapos ng sakit o pinsala.
- Ang podiatrist ay isang doktor na nangangalaga sa inyong mga paa.
- Ang psychologist ay isang taong gumagamot sa inyong mga problema sa kalusugan ng isip pero hindi nagrereseta ng mga gamot.
- Ang rehistradong nurse ay isang nurse na may mas higit na pagsasanay kumpara sa lisensyadong bokasyonal na nurse at isang taong may lisensya na magsagawa ng ilang gawain kasama ng inyong doktor.
- Ang respiratory therapist ay ang provier na tumutulong sa inyong paghinga.
- Ang speech pathologist ay ang provider na tumutulong sa inyong pananalita.

**Hindi-medikal na transportasyon:** Ang transportasyon kapag naglalakbay papunta at paalis sa appointment para sa saklaw na serbisyo ng Medi-Cal na pinapahintulutan ng inyong provider.

**Hospisyo:** Ang pangangalaga para sa pagpapababa ng pisikal, emosyonal, panlipunan, at ispiritwal na pagbalaisa ng miyembro na may sakit na nagtatanging sa buhay (hindi inaasahang mabuhay ng mahigit 6 na buwan).

**Iba pang saklaw sa kalusugan (Other Health Coverage, OHC):** Ang iba pang saklaw sa kalusugan (Other Health Coverage, OHC) ay tumutukoy sa pribadong insurance sa kalusugan. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang medikal, pangngipin, pampaningin, parmasya at/o mga karagdagang plano ng Medicare (Part C at D).

**Insurance sa kalusugan:** Ang saklaw na seguro na nagbabayad para sa mga gastusin sa medikal at operasyon sa pamamagitan ng pagbabayad sa nakaseguro para sa mga ginastos mula sa sakit o pinsala o pagbabayad nang direkta sa provider ng pangangalaga.

**Kalahok na ospital:** Isang lisensyadong ospital na may kontrata sa L.A. Care para magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro sa panahon na nakakatanggap ang isang miyembro ng pangangalaga. Ang mga saklaw na serbisyo na maaaring ialok ng ilang kalahok na ospital sa mga miyembro ay limitado sa mga patakaran sa pagsusuri sa paggamit at pagsisiguro sa kalidad ng L.A. Care o sa kontrata ng L.A. Care sa ospital.

**Kalahok na provider (o kalahok na doktor):** Ang doktor, ospital, o iba pang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensyadong pasilidad sa pangangalaga, kabilang ang mga pasilidad para sa sub-acute na may kontrata sa L.A. Care na mag-alok ng mga saklaw na serbisyo sa mga miyembro sa panahon na nakakatanggap ang isang miyembro ng pangangalaga.

**Karaingan:** Ang pasalita o nakasulat na pahayag ng miyembro ng hindi kasiyahan tungkol sa L.A. Care, sa provider, o sa kalidad ng pangangalaga o kalidad ng serbisyong ibinibigay. Ang reklamo ay kapareho ng karaingan.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

**Karaniwang pangangalaga:** Mga medikal na kinakailangang serbisyo at pang-iwas sa sakit na pangangalaga, mga well child na pagpapatingin, o pangangalaga gaya ng karaniwang follow-up na pangangalaga. Ang layunin ng karaniwang pangangalaga ay maiwasan ang mga problema sa kalusugan.

**Klinika:** Isang pasilidad na maaaring piliin ng mga miyembro bilang provider ng pangunahing pangangalaga (Primary Care Provider, PCP). Ito ay maaaring alinman sa isang Pederal na Kuwalipikadong Health Center (Federally Qualified Health Center, FQHC), klinikang pangkomunidad, Rural na Health Center (Rural Health Center, RHC), o ibang pasilidad para sa pangunahing pangangalaga.

**Kwalipikadong provider:** Ang doktor na kwalipikado sa larangan ng panggagamot na naaangkop para magamot ang inyong kondisyon.

**Listahan ng piniling gamot (Preferred Drug List, PDL):** Isang listahan ng piniling gamot na inaprubahan ng planong pangkalusugang ito mula sa maaaring iutos sa inyo ng inyong doktor. Tinatawag ding pormularyo.

**Lugar ng serbisyo:** Ang heyograpikong lugar na pinagserserbisyuhan ng L.A. Care. Kabilang dito ang Los Angeles County.

**Malala:** Isang medikal na kondisyong biglaan, nangangailangan ng mabilis na atensyong medikal at hindi tumatagal nang mahabang panahon.

**Malubhang sakit:** Isang sakit o kondisyon na kailangang magamot at maaaring magresulta ng pagkamatay.

**Matibay na kagamitang medikal (Durable Medical Equipment, DME):** Ang kagamitang medikal na kinakailangan at iniaatas ng inyong doktor o iba pang provider. Ang L.A. Care ang nagpapasya kung magrerenta o bibili ng DME. Hindi dapat lalampas sa halaga kapag binili ang halaga ng pagrenta. Sinasaklaw ang pagpapagawa ng medikal na kagamitan.

**Medicare:** Ang pederal na programa ng insurance sa kalusugan para sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda, ilang mas batang may mga kapansanan, at taong may huling-yugtong sakit sa bato (permanenteng paghina ng bato na nangangailangan ng dialysis o transplant ng bato, tinatawag minsan na ESRD).

**Medikal na kinakailangan (o medikal na pangangailangan):** Ang medikal na kinakailangan na pangangalaga ay mahahalagang serbisyo na makatwiran at pumoprotekta sa buhay. Kinakailangan ang pangangalagang ito upang mailayo ang mga pasyente sa pagkakaroon ng malubhang sakit o kapansanan. Pinapababa ng pangangalagang ito ang malalang pananakit sa pamamagitan ng paggamot sa sakit, o pinsala. Para sa mga miyembro na wala pang 21 taong gulang, isinasama sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalaga na medikal na kinakailangan para maayos o matulungan ang pisikal o mental na sakit o kondisyon, kabilang ang problema sa paggamit ng substance gaya ng itinatakda sa Seksyon 1396d(r) ng Title 42 ng United States Code.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.



## 7 | Mga mahalagang numero at salita na dapat malaman

**Medikal sa bahay:** Isang modelo ng pangangalaga na magbibigay ng mas magandang kalidad ng pangangalagang pangkalusugan, magpapahusay ng pamamahala sa sarili ng mga miyembro sa kanilang sariling pangangalaga at magpapababa sa maiiwasang gastusin sa paglipas ng panahon.

**Mga Benepisyo:** Mga serbisyo at gamot na saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa ilalim ng planong pangkalusugan na ito.

### **Mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip:**

- Mga serbisyong outpatient:
  - Mga serbisyo sa kalusugan ng isip (pagtatasa, pagbuo ng plano, therapy, rehabilitasyon at kolateral)
  - Mga serbisyo sa suporta sa gamot
  - Mga serbisyo ng matinding paggamot sa araw
  - Mga serbisyong rehabilitasyon sa araw
  - Mga serbisyo ng pamamagitan sa krisis
  - Mga serbisyo ng pagpapatatag sa krisis
  - Mga serbisyo sa nakaasintang pamamahala ng kaso
  - Mga serbisyo sa therapy sa pag-uugali
  - Matinding pagsasaayos ng pangangalaga
  - Mga matinding serbisyo na nakabase sa bahay
  - Therapeutic na foster care
- Mga serbisyong pantahanan:
  - Mga serbisyong pantahanang paggamot sa nasa hustong gulang
  - Mga serbisyong pantahanang paggamot sa krisis
- Mga serbisyo para sa inpatient:
  - Mga serbisyo ng ospital sa para sa inpatient na may malalang sakit sa pag-iisip
  - Mga serbisyo ng propesyonal sa ospital para sa inpatient na may sakit sa isip
  - Mga serbisyo ng pasilidad na pangkalusugan ng may sakit sa isip

**Mga Freestanding na Paanakan (Freestanding Birth Center, FBC):** Mga pasilidad ng kalusugan kung saan na nakaplanong isagawa ang panganganak malayo sa tinitirahan ng buntis na lisensyado o kung hindi man ay inaaprubahan ng estado para magbigay ng prenatal na paghilab ng tiyan at panganganak o postpartum na pangangalaga at iba pang serbisyong ambulatory na kasama sa plano. Ang mga pasilidad na ito ay hindi mga ospital.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

**Mga hindi gumagaling na kondisyon:** Isang sakit o iba pang medikal na problema na hindi tuluyang gumagaling o mas lumalala sa paglipas ng panahon o dapat magamot para hindi na kayo lumala pa.

**Mga hindi kasamang serbisyo:** Mga serbisyong hindi saklaw ng L.A. Care; mga hindi sinasakop na serbisyo.

**Mga hindi saklaw na serbisyo:** Isang serbisyong hindi sinasaklaw ng L.A. Care.

**Mga inireresetang gamot:** Isang gamot na legal na nangangailangan ng utos mula sa lisensyadong provider para maibigay, hindi katulad ng mga Over-The-Counter (OTC) na gamot na hindi kinakailangan ng reseta.

**Mga naaprubahang provider ng DHCS:** Ang mga provider ng Medi-Cal na maaaring magpahintulot sa NEMT na kinabibilangan ng mga doktor o espesyalista sa pangunahing pangangalaga; katulong na doktor; manggagamot na nars; sertipikadong kumadronang nars; pyhsical therapist; speech therapist; occupational therapist; provider sa kalusugan ng isip o problema sa paggamit ng substance.

**Mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa bahay:** Ang mga provider na nagbibigay sa inyo ng sanay na pangangalaga ng nurse at iba pang serbisyo sa bahay.

**Mga provider ng pangangalagang pangkalusugan:** Mga doktor at espesyalista gaya ng mga surgeon, doktor na gumagamot sa kanser o mga doktor na gumagamot sa mga espesyal na bahagi ngkatawan, at nakikipagtulungan sa L.A. Care o nasa network ng L.A. Care. Dapat ay may lisensya ang mga provider ng network ng L.A. Care para magsanay sa California at magbigay sa inyo ng serbisyo na sinasaklaw ng L.A. Care.

**Mga sensitibong serbisyo:** Mga medikal na kinakailangang serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya, mga impeksyong naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik (Sexually Transmitted Infection, STI), HIV/AIDS, sekswal na pag-atake at pagpapalaglag.

**Mga serbisyo at device para sa habilitation:** Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na tumutulong sa inyong panatilihin, matutunan, o pahusayin ang mga kakayahan at pag-function para sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Kadalasang kailangan ninyo ng rekomendasyon mula sa inyong PCP upang pumunta sa isang espesyalista. Kailangan kumuha ng paunang pag-apruba ang inyong PCP mula sa L.A. Care bago kayo makakuha ng pangangalaga mula sa espesyalista.

**Mga serbisyo ng doktor:** Ang mga serbisyong ibinibigay ng isang taong lisenyado sa ilalim ng batas ng estado na manggamot o osteopathy, hindi kasama ang mga serbisyo na inaalok ng mga doktor habang nasa loob kayo ng ospital na sinisingil sa bill sa ospital.

**Mga serbisyo ng kumadrona:** Ang pangangalaga para sa prenatal, intrapartum, at postpartum, kabilang ang pangangalaga sa pagpapalano ng pamilya para sa nanay at agarang pangangalaga para sa bagong silang na sanggol, na ibinibigay ng sertipikadong kumadronang nars (Certified Nurse Midwife, CNM) at ng lisensyadong kumadrona (Licensed Midwife, LM).



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## 7 | Mga mahalagang numero at salita na dapat malaman

**Mga serbisyo ng maaga at pana-panahong pagsusuri, diagnostic, at paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnosis and Treatment, EPSDT):** Ang serbisyo sa EPSDT ay benepisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 21 taong gulang para matulungan silang manatiling malusog. Kailangang makatanggap ang mga miyembro ng mga tamang checkup sa kalusugan para sa kanilang edad at naaangkop na mga pagsusuri para makita ang mga problema sa kalusugan at magamot nang maaga ang mga sakit.

**Mga serbisyo pagkatapos ng pagpapatatag:** Ang mga serbisyong matatanggap ninyo pagkatapos maging stable ng pang-emergency na medikal na kondisyon.

**Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng outpatient:** Kabilang sa mga serbisyong outpatient para sa mga miyembro na may mga hindi malala hanggang katamtamang kondisyon ng kalusugan ng isip ang:

- Pang-indibidwal o panggrupong pagsusuri at paggamot ng kalusugan ng isip (psychotherapy)
- Sikolohikal na pagsusuri kapag ipinababatid ng klinika na tasahin ang isang kondisyon ng kalusugan ng isip
- Mga serbisyo ng outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay ng gamot sa terapiya
- Pagkonsulta ukol sa sakit sa isip
- Laboratoryo, mga supply, at suplemento ng outpatient

**Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya:** Mga serbisyo para sa pagpigil o pag-antala ng pagbubuntis.

**Mga serbisyo sa pampublikong kalusugan:** Ang mga serbisyo sa kalusugan na nakatuon sa populasyon bilang kabuuan. Kabilang ito ang, bukod pa sa iba, pagsusuri sa sitwasyong pangkalusugan, pagbabantay sa kalusugan, mga pang-iwas sa sakit na serbisyo, pagkontrol sa nakakahawang sakit, pagprotekta at paglilinis sa kapaligiran, kahandaang at pagtugon sa sakuna, at occupational na sakit.

**Mga serbisyong hindi available sa lugar:** Ang mga serbisyo habang ang isang miyembro ay nasaan mang lugar na wala sa lugar ng serbisyo.

**Mga Serbisyong Nasa Komunidad para sa Mga Nasa Tamang Gulang (Community-Based Adult Services, CBAS):** Mga serbisyo para sa outpatient, nakabase sa pasilidad na naghahatid ng sanay na pag-aalaga, serbisyong panlipunan, therapy, personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta sa pamilya at tagapangalaga, mga serbisyo para sa nutrisyon, transportasyon, at iba pang serbisyo para sa mga kwalipikadong miyembro.

**Mga wala sa pormularyong gamot:** Ang gamot na hindi nakalista sa pormularyo ng gamot.

**Miyembro:** Sinumang karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal na nakatala sa L.A. Care na may karapatang makatanggap ng mga saklaw na serbisyo.

**Nagpatala:** Isang tao na miyembro ng planong pangkalusugan at nakakatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

**Network:** Isang grupo ng mga doktor, klinika, ospital, at iba pang provider na nakakontrata sa L.A. Care para magbigay ng pangangalaga.

**Orthotic na device:** Isang device na ginagamit bilang suporta o brace na nakalagay sa labas ng katawan para sumuporta o magtama ng malalang pinsala o sakit sa bahagi ng katawan at na medikal na kinakailangan para sa medikal na paggaling ng miyembro.

**Ospital:** Ang lugar kung saan nakakakuha ng pangangalaga para sa inpatient at outpatient mula sa mga doktor at nurse.

**Pag-alis sa pagkakatala:** Ang pagtigil sa paggamit ng planong pangkalusugang ito dahil hindi na kayo kwalipikado o nagpalit na kayo ng bagong planong pangkalusugan. Kailangan ninyong pumirma ng form na nagsasaad na ayaw niyo nang gamitin ang planong pangkalusugang ito o tumawag sa HCO at umalis sa pagkakatala sa pamamagitan ng pagtawag.

**Paghilab ng tiyan bago manganak:** Ang yugto ng panahon kung kailan nasa ikatlong yugto ng pagbubuntis ang isang babae at maaaring hindi ligtas na ilipat sa oras na iyon sa ibang ospital bago ang panganganak o maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan at kaligtasan ng babae o ng hindi pa naipapanganak na bata ang paglipat.

**Pagpapaospital:** Ang pagpasok ng sa ospital para sa paggamot bilang inpatient.

**Pagpapatuloy ng pangangalaga:** Ang kakayahan ng miyembro ng plan na patuloy na makakuha ng mga serbisyo sa Medi-Cal mula sa kanilang kasalukuyang provider nang hanggang 12 buwan, kung sasang-ayon ang provider at ang L.A. Care.

**Palliative na pangangalaga:** Ang pangangalaga para sa pagpapababa ng pisikal, emosyonal, panlipunan at ispiritwal na pagkabalisa ng isang miyembro na may malubhang sakit.

**Pandaraya:** Isang sinasadyang gawain para manlinlang o magbigay ng maling impormasyon ng isang tao na batid na ang panlilinlang ay maaaring magresulta sa ilang hindi pinapahintulatang benepisyo para sa isang tao o ibang tao.

**Pangangalaga para sa inpatient:** Kapag kailangan ninyong manatili ng magdamag sa ospital o sa ibang lugar para sa medikal na pangangalagang kailangan ninyo.

**Pangangalaga para sa outpatient sa ospital:** Ang medikal o pang-operang pangangalagang isinasagawa sa ospital nang hindi ipinapasok bilang inpatient.

**Pangangalagang outpatient:** Kapag hindi ninyo kailangang manatili ng magdamag sa ospital o sa ibang lugar para sa medikal na pangangalagang kailangan ninyo.

**Pangangalagang pangkalusugan sa bahay:** Ang sanay na pangangalaga ng nurse at iba pang serbisyo na ibinibigay sa bahay.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## 7 | Mga mahalagang numero at salita na dapat malaman

**Pangangasiwa ng mga benepisyo (Coordination of Benefits, COB):** Ang proseso ng pagtukoy kung anong saklaw ng insurance (Medi-Cal, Medicare, komersyal na seguro o ib pa) ang may pangunahing responsibilidad sa paggamot sa at pagbabayad para sa mga miyembro na may higit isang uri ng sakop na insurance sa kalusugan.

**Pang-emergency na medikal na kondisyon:** Isang medikal o mental na kondisyon na may malalang sintomas, gaya ng paghilab ng tiyan bago manganak (pumunta sa paglalarawan sa itaas) o malalang pananakit, na ang isang tao na nakakaunawa ng pangkaraniwang kaalaman sa kalusugan at gamot ay maaaring maniwala na ang hindi pagkuha kaagad ng medikal na pangangalaga ay maaaring:

- Maglagay sa inyong kalusugan o sa kalusugan ng inyong hindi pa naipapanganak na sanggol sa malubhang panganib
- Magdulot ng kapansanan sa function ng katawan
- Magdulot ng hindi maayos na paggana ng bahagi o organ ng katawan

**Pang-emergency na medikal na transportasyon:** Ang transportasyon sa isang ambulansya o pang-emergency na sasakyan papunta sa emergency room para makatanggap ng pang-emergency na medikal na pangangalaga.

**Pang-emergency room na pangangalaga:** Isang pagsusuri na isinasagawa ng doktor (o kawani sa ilalim ng tagubilin ng doktor gaya ng pinapayagan ng batas) para malaman kung mayroon pang-emergency na medikal na kondisyon. Mga serbisyo na medikal na kinakailangang upang maging stable sa loob ng kakayahan ng pasilidad.

**Pangmatagalang pangangalaga:** Ang pangangalaga sa loob ng pasilidad nang lampas sa buwan ng pagpasok.

**Pangunahing pangangalaga:** Pumunta sa “Karaniwang pangangalaga.”

**Pasilidad ng sanay na pag-aalaga:** Isang lugara na nagbibigay ng 24 na oras sa isang araw na pangangalaga ng nurse na mga sinanay na propesyonal sa kalusugan lang ang maaaring magbigay.

**Paunang pag-apruba (o paunang pagpapahintulot):** Kailangan kumuha ng paunang pag-apruba ang inyong PCP mula sa L.A. Care bago kayo makakuha ng ilang partikular na serbisyo. Aaprubahan lang ng L.A. Care ang mga serbisyong kailangan ninyo. Hindi aaprubahan ng L.A. Care ang mga serbisyo mula sa mga hindi kalahok na provider kung naniniwala ang L.A. Care na makakakuha ng katulad o mas naaangkop na serbisyo sa pamamagitan ng mga provider ng L.A. Care. Ang rekomendasyon ay hindi pag-apruba. Kailangan ninyong kumuha ng pag-apruba mula sa L.A. Care.

**Paunang pagpapahintulot (paunang pag-apruba):** Isang pormal na proseso na nag-aatas sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan na kumuha ng pag-apruba upang makapagkbigay ng mga partikular na serbisyo o pamamaraan.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

**Pederal na Kuwalipikadong Health Center (Federally Qualified Health Center, FQHC):** Isang health center sa isang lugar na may kaunting provider ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kayong makakuha ng pangunahing at pang-iwas na pangangalaga sa FQHC.

**Plano ng pinapamahalaang pangangalaga:** Ang planong Medi-Cal na gumagamit lang ng ilang doktor, espesyalista, klinika, parmasya, ospital para sa mga tagatanggap ng Medi-Cal na nakatala sa planong iyon. Ang L.A. Care ay isang plano ng pinapamahalaang pangangalaga.

**Plano:** Pumunta sa “Plano ng pinapamahalaang pangangalaga.”

**Pormularyo:** Isang listahan ng mga gamot o item na nakakatugon sa ilang partikular na pamantayan at inaprubahan para sa mga miyembro.

**Premium:** Ang halagang binabayaran para sa saklaw; halaga ng saklaw.

**Prosthetic device:** Isang artipisyal na device na nakadikit sa katawan para palitan ang nawawalang bahagi ng katawan.

**Provider ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip:** Ang mga lisensyadong indibidwal na nagbibigay ng mga serbisyo para sa kalusugan ng isip at pag-uugali sa mga pasyente.

**Provider ng network (o nasa network na provider):** Pumunta sa “Kalahok na provider.”

**Provider ng pangunahing pangangalaga (Primary Care Provider, PCP):** Ang lisensyadong provider na mayroon kayo para sa karamihan ng pangangalaga sa inyong kalusugan. Tinutulungan kayo ng inyong PCP na makuha ang kailangan ninyong pangangalaga. Ang ilang pangangalaga ay kailangan muna ng pag-apruba, maliban kung:

- May emergency kayo.
- Kailangan ninyo ng pangangalaga ng ob/gyn.
- Kailangan ninyo ng mga sensitibong serbisyo.
- Kailangan ninyo ng pangangalaga sa pagpapalano ng pamilya.

Ang inyong PCP ay maaaring:

- General practitioner
- Internist
- Doktor para sa mga Bata
- Family practitioner
- Ob/gyn
- FQHC o RHC
- Manggagamot na nars



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## 7 | Mga mahalagang numero at salita na dapat malaman

- Katulong na doktor
- Klinika

**Psychiatric na emergency na medikal na kondisyon:** Isang sakit sa pag-iisip kung saan ang mga sintomas ay sapat na ang pagiging malubha o malala para magdulot ng agarang panganib sa inyong sarili o sa iba o agad kayong hindi makapagbigay ng o makagamit ng pagkain, shelter, o pananamit dahil sa sakit sa pag-iisip.

**Reconstructive na operasyon:** Operasyon upang maayos ang mga abnormal na istruktura ng katawan upang mapahusay ang function o gumawa ng normal na hitsura hangga't maaari. Ang mga abnormal na istruktura ng katawan ay ang sanhi ng mga congenital na depekto, abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksyon, mga tumor, o sakit.

**Reklamo:** Ang pasalita o nakasulat na pahayag ng miyembro ng hindi kasiyahan tungkol sa L.A. Care, sa provider, o sa kalidad ng pangangalaga o kalidad ng serbisyong ibinibigay. Ang reklamo ay kapareho ng karaingan.

**Rekomendasyon:** Kapag sinabi ng inyong PCP na maaari kayong makakuha ng pangangalaga mula sa ibang provider. Ang ilang saklaw na serbisyo sa pangangalaga ay kailangan ng rekomendasyon at paunang pag-apruba.

**Rural na Klinikang Pangkalusugan (Rural Health Clinic, RHC):** Isang health center sa isang lugar na may kaunting provider ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kayong makakuha ng pangunahing at pang-iwas sa sakit na pangangalaga sa RHC.

**Sakit na nagtataning sa buhay:** Isang medikal na kondisyon na hindi maaaring mabago at malamang na magdudulot ng pagkamatay sa loob ng isang taon o mas mababa kung magpapatuloy ang sakit sa natural nitong takbo.

**Saklaw (mga saklaw na serbisyo):** Ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay sa mga miyembro ng L.A. Care, na napapailalim sa mga tuntunin, kondisyon, limitasyon at pagbubukod ng kontrata ng Medi-Cal at gaya ng nakalista sa Ebidensya ng Saklaw (Evidence of Coverage, EOC) at ng anumang pagbabago.

**Saklaw sa inireresetang gamot:** Saklaw para sa mga gamot na inirereseta ng provider.

**Sanay na pag-aalaga:** Mga saklaw na serbisyo na ibinibigay ng mga lisensyadong nurse technician at/o therapist sa panahon ng pananatili sa Pasilidad ng Sanay na Pag-aalaga o sa bahay ng miyembro.

**Sertipikadong Kumadronang Nars (Certified Nurse Midwife, CNM):** Isang indibidwal na lisensyado bilang Rehistradong Nars at sertipikado bilang kumadronang nars ng California Board of Registered Nursing. Ang isang sertipikadong kumadronang nars ay pinapahintulatang magsagawa ng mga kaso ng normal na panganganak.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

**Tagapamahala ng kaso:** Mga rehistradong nurse o social worker na tumutulong sa inyong maunawaan ang mga pangunahing problema sa kalusugan at nag-aayos ng pangangalaga sa inyong mga provider.

**Triage (o pagsusuri):** Ang pagtataya ng inyong doktor o nurse na sinanay upang magsuri para sa pagtiyak ng pagiging agaran ng inyong pangangailangan ng pangangalaga.

**Wala sa network na provider:** Isang provider na hindi bahagi ng network ng L.A. Care.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.



# 8. Mga tip para sa mga miyembro ng L.A. Care

---

## Paano makukuha ang inyong mga inireresetang gamot

Maaari kayong bigyan ng inyong doktor ng reseta kapag kayo ay may sakit o may problema sa kalusugan tulad ng mataas na presyon ng dugo o diabetes. Nakabatay ang reseta sa kalagayan ng inyong kalusugan.

### Para sa mga bagong reseta:

Kung plano ninyong kumuha ng reseta sa unang pagkakataon, dapat kayong pumunta sa isang parmasya na nakikipagsosyo sa L.A. Care. Nasa direktoryo ng provider ng L.A. Care ang isang listahan ng mga parmasyang nakikipagtulungan sa inyong planong pangkalusugan. Para makahanap ng parmasya na malapit sa inyo, bisitahin ang aming website sa **lacare.org** o tumawag sa **Mga Serbisyo sa Miyembro** nang walang bayad sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** sa karaniwang oras ng trabaho, Lunes hanggang Biyernes 7 a.m. hanggang 7 p.m. Kung mayroon kayong emergency o agarang problema, may mga kawani kami na makakatulong sa inyo 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo kasama ang mga holiday. O tumawag sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Sa ilang sitwasyon, maaari ka ring kumuha ng supply para sa emergency mula sa isang parmasya.

### Mga muling pagkuha ng mga inireresetang gamot:

Kung muli kayong kukuha ng dati nang reseta, dapat kayong pumunta sa isang parmasya na nakikipagsosyo sa L.A. Care. Maaari rin kayo ngayong makakuha ng supply nang hanggang 90 araw ng pangmentinang gamot sa ilang partikular na lokal na parmasya o sa pamamagitan ng mail order. Upang makakuha ng supply para sa 90 araw, mangyaring hilingin sa inyong doktor na sumulat ng reseta para sa supply para sa 90 araw, nang may mga muling pagkuha, para sa inyong pangmentinang gamot. Nakikipagsosyo ang L.A. Care sa mga parmasya sa buong Los Angeles County upang ialok ang serbisyong ito.

### Mail order na parmasya:

Upang makakuha ng hanggang 90-araw na supply ng inyong pangmentinang gamot na ipapadala sa inyong bahay o trabaho, dapat ninyong gamitin ang mail order na parmasya ng L.A. Care Health Plan. Mangyaring tumawag sa **Mga Serbisyo sa Miyembro** nang walang bayad sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** para maipadala sa inyong bahay ang isang application form ng mail order na parmasya. Mahahanap ninyo ang application form ng mail order na parmasya sa Internet sa **lacare.org**.

- Pumunta sa "For Members" (Para sa Mga Miyembro)



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Sa ilalim ng Mga Serbisyong Pangmiyembro sa kaliwa, mag-click sa “Pharmacy Services” (Mga Serbisyo ng Parmasya)
- Mag-scroll pababa sa pahina ng Pharmacy Services hanggang makita ang seksyong may pamagat na, “An online option to order prescriptions” (Isang online na opsyon upang mag-order ng mga inireresetang gamot)
- Mag-click sa Mail Order Pharmacy Form at sundin ang mga tagubilin.

### **Ang mail order ay isang opsyonal na serbisyo kung pipiliin ninyong gamitin ito.**

#### **Espesyalidad na Parmasya:**

Maaaring iatas sa inyo ng L.A. Care na kumuha ng ilang gamot para sa espesyalidad sa pamamagitan ng aming mga kinontratang espesyalidad na parmasya na bihasa na sa pangangasiwa ng mga espesyalidad na gamot.

- Ang mga espesyalidad na parmasya ay may mga sumailalim sa masusing pagsasanay na clinician at kawani para makapagbigay sa mga miyembro ng naka-personalize na suporta para sa kanilang mga sakit at kumplikadong problema sa kalusugan.
- Available lang ang mga espesyalidad na gamot nang hanggang isang buwang supply dahil sa kanilang mataas na halaga at paggamit.
- Magpapadala ang mga espesyalidad na parmasya ng mga espesyalidad na gamot sa inyong bahay.
- Ang mga espesyalidad na gamot na dapat na sinu-supply ng partikular na espesyalidad na parmasya ay nakalista sa listahan ng mga saklaw na gamot, na kilala bilang pormularyo.
- Makikita ninyo ang pormularyo sa **lacare.org**.
  - Pumunta sa “For Members” (Para sa Mga Miyembro)
  - Sa ilalim ng Mga Serbisyong Pangmiyembro sa kaliwa, mag-click sa “Pharmacy Services” (Mga Serbisyo ng Parmasya)
  - Ang aming Medi-Cal Formulary ay nakalista sa ilalim ng “Resources” (Mga Mapagkukunan)

#### **Paano makakakuha ulit ng gamot sa parmasya:**

1. Pumili ng kakontratang parmasyang malapit sa inyo.
2. Dalhin ang inyong reseta sa parmasya.
3. Ibigay ang reseta sa kawani ng parmasya kasama ang inyong ID card ng miyembro ng L.A. Care. Matutulungan nito ang parmasya na makumpleto ang inyong reseta.
4. Tiyaking ibigay sa parmasya ang inyong tamang address at numero ng telepono.
5. Tiyaking alam ng parmasya ang tungkol sa lahat ng gamot na iniinom ninyo at anumang mga allergy na maaaring mayroon kayo sa anumang gamot.
6. Kung may mga tanong kayo tungkol sa inyong (mga) reseta, tiyaking tanungin ang pharmacist.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

**Hindi dapat hingan ng bayad ang Mga Miyembro ng Medi-Cal para sa mga inireresetang gamot. Kung isa kayong miyembro ng Medi-Cal at hiniling sa inyong magbayad para sa reseta, tawagan ang L.A. Care sa 1-888-839-9909 (TTY 711).**

Kung mayroon kayong emergency o problemang nangangailangan ng agarang atensyon, mayroon kaming kawaning makakatulong sa inyo nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo kasama ang mga holiday. O tumawag sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

### **Ano ang isang pormularyo?**

Gumagamit ang L.A. Care ng isang listahan ng mga naaprubahang gamot na tinatawag na "pormularyo." Sinusuri ng isang committee ng mga doktor at pharmacist ng L.A. Care ang mga gamot na idadagdag o aalisin sa pormularyo kada tatlong (3) buwan. Ang mga gamot ay maaaring idagdag sa pormularyo kapag ang lahat ng mga ito ay ang mga sumusunod:

- Inaprubahan ng Food and Drug Administration (FDA)
- Pangkaraniwang tinatanggap na ligtas at mabisa.

Kadalasan, inirereseta ng inyong PCP ang mga gamot mula sa pormularyo ng L.A. Care. Magreseta lang ang inyong PCP ng gamot batay sa kalagayan ng inyong kalusugan, at kung kailangan ng gamot upang mapabuti ang inyong kalusugan. Maaari kayong tumawag sa L.A. Care upang humingi ng isang kopya ng pormularyo sa inyong wika, malalaking letra, audio, o ibang alternatibong format. Maaari ninyo ring tawagan ang L.A. Care para sa isang listahan na naghahambing ng lahat ng pormularyo sa planong pangkalusugan.

### **Mga gamot na may brand name/generic**

Ang isang generic na gamot ay may parehong aktibong sangkap katulad ng sa may tatak na bersyon ng gamot. Ang mga generic na gamot ay naaprubahan ng Food and Drug Administration (FDA) at kadalasang mas mababa ang halaga kaysa sa mga gamot na may pangalang tatak. Ibinibigay ang mga generic na gamot, maliban na lang kung may dokumentadong medikal na dahilan na nagbabawal sa paggamit ng generic na bersyon o kung walang generic na gamot para sa branded na gamot. Dapat makipag-ugnayan ang inyong doktor sa L.A. Care upang makakuha ng pahintulot na magbigay ng gamot na may tatak.

### **Anu-anong gamot ang sinasaklaw?**

Makukuha mo ang mga sumusunod na gamot at ibang mga bagay kapag ang mga ito ay inireseta ng inyong doktor at may pangangailangang medikal:

- Mga gamot na kailangan ng reseta na nakalista sa pormularyo ng L.A. Care
- Mga gamot na hindi kailangan ng reseta o nabibili nang walang reseta (tulad ng mga syrup para sa ubo, mga cough drop o aspirin) na nakalista sa pormularyo ng L.A. Care



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Mga supply na pormularyong pangdiyabetiko: insulin, mga karayom para sa insulin, mga strip sa pagsusuri ng glucose, mga lancet at mga kagamitan sa pagtusok ng lancet, mga sistema ng pagbibigay sa pamamagitan ng pen, mga pangsubaybay sa asukal sa dugo kabilang ang mga pansubaybay ng may kapansanan sa paningin, at mga ketone na testing strip para sa ihi
- Mga inaprubahan ng FDA na pangkontrol ng pagbubuntis, pill sa pagkontrol ng pagbubuntis, diaphragm, condom at jelly na pangontra sa pagbubuntis na nasa pormularyo ng L.A. Care
- Pang-emergency na pangontra sa pagbubuntis
- Mga EpiPen, peak flow meter at spacer

### Anu-anong gamot ang hindi sinasaklaw?

- Mga gamot mula sa parmasyang wala sa network, maliban sa mga gamot na kailangan dahil sa isang emergency
- Mga gamot na wala sa pormularyo, maliban kung may pahintulot mula sa L.A. Care sa pamamagitan ng paunang pagpapahintulot
- Mga gamot na may katangiang pansubok o pansiyasat, maliban kung nailalapat ang lahat ng sumusunod:
  - Hindi magagamot ng kumbensyonal na therapy ang nilalayong kondisyon
  - Hindi mapipigilan ng kumbensyonal na therapy ang progresibong kapansanan o maagang pagkamatay
  - Ang iminumungkahing provider ng gamot ay may rekord ng kaligtasan at tagumpay na kapareho o mas mabuti kumpara sa mga provider ng iba pang pansubok o pansiyasat na gamot
  - Ang sinisiyasat na gamot ay ang pinakamurang item na nakakatugon sa mga pangangailangan ng miyembro at mas mura kumpara sa mga naaprubahang alternatibo
  - Hindi ibinibigay ang gamot bilang bahagi ng pananaliksik na pag-aaral
  - May makatwirang ekspektasyon na ang pansubok/pansiyasat na gamot ay kapansin-pansing mapapahaba ang buhay ng miyembro, maibabalik o mamimentina ang mga function na kinakailangan sa mga aktibidad na kinakailangan sa pang-araw-araw na pamumuhay

Ang pansubok/pansiyasat na gamot ay nangangailangan ng paunang pagpapahintulot. Kung kayo ay pinagkaitan ng isang pansubok o pansiyasat na gamot, may karapatan kayong humiling ng isang Independent Medical Review (IMR). Maaari kayong matuto pa tungkol dito sa seksyong “Pag-uulat at paglutas ng mga problema” ng handbook na ito.

- Mga pampagandang gamot, maliban kung inireseta para sa mga kondisyong pangangailangang medikal
- Mga gamot na ginagamit para sa layunin ng paggamot sa erectile dysfunction at o sexual dysfunction
- Mga produkto para sa pagdidiyeta o nutrisyon na wala sa pormularyo, maliban kapag pangangailangang medikal o para sa paggamot ng Phenylketonuria
- Anumang iniiniksiyong gamot na hindi medikal na kinakailangan at hindi inireseta ng isang doktor



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## 8 | Mga tip para sa mga miyembro ng L.A. Care

- Mga pampabawas ng ganang kumain, maliban kung pangangailangang medikal para sa labis na katabaan
- Mga pamalit sa mga nawala o nasirang gamot na hindi hihigit sa dalawang (2) beses sa bawat taon sa kalendaryo (mula Enero hanggang Disyembre)
- Mga gamot sa pagkabaog

### **Pang-emergency na pangontra sa pagbubuntis (“Plan B”)**

Maaari kayong makakuha ng mga pang-emergency na gamot na pangontra sa pagbubuntis mula sa:

- Ang Inyong PCP
- Isang parmasya na may reseta mula sa inyong PCP, kung kayo ay mas bata kaysa 17 taong gulang
- Isang parmasya nang walang reseta kung kayo ay 17 taong gulang o mas matanda
- Isang parmasyang wala sa network ng L.A. Care. Kung ganito ang inyong kalagayan, maaari kayong pagbayarin para sa serbisyo. Ibabalik ng L.A. Care ang ibinayad mo.
- Isang lokal na klinika sa pagpapalano ng pamilya

Tawagan ang L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) para sa listahan ng mga parmasya na nagbibigay ng mga pang-emergency na gamot na pangontra sa pagbubuntis.

### **Mga gamot na wala sa pormularyo**

Kung minsan, maaaring kailanganin ng inyong doktor na magreseta ng isang gamot na wala sa pormularyo. Dapat makipag-ugnayan ang inyong doktor sa L.A. Care at humiling ng paunang pahintulot upang makakuha ng pahintulot. Upang magpasya kung ang gamot na ito ay sasakupin, ang L.A. Care ay maaaring humingi sa inyong provider ng karagdagang impormasyon. Sa loob ng 24 na oras pagkatapos matanggap ang kahilingan sa paunang pagpapahintulot,

Sasabihin ng L.A. Care sa inyong provider at parmasya kung awtorisado ang gamot. Pagkatapos, ipapaalam sa inyo ng L.A. Care at/o ng inyong provider o parmasya kung sinasaklaw ang inyong gamot o hindi. Kung ang gamot ay inaprubahan, makukuha ninyo ang gamot sa isang parmasya na nakikipagtulungan sa L.A. Care. Kung ang gamot ay hindi inaprubahan, may karapatan kayong iapela ang desisyon. Ang isang “apela” ay kapag gusto ninyong mapag-aralan ang isang desisyon. Maaari kayong matuto pa tungkol dito sa seksyong “Pag-uulat at paglutas ng mga problema” ng handbook na ito.

### **Paano kayo makakakuha ng mga gamot kapag may emergency, pagkatapos ng mga oras ng trabaho at kapag may mga holiday?**

- May access ang mga miyembro ng L.A. Care sa mga parmasyang bukas nang “24 na Oras” na nakikipagtulungan sa L.A. Care at bukas nang 24 na oras, 7 araw sa isang linggo.
- Mahahanap ninyo ang parmasyang bukas nang “24 na Oras” na pinakamalapit sa inyo sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa **lacare.org**.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Maaaring ibigay ng mga parmasyang nakikipagtulungan sa L.A. Care ang inyong mga gamot anumang oras at kapag may emergency.
- Kapag may emergency, awtorisado rin ang inyong pharmacist na magbigay ng gamot para sa tatlong (3) araw o 72 oras upang maiwasan ang pagkaantala ng kasalukuyan ninyong therapy ng inireresetang gamot.

### **Medicare Part D: Saklaw sa iniresetang gamot na para sa mga benepisyaryo na tumatanggap ng parehong Medicare at Medi-Cal**

Ang Medicare ay nangangasiwa ng isang pederal na programa sa inireresetang gamot na tinatawag na Medicare Part D. Kung kayo ay isang benepisyaryo ng Medi-Cal na may Medicare, makukuha ninyo ang karamihan ng inyong mga inireresetang mula sa Medicare. May ilang inireresetang gamot na hindi sakop ng Medicare, pero saklaw ng Medi-Cal, na maaaring makuha sa pamamagitan ng Medi-Cal. Gayunpaman, kung mayroon kayong Medi-Cal na may sakop ng L.A. Care at Medicare Part D kasama ang isa pang planong pangkalusugan, hindi maibibigay ng inyong parmasya ang inyong mga reseta sa Medicare Part D sa inyong saklaw sa L.A. Care Medi-Cal. Mangyaring makipag-ugnayan sa inyong Medicare Part D Plan. Pakitawagan ang L.A. Care para sa karagdagang impormasyon. Para makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa Medicare Part D at para pumili ng isang planong Medicare Prescription Drug Plan, tawagan ang Medicare sa **1-800-633-4227** (TTY **1-877-486-2048**) o pumunta online sa **medicare.gov**.

### **Tulong sa ibang wika at para sa mga taong may kapansanan: Paano ako makakakuha ng tulong?**

#### **Mga nakasulat na materyales sa wika at format na ginagamit ninyo**

May karapatan kayong makakuha ng nakasulat na impormasyon mula sa L.A. Care sa alinman sa mga sumusunod na wika: Spanish, Armenian, Chinese, Farsi, Khmer, Korean, Tagalog, Russian, Vietnamese at English. Maaari rin kayong makakuha ng nakasulat na impormasyon sa malaking print, audio at iba pang format.

#### **Libreng tulong sa pagsasalin**

May karapatan kayo sa mga libreng tulong sa pagsasalin kapag kumukuha ng pangangalagang pangkalusugan. Nag-aalok ang L.A. Care ng libreng tulong sa pagsasalin sa wikang ginagamit ninyo, kasama ang American Sign Language. Available ang tulong na ito 24 na oras sa isang araw, pitong (7) araw sa isang linggo. Dapat ay gumamit kayo ng sinanay na interpreter sa inyong mga pagbisita sa doktor. Ang interpreter ay isang taong ang trabaho ay magsalin ng wika o sign language sa isa pang wika o sign language. Mauunawaan kayo ng inyong doktor, at mauunawaan ninyo ang inyong kalusugan at magagawa ninyong mas pangalagaan ang inyong sarili. Ang mga interpreter ay mga sinanay na propesyonal. Alam nila ang mga salita sa pangangalagang pangkalusugan. Maisasalin nila nang tama ang lahat ng mapag-uusapan sa pagitan ninyo at ng inyong doktor. Papanatilihin nilang pribado ang inyong pakikipag-usap sa inyong doktor. Hindi kayo dapat gumamit ng mga kaibigan, pamilya, o lalo na bata upang magsalin para sa inyo, maliban kung nasa emergency.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## 8 | Mga tip para sa mga miyembro ng L.A. Care

Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care kung kailangan ninyo ng tulong sa pagsasalin. Matutulungan namin kayo sa telepono gamit ang sinasalita ninyong wika at matitiyak naming mayroon kayong interpreter para sa susunod ninyong appointment.

Hakbang 1 Magtakda ng appointment para magpatingin sa inyong doktor

Hakbang 2 Tawagan ang L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) nang hindi bababa sa sampung araw ng trabaho bago ang inyong appointment.

Panatilihing madaling ma-access ang impormasyong ito:

- Inyong pangalan
- Numero ng inyong ID ng miyembro
- Petsa at oras ng inyong appointment
- Pangalan ng doktor
- Address at numero ng telepono ng doktor

Kung mababago o makakansela ang appointment ninyo sa inyong doktor, tawagan kaagad ang L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Ang mga miyembrong may kapansanan sa pagsasalita at pandinig ay maaaring i-dial ang **711** gamit ang TTY na device. luugnay kayo ng numerong ito sa California Relay Service (CRS). Tutulungan kayo ng mga sinanay na operator sa CRS na makipag-ugnayan sa L.A. Care o sa inyong doktor.

### **Impormasyon sa Pag-access para sa Mga May Kapansanan**

Maraming tanggapan at klinikal ng doktor ang nag-aalok ng tulong na mas nagpapadali sa mga medikal na pagbisita. Maaari silang mag-alok ng mga madaling ma-access na espasyo para sa parking, rampa, malalaking exam room , at timbangang magagamit ng taong naka-wheelchair. Makakahanap kayo ng mga doktor na mayroon ng naturang tulong sa Direktoryo ng Provider. Matutulungan rin kayo ng **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care na maghanap ng doktor na makakatugon sa inyong mga espesyal na pangangailangan.

Hindi maaaring ipagkait sa inyo ng tanggapan ng doktor, klinika o ospital ang mga tulong dahil kayo ay may kapansanan. Tawagan kaagad ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care kung hindi ninyo makukuha ang mga serbisyong kailangan ninyo o kung ang mga serbisyong kailangan ninyo ay mahirap kunin.

**Huwag kalimutan: Sabihan ang tanggapan ng inyong doktor kung kakailanganin ninyo ng karagdagang oras o tulong sa panahon ng inyong pagbisita.**



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

## Mga Reklamo

Maaari kayong maghain ng reklamo kung:

- Pakiramdam ninyo ay pinagkaitan kayo ng mga serbisyo dahil sa isang kapansanan o dahil hindi kayo nagsasalita ng English
- Hindi ka makakuha ng tagasaling-wika
- Mayroon kayong reklamo tungkol sa tagasaling-wika
- Hindi kayo makakuha ng impormasyon sa inyong wika
- Hindi natutugunan ang inyong mga pangangailangang pangkultura



Maaari kayong matuto pa tungkol sa paghahain ng reklamo. Pumunta sa seksyong “Pag-uulat at paglutas ng mga problema” ng handbook na ito.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).  
Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.  
Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.





 Walang Bayad: **1.888.839.9909** | TTY 711  [lacare.org](http://lacare.org)

